# *Mga Tanong At Mga Sagot*

Manatili tayong nakatayo pansumandali para sa pananalangin.

Minamahal na Diyos, pinasasalamatan Ka po namin ngayong gabi para sa, una, para kay Jesus Cristo, na aming Tagapagligtas. Pinasasalamatan Ka namin dahil Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pinasasalamatan Ka namin dahil sa mga tao na nananampalataya roon. Lubos kaming nagagalak na mayroon kaming isang Diyos, hindi lamang diyos sa guni-guni, na isang guni-guning diyus-diyosan, guni-guning espiritu; haya't walang anumang guni-guni ukol dito—isang tunay at buhay na Diyos na nabubuhay kasama namin at nasa amin at gumagawa sa pamamagitan namin. Hindi na gumagawa ng rebulto ng Diyos, kundi kami bilang mga buhay na larawan ng Diyos. . . Ang Espiritu Santo, hindi nangungusap sa pamamagitan ng isang rebulto, kundi nagsasalita sa pamamagitan ng isang tinubos na sisidlan—ang Diyos na nahayag sa laman. Talagang pinasasalamatan Ka po namin para rito, ang dakilang Haliging Apoy na sumusunod sa amin, o aming sinusundan Ito, pala, at dahil sa lahat ng mga dakilang pagpapamalas ng iisang Espiritu na ginagawa ang parehong gawa na ginagawa na Nito noon pa man noong naparito Ito sa lupa. Kaydakilang kaaliwan po ang ibinibigay nito sa amin.

2 Nagkatipon kami ngayong gabi, Panginoon, para sa wala nang iba pang layunin kundi upang malaman kung paano at matutunan kung paano, sa pamamagitan ng Iyong tulong, na maging mas mabubuting Cristiano at mas karapat-dapat na mga lingkod para sa oras na ito na aming malapit nang dulugan. Maaari Mo po ba kaming tulungan, Panginoon; kailangan Ka po namin. Sa Pangalan ni Jesus. Amen. (Makakaupo na kayo.)

3 Dahil sa halos tatlumpu o apatnapung tanong, hindi ko—hindi ko alam kung paano ko maiisa-isa ang mga ito. Pinagsumikapan kong mabuti kaninang hapon na tingnan kung maibubuod ko ang mga ito nang normal, pero hindi ko magawa. Pero gusto kong sabihin na gagawin ko ang abot ng makakaya ko para—para sagutin ang mga tanong na ito, dahil magagandang tanong ang mga ito, na nagmumula sa puso ng mga Cristiano. At tunay na nais ko—nais kong gawin ang lahat ng nalalaman ko kung paano sagutin ang mga ito sa madaling maunawaan na pagsagot sa mga ito. At nais kong—nais kong pasalamatan ang Panginoon dahil sa Kanyang lubos na pagtulong kaninang umaga sa pagtulong sa atin na—na makuha ang mga tanong na ito at sa—at sa—sa mga sagot na ibinigay Niya sa atin.

4 Ngayon, napaghalo-halo ko lamang ang lahat ng ito rito, sa palagay ko'y nasa sandaan at limampu pa. At natapos na natin ang mga dalawampu, sa palagay ko, kaninang umaga. At—at kaya ngayon, bago tayo mag-umpisa, gusto ko lamang sabihin na kung gustong makita ninuman ang artikulong ito tungkol sa *A Church Rocks as the Drums Roll*, may ministro ng Presbyterian dito na pinangungunahan ang kanyang kongregasyon sa rock-and-roll, sa isang programa raw para sa—para sa sakramento . . . Hayaan n'yong masilip ko lang ito pansumandali.

5 "Ang mga kabataang miyembro'y umiindayog sa jazz—jazz. Sinakulo ito na itinatanghal ang pagpapako sa krus sa modernong i-d-y-o-m-a, rock-and-roll." Pastor mismo ang nangunguna sa lahat ng mga kabataan doon at tinutugaygay raw ang kuwento ng mga pagpapahirap kay Cristo, ang pagpapako sa krus ay itinatanghal nila sa rock-and-roll at jazz. Buweno . . . Sa Maryland ito. Ngayon, hindi ba't kataka-taka ito?

6 At tapos, narito ang larawan nung mga . . . Sinasabi ko sa inyo kaninang umaga ang tungkol doon sa Beatles, *Return of Beatles*, at hayan ang mga artikulo; basahin n'yo lamang ito mula sa naturang magasin at pati na ang iba't ibang mga bagay. " . . . para bang, nakapagtatag na ng isang bagong relihiyon." Ngayon, ang tagapangasiwa nila . . . Mayroon akong maikling sulat mula sa diyaryo rito. Kung wala kayong oras . . . Kung may gusto sa inyong basahin ang mga ito, o maaari kong ipaskil ang mga ito sa bulletin board, para mabasa n'yo ang mga ito. At gusto ko lang ipakita sa inyo na ang oras na kinabubuhayan natin ay nakakagimbal. Maaaring hindi n'yo ito maunawaan, pero, mga kapatid, sikapin n'yong unawain ito, na kung ano ang mga bagay na ito! Hiniling ko kay Kapatid na Capps, mayroon siyang magandang edukasyon at mas magaling magbasa kaysa sa akin, hiniling ko sa kanya na basahin ang artikulong ito mula sa tagapangasiwa ng Beatles. Maaari mo bang basahin, Kapatid na Capps, sa oras na ito?

7 [Isinasaad na:]

> [Nagtataka mismo sa kanilang sarili ang Beatles at walang makuhang sagot. "Hindi kapani-paniwala, sadyang di kapani-paniwala," sabi ni Derek Taylor, ang opisyal na tagapagbalita ng Beatles. "Narito ang apat na binata mula sa Liverpool. Magaslaw sila, mapamusong sila, bulgar sila, at sinakop na nila ang mundo. Para bang nagtatag sila ng isang bagong relihiyon. Sila'y ganap na anti-Cristo. Ibig kong sabihin, anti-Cristo rin ako, pero napaka anti-Cristo nila na nasisindak ako sa kanila, na hindi madaling bagay. Pero nahuhumaling ako sa kanila. Hindi nga ba't lahat naman? Nahuhumaling ako sa kanilang pagiging lantaran. At ang mga tao na gustung-gusto sila'y yaong mga tao na dapat na magalit nang higit sa lahat. Sa Australia, bilang halimbawa,

sa tuwing dumarating kami sa isang paliparan, para bang si de Gaulle ang lumapag, o kung mas mataas pa, ang Mesiyas. Ang mga daraanang ruta'y siksikan ang mga nakahilera, inihahagis sa gilid ng mga pilay ang kanilang mga tungkod, dumadagsa ang mga maysakit sa kanilang kotse na para bang isang hipo lang mula sa isa sa mga binata'y makapagpapagaling sa kanilang muli, ang matatandang kababaihan ay nakatayo kasama ng kanilang mga apo, at habang dumaraan kami, nakikita ko ang ekspresyon sa kanilang mga mukha.]

["Na para bang may kung sinong tagapagligtas ang dumating at ang lahat ng mga taong ito'y masaya't gumaan ang loob, na para bang ang mga bagay-bagay kahit paano'y magiging mas mabuti na ngayon."]

[Huminto sandali si Taylor at nagsubo ng isang sigarilyo sa kanyang bibig. "Ang tanging natitira na lang para sa Beatles," sabi niya, "ay ang lumibot para magpagaling."]

8 Hindi ba't 'yun ang sinabi Niya? "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba ako. . .?'" Kita n'yo? Ngayon, hindi n'yo ba nakikita na hindi n'yo pala maaaring ilagak ang tiwala n'yo sa mga kampanya ng pagpapapagaling? Hindi n'yo maaaring ilagak ang tiwala n'yo sa anumang klaseng tanda na gaya nun. Ang tanging bagay na mapaglalagakan n'yo ng inyong tiwala ay sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa Biblia. Ngayon, Iglesya, diyan ko mismo sinisikap na panatilihin kayo, mga anak ko. At kung may mangyari sa akin at alisin na ako ng Diyos sa lupang ito, huwag na huwag kayong malilihis. Tandaan n'yo ito nang buong puso n'yo: Manatili kayo sa Salita! Huwag na huwag n'yong iiwan ang Salita na 'yan! Ang anumang salungat Dito, iwan n'yo, kahit na ano pa man ito. Sa ganoon ay mapagkikilala n'yong tama Ito. Kita n'yo?

9 Grabe't isang kampanya ng pagpapapagaling! Makasalanang lalaki na nasisindak maging ang sarili nilang mga tagapangasiwa dahil sa kanilang pagkabulgar, at karumihan, at pagkasalaula; at inihahagis ng mga tao ang kanilang mga saklay sa isang tabi at gumagaling sa pamamagitan ng pagtingin sa mga binatang ito. Napaka karumal-dumal nito, at marumi, at anticristo! Kita n'yo, si Satanas ito sa isang panggagayang kampanya. Kita n'yo? Ginagawa niya ang anumang kayang gawin ng Cristo, pero hindi Niya kayang kumpirmahin ang Salita. Kita n'yo? Kukuha siya ng bahagi Nito rito at bahagi Nito rito, pero hindi niya Ito kayang tanggapin nang buo. Kita n'yo? Hindi niya Ito kayang kunin ng magkakalakip. Kaya nakita n'yo, hindi nakapagtatakang sinabi ng Biblia na halos madadaya ang mismong Hinirang kung maaari: ng espiritu ng anticristo.

10 Ngayon, maging ang sarili nilang tagapangasiwa ng balita rito, kinatawan sa pagbabalita, ay panig siya sa kanila, naniniwala sa kanila, at nagsabi na inaalihan din siya ng ganoon, dahil nahikayat nila siya.

11 Ang ganoong masasamang bagay, ang ganoong. . .Ngayon, hindi n'yo ba nakikita, kababaihan, kung bakit sinisikap kong sabihin sa inyo ang tungkol dito sa pagsusuot ng shorts, pagpapagupit ng buhok, pagpapagupit-lalaki, at mga bagay-bagay. Isa itong espiritu. Isa itong espiritu! Narito mismo sa mga nangungunang magasin natin at sa lahat kung saan ito ipinapakita, rock-and-roll at ganoong mga bagay sa loob ng iglesya. Aba, isa itong disenyo na eksaktong para kay Satanas, at haya't mga iglesya at denominasyon pa mismo.

12 Manumbalik kayo sa Salita, mga anak, nang kasing bilis ng nalalaman n'yo; at huwag na huwag n'yong tangkain na iwan Ito! Manatili kayo mismo sa Salitang 'yan.

Kita n'yo, kung paanong ang espiritung 'yun ng anticristo, kaya nitong magsalita ng mga wika, kayang magpakita ng mga tanda't mga kababalaghan; may kakayahan itong magpagaling ng mga maysakit; may kakayahan itong gawin ang lahat ng mga bagay na ito. Kita n'yo? Iniisip ng mga tao na Diyos ang nilalapitan nila, na ang mga binatang 'yun ay sinugo raw ng Diyos, dahil pinabayaan ng iglesya ang Salita.

13 Kabilang ang mga binatang 'yun sa iglesya. Si Elvis Presley ay isang Pentecostal. Si Pat Boone ay isang Church of Christ. Tingnan n'yo sila na mga kalalakihan, mga Pentecostal, Church of Christ, at lahat ng mga katulad nila na may masasamang espiritu. Si Red Foley, na isang may ginintuang tinig, Church of Christ, inaawit ang mga relihiyosong awitin na walang makatutumbas sa pag-awit niya't pagkatapos rock-and-roll ang kasunod na tinig. Sa kanilang mga bunga ay makikilala n'yo sila. Tingnan n'yo kung anong iglesya sila kabilang. Si Elvis Presley ay miyembro-miyembro ng Assemblies of God. Hayan nga, ginusto 'yun ng bawat isa sa kanila, at ibinigay naman 'yun ni Satanas sa kanila.

14 Hindi n'yo ba nakikita, mga kaibigan, kung paano . . .Huwag kayong magpakaluwag sa Salitang 'yan. Kita n'yo, isang espiritu 'yan na napupunta sa inyo.

15 At sinasabi ko sa kababaihang ito, kapag pinapaseksi nila ang kanilang sarili sa mga bestidang ito, na papananagutin kayo ng Diyos sa pagkakasala ng pangangalunya. Kung pinaniniwalaan n'yong ako bilang 'yang sinasabi n'yo, na lingkod ako ng Diyos, isang propeta, ay pakinggan n'yo ang sinasabi ko sa inyo. Kita n'yo? Hindi n'yo man marahil maunawaan ito, at kung hindi man, ay basta't gawin n'yo lamang kung anong sinasabi ko sa inyo na gawin. Papanagutin ako ng

Diyos sa bagay na ipinapangusap ko. Kita n'yo? Kaya makinig kayong mabuti, at tandaan na ang mga bagay na 'yan ay espiritu.

16 Karaniwan, marahil 'yung tao'y hindi . . . Naaalala n'yo, *ang Diyos ay nababalot ng balat*, na ipinangaral ko kamakailan (kita n'yo, kita n'yo?), ang Diyos na may balat? Ngayon, tatandaan n'yo po, isinugo ang ilan sa atin sa mundong ito para pumasok sa mga dakong ito at para sabihin sa atin ang mga bagay na ito. Kita n'yo? Ang paunang kaalaman ito; ang Diyos ito na nagsasalita, nagpapakita. Kapag hinatulan n'yo ang anumang bagay sa pamamagitan ng laman, aba, inosente sila (tingnan n'yo rito), mabubuting tao, tapat, hindi kayo pagsisinungalingan o anuman. At hayan nga na ang buong bagay na ito'y ang diyablo. Relihiyoso, nagpapasimula pa nga ng malakihang gawain ng pagpapagaling. Kita n'yo? Pero talagang anticristo mismo. Kita n'yo? At mayroong Presbyterian at lahat ng 'yun. Nakikita n'yo sila na mga denominasyon, ang paraan ng paggawa nila, doon mismo sa parehong bagay?

17 Aba, dito sa London, Inglatera, kamakailan lang ay mayroon silang grupo ng rock-and-roll para gumanap na Cristo, at Judas, at lahat ng 'yun, at . . . Tinawag nila si Cristo na "Daddy-o" at bukambibig ang lahat ng mga salitang 'yun sa paraan ng pagsasalita ng kabataang nawala sa katinuan. Kita n'yo? Sinakop na ng mga kabataan ang mundo. Ngayon, alam n'yo na inihula na 'yan ng Biblia: Mga walang utang na loob, walang kabanalan, walang katutubong pag-ibig, mga walang habag, mga mapanirang-puri, suwail sa mga magulang (kita n'yo?), sinasakop na ng kabataan ang mundo, at nangyayari na ito.

18 Nagpunta ako sa isang lugar noong isang araw; pinapatugtog nila itong, isa sa mga luma't, maruming mga jukebox, lahat ng bagay na 'yun. Ni ayaw ko ngang dalhin ang pamilya ko dun. Sabi ko roon sa binibini, "Magkano ang halaga ng pagpapatugtog ng mga rekord na 'yan?"

"Sampung sentimo bawat isa."

"Ilan ba ang maipapatugtog nito sa isang oras?" Sinabi niya sa akin. Sabi ko, "Heto ang pera; hugutin mo ito sa saksakan!"

"Buweno," sabi niya, "Hindi ko puwedeng gawin 'yun. Pumupunta ang mga kabataan dito para patugtugin 'yan."

19 Kaya hindi ako maaaring gumastos ng pera doon; nagpunta ako sa ibang lugar. Kita n'yo? Buweno, panenerbiyusin ka ng ganoong bagay; kakailanganin mong pumunta't kumuha ng ilang pampakalma para inumin matapos mong makapakinig ng ganoong bagay na kabaliwan. Talagang maiirita roon ang isang Cristiano. Kung gusto n'yo ang ganoong klaseng bagay, alam n'yo ba kung anong diperensya sa inyo? Kailangan n'yong maligtas, dahil 'yang kung anong bagay na nasa kaibuturan n'yo ay kumakain ng ibang bagay maliban sa Salita. Nanginginain ito sa . . .

20 Hindi n'yo malulubos-isipin si Jesus na gumagawa ng ganoong mga bagay diba? Malulubos-isipin n'yo ba ang isa sa mga propeta na gumagawa ng ganoong bagay? Hindi n'yo ba nakikita, mga kaibigan, ang buong bagay na 'yun mismo'y sa diyablo. At sinabi ng Biblia kung paanong darating siya sa anyo ng relihiyon at sadyang gagawin mismo ang katulad ng ginagawa ng Cristo. Kita n'yo? Pero ang tanging paraan para makilala n'yo ito, ay hindi pakikianib sa iglesyang *ito*, o pakikianib sa iglesyang *'yun*, kundi ang manatili sa Salita; Siya ang Salita.

21 Ngayon, pagpalain ang bawat isa sa inyo ng Panginoon. Didiretso na tayo sa mga tanong. At ngayon, sa loob ng mga . . . mga isang oras at labinlimang minuto . . . Hindi ko matatapos ang lahat ng mga tanong na ito. Sadyang bunton-bunton. Sa tingin ko'y magagandang tanong ang mga ito. Sadyang magaganda ang mga ito. Aabot lang ako't dadampot ng isa rito at doon habang nagpapatuloy ako. At ngayon . . . sagutin natin ito . . .

Aking . . . Naisip ko ngayong gabi na pupunta lang ako, ipapabasa ang mga ito sa kung sinuman, sasagot ng, "oo" o "hindi," "oo" o "hindi," parang ganoon . . . Pero hindi 'yun pagiging makatarungan sa mga tao. Itinanong nila ang mga tanong na ito para masagot nang maayos ang mga ito. At hindi ko—hindi ko gagawin ang ganoon, dahil sasagutin ko ang masasagot ko; at ang hindi, sasagutin ko naman sa susunod.

22 At ngayon, ako—ako . . . Marahil sa susunod na Linggo, hindi ko pa alam. Sasabihin ko sa inyo; kung matatawagan n'yo si Billy anumang panahon sa pagitan ngayon at Miyerkules . . . Baka kasi aalis kami.

23 Ngayon, heto ang isang bagay. Masyadong natatambakan na ako sa mga panayam. Ipinakita ni Billy sa akin ang isang tambak ng mga panayam na *ganoon* nang kataas, na naghihintay, ang ilan sa kanila, buwan at buwan na rin ang itinagal. Buweno, habang narito ako, kailangan ko nang maasikaso ang ilan sa mga ito, makapunta sa ilang mga pagtitipon, gawin ang lahat ng magagawa ko para medyo mabalanse ito. Mananalangin ako sa sanlinggong ito habang wala ako at sasangguni sa Panginoon, "Kung ano ba ang ibig Niyang ipagawa sa akin, tapusin kaya ang mga ito o—o tumanggap ng panayam?" Kung tatanggap ako ng panayam, kung ganoon nga'y tatakbo ako . . . uuwi ng Linggo at magpapaunlak ng tuluy-tuloy na panayam sa kung saang lugar, at itutuloy sa buong araw ang mga panayam. At kung hindi naman, siyanga't, kakailanganin kong ipagpaliban ang mga panayam hanggang sa makabalik akong muli. Kung hindi, kung ganoon sasagutin ko . . . aking . . . padadalhan kayo ni Billy ng card.

24 At sinasabi ko sa inyo; kay inam, ng mga kalugud-lugod na kabataang ito, na sabihin sa inyo kung gaano nila kagusto

ang isa't isa, ang pagmamahal na mayroon sila para sa isa't isa. Sasabihin ng isa dun sa isa at sasabihin nung isa . . . Tumatawag lang si Billy ng isa sa isang lugar, na mga sandaan at limampung milya ang sakop, at 'yung iba'y magkukusang tumawag doon sa iba pa. Mahal nila ang isa't isa. Ayaw nilang may mapalampas na anuman. Kanilang . . . gusto nilang narito sila bawat minuto para tingnan kung anong nangyayari; dahil kung magkakaloob ng isang bagay ang Panginoon, gusto nilang narito sila para tanggapin ito. At nalulugod ako sa kanila.

25 Ngayon alalahanin n'yo, mga minamahal na kaibigan, kaninang umaga nagsabi ako ng pahayag ukol sa ilan sa mga tanong. At napansin kong ang ilan sa mga ito (siyanga!) heto, na natanggap ko kaninang umaga, ay karamihan tungkol sa paglipat ng mga tao sa Arizona. Kita n'yo? Naisip ko na aking . . . mabuting linawin ko 'yun, para maunawaan n'yo.

26 Ngayon, huwag—huwag n'yong isipin na sinusubukan kong sabihin sa mga tao kung saan sila maaaring manirahan, at kung anong maaari nilang gawin, at . . . Ngayon, hindi ko sinasabi 'yun, minamahal kong kapatid. May mga tapat na tao na gustong lumipat doon. Buweno, ang sinumang gustong lumipat, akin ngang—ngang ikagagalak ito, hangga't naroon ako, habang naroon ako . . . Narito ako ng halos sampung beses na mas malimit kaysa sa naroon ako. Mayroon akong . . . Sa pagitan nga ngayon at Pasko, may halos apat na araw ako para mamalagi roon. Tapos agad-agad pagkatapos nun, luluwas na ako para mangibayong-dagat. Pupunta ako rito sa tabernakulo nang marahil dalawa o tatlong linggo bago ako lumuwas sa ibang bansa sa isang—isang rebaybal, na kadalasang ginagawa ko ng tagsibol. At pagkatapos mula roon, mayroon lang akong isang pagtitipon sa buong Arizona, at sa Enero 'yun sa Phoenix, dalawang gabi kasama ng Christian Business Men.

Kita n'yo? Hindi ako . . . kung ang mga tao *riyan*, um, puwede n'yo bang baliktarin 'yang teyp? [Hiniling ni Kapatid na Branham na patayin ang teyp rekorder habang kinakausap niya ang kongregasyon. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

27 Ngayon, habang mag-uumpisa na tayo sa mga tanong na ito ngayong gabi, dadampot ako ng isa rito at . . . Nasisiyahan ba kayo sa mga ito? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa tingin ko kapaki-pakinabang ito para sa atin sa oras na ito. At, naniniwala akong maya-maya . . . Tinitingnan ko kaninang umaga bago nagpunta rito ang ilang—ilang teksto at ilang dako sa Biblia, sa isip-isip ko, "Oh, magiging napakainam na bagay nito . . . Habang hinihintay natin ang Pagdating ng Panginoon, kay inam na bagay na magbalik-tanaw roon sa lahat ng mga tauhan ng Lumang Tipan, kay Job at sa iba pa, at magdaos ng sunud-sunod na pagtitipon na tatalakayin sila (hindi ba't magiging kay inam nun?), para lang maipakita sa inyo kung paanong tumitipo sila

mismo sa panahong ito (magkakadugtong ang buong Salita), at ang lahat ng tungkol sa mga pagkawasak ng—at ng sinaunang mga panahon at kung paanong tumitipo ang mga 'yun sa panahong ito; kung paanong ang lahat sa Lumang Tipan ay pumapatungkol sa pagdating ng Panginoong Jesus."

**279.** Ngayon, ang unang tanong na nabunot ko rito: **Kapatid na Branham, mali ba para sa isang Cristiano na lagyan—lagyan ang buhok niya ng mga pin curl na ipit? Ganoon din, ano po ba ang dapat na haba ng kanyang manggas? Salamat. Isang kapatid na babae.**

28 Ngayon, 'yan ay. . .napakahalaga nito sa babaing 'yun. Ngayon, para sa ilan sa atin na mga kapatid na lalaki'y maaaring isipin natin, "Oh, simpleng-simpleng babae." Pero—pero hindi 'yun simpleng bagay sa kanya; gusto niyang malaman.

Ngayon, tungkol sa paglalagay sa buhok ng kung anong bagay na 'yun, na tirintas na pigtail o kung ano? Pasensya na po. Hindi ko—hindi ko . . . Ito . . . Pasensya na. Mga pin curl. Pasensya na po. Mga pin set, tirintas na pigtail! Iyon ang isinusuot dati ng mga kababaihan maraming taon na ang nakalipas. Naaalala n'yo pa ba, parang. . .Hindi ba't tama 'yun? Tinawag nila 'yun na tirintas na pigtail, na parang mga kulot na nakalaylay? Hindi, mga pin curl na ipit, paumanhin po, mga kaibigan.

29 "Ano po ba ang dapat na haba ng manggas?" Hindi ako—hindi ako makaisip ng anumang bagay tungkol dun. Hindi ko alam. Kita n'yo? Ang hindi ko masuportahan sa pamamamagitan ng Biblia, ayaw kong—ayaw kong magsalita ng marami tungkol dito.

30 Ngayon, sinasabi ko lamang ito sa inyo sa ganang akin, dahil wala naman akong Kasulatan para suportahan ito. Ang tanging bagay lang na mayroon ako para sa mga binibini tungkol sa kanilang buhok ay huwag itong gupitan. Kung paano nila ito gustong igayak, nasa kanila na 'yun. At tungkol naman sa mga pin curl na ipit, sa totoo lang, hindi ko alam kung ano ang mga 'yun, maliban na ito'y mga bagay na mukhang pang-ipit ng sinampay na ginagamit nila sa kanilang buhok, siyanga't 'yan lang—'yan lang ang bagay na nalalaman ko . . .

31 At tungkol sa haba ng manggas, sa tingin ko, bilang isang Cristiano, sasabihin na sa inyo ng Diyos kung anong gagawin tungkol sa mga bagay na 'yan. Kita n'yo? Naniniwala akong bilang isang Cristiano na inyong—inyong malalaman ang tungkol sa kung paano ang gagawin diyan. Sa palagay ko hindi naman nagbibigay ang Diyos ng kung anong tabas na haba o kung anuman. Hangga't disente kayo at mukhang kagalang-galang at malinis, sa tingin ko—sa tingin ko ay ayos na 'yun. Hindi ba? Kita n'yo? Ngayon, opinyon ko lang 'yan. Ngayon, ako lang ito, kita n'yo, dahil wala akong maisusuporta na kung anuman sa Kasulatan.

32 Naniniwala akong kaninang umaga may naitanong tungkol sa pagkukulay ng buhok, alam n'yo, na—na kukulayan. Ngayon, ako—ako . . . ito . . . wala akong—wala akong masasabi na anuman tungkol doon. Hindi ko alam, anupa't wala akong—akong—akong—akong Kasulatan para sabihin na huwag—huwag n'yong kulayan ang buhok n'yo. Ngayon, 'yun ay—'yun ay . . .

Kayong kababaihan, gusto n'yong nagmumukhang kaaya-aya, at dapat lamang kayong magmukhang kaaya-aya. At hindi laban sa inyo na mga anak si Kapatid na Branham. Mga anak ko kayo; mahal ko—mahal ko—mahal ko kayo, at ayaw kong—ayaw kong pagalitan kayo. Hindi ko—hindi ko gagawin 'yun para sa wala. Sinisikap ko lamang na tulungan kayo.

33 Pero ngayon, tingnan n'yo, hayaan n'yo lang akong tanungin . . . Hayaan n'yo akong sabihin ito bilang sagot sa tanong na 'yun. Ngayon, handa na ba kayo? At sa inyo na nasa teyp, heto po, mga kapatid na babae: Kung may alinlangan kayo rito, huwag n'yo nang gawin. Pero kung kayo'y—kung kayo'y puspos ng Espiritu ng Diyos at napangungunahang gawin ito, hangga't hindi ito lumalabag sa Kasulatan at hindi lumalabag sa isang tanong, na kayo'y lubos na nasisiyahan na 'yan ang kalooban ng Panginoon, kung ganoon sige lang at gawin n'yo ito (kita n'yo?), dahil walang Kasulatan na magsasabing "hindi" (kita n'yo?) tungkol dito. Hindi ko . . . Walang sinasabing anuman na gaya nun sa Biblia.

34 Alam kong ang Isaias 5, naniniwala akong 'yun ito, nagsasaysay ito tungkol sa kababaihan, kung papaanong magsusuot sila ng papalit-palit na kasuotan at lahat na gaya nun; pero pumapatungkol 'yun sa pagmamataas at mga bagay-bagay, pagbabalat-kayo. Kung ginagawa n'yo 'yun bilang pagmamataas, kung ganoon ay mali 'yun. Kita n'yo? Siyasatin n'yo ang inyong puso sa harapan ng Diyos. Kung walang Kasulatan para dun, at ganoon ang paraan ng pangunguna ng Espiritu sa inyo, sige lang at gawin n'yo ito. Pero ngayon, pagdating sa kung dapat bang magkaroon kayo ng mahabang buhok o maiksing buhok, magpahaba kayo ng buhok; ang Biblia na 'yun.

35 May tanong dito; marahil aking—aking sasagutin na ito ngayon. Narito ito; nakita ko 'yun kaninang umaga o kung kailan. Sabi, "Palagi ka na lang may nasasabi tungkol sa kababaihan, kung paanong hindi dapat ganoon ang ayos ng kanilang buhok, pero wala kang sinasabi na anuman tungkol sa kalalakihan."

36 Kung makakita ako ang isang lalaki na pupunta rito na may mahabang buhok na nakalaylay abot sa kanyang likuran na parang babae, sasabihan ko, "Ginoo, bakit hindi ka pumunta sa barbero? Mukha ka nang babae." Kita n'yo? Pero hindi naman 'yun karaniwang ginagawa ng kalalakihan. Kita n'yo? Hindi 'yan

dahil ang kalalakihan. . .Ngayon, hindi 'yan dahil sa palaging tama ang kalalakihan, sila nga'y nasusumpungang may sala rin gaya ng kababaihan.

At siyanga pala, ang isang lalaking hahayaan lang ang kanyang asawa na gawin 'yun, siya'y dobleng may sala sa bagay na ito, dahil siya dapat ang may karapatang magpasya sa bahay. At ang lalaking 'yun ay ni walang kakayahan na pamahalaan ang sarili niyang bahay; paano pa niya magagawa 'yun sa bahay ng Diyos? Kita n'yo?

37 Labis akong nagpapasalamat para sa grupo natin ng mga kababaihan na dumadalo rito. Sinasabi ko ito na may paggalang at pag-ibig, at ngayon, batid ng Diyos na ito ang katotohanan. Dati akong—dati akong may kaibigan na mangangaral doon sa Timog na may isa sa pinakamalinis-tingnan na simbahan na nakita ko kailanman. Haya't pagdating sa kababaihan, ang pinaka magagandang kababaihan na nakita ko kailanman ay nakaupo roon na napakabanal nila, maka-Diyos, may mahahabang buhok. At noon pa ma'y hinahangaan ko na ang pagpunta sa simbahang 'yun. At binigyan ako ng Panginoong Jesus ng isang iglesya ngayon dito na nahigitan pa 'yun ng sandaang milya: ang aking kababaihan.

38 Hindi ko kayo pinagsasabihan para magmalupit; ako'y lubos lamang na nagagalak para sa inyo. Ayaw ko lang na maipasok ni Satanas ang isang paa niya saanman. Kita n'yo? Ibig kong sumulong kayo paitaas, hindi paurong. Huwag n'yong kailanman pababayaan na malinlang kayo ninuman sa pamamagitan ng kung anu-anong mga pang-akit, o kung anong bagay na tulad nun, o may kung sino na magsasabi, "Oh, buweno, hindi ito. . ." Kita n'yo? Sa ganoong paraan ipinaliwanag ni Satanas ang Salita kay Eba. Kita n'yo? Paniwalaan n'yo ang sinasabi lamang ng Salita. Buweno.

**280. Napakahalaga. Kapatid na Branham, yamang nalalaman na patapos na ang panahon at papasimula na ang walang hanggan, ano ba ang magiging payo mo para sa isang magkasintahang nagbabalak nang magpakasal?**

39 Ituloy n'yo lang at magpakasal kayo. Kita n'yo? Magpatuloy lang na para bang kayo'y mabubuhay pa sa loob ng sandaang taon pa rito sa lupa. Magpatuloy lang; ipanatili n'yong nakatuon ang puso n'yo kay Cristo, hindi ang mga puso n'yo sa mga bagay na ito ng mundo, kundi kay Cristo. Kita n'yo? Magpatuloy lang; magpakasal, mga anak. Pagpalain kayo ng Diyos sa inyong mga pagpapakasal.

**281. Minamahal na Kapatid na Branham, nabautismuhan na ako sa Pangalan ni Jesus. Sinasabi ng Salita na tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Ang ibig ba nitong—ang ibig ba nitong sabihin ay bautismo, ng Espiritu Santo, o ibig bang sabihin nito'y dapat akong makatanggap ng**

**kaloob. . .tiyak. . .Dapat ba akong makatanggap ng isang tiyak na karanasan sa bautismo? Nasasabik ako na—na mapuspos ng—ng Espiritu. Pagpasensyahan mo na po ang mahabang sulat dahil matagal ko nang gustong itanong sa iyo ang tanong na ito. Salamat.** At isinulat nung tao ang pangalan nila. Sila'y mga taga-ibang bayan.

40 Ngayon, hayan po ang isang magandang tanong. Ngayon, ang bautismo ng Espiritu Santo ay isang tiyak na karanasan na dapat matanggap ng isang tao. Ngayon hayaan n'yong linawin ko 'yan pansumandali. Kita n'yo? Ngayon, maraming tao ang may—may hinuha. . .Naniniwala akong pilipit ito. At marahil dito mismo sa iglesya at sa iglesyang nakikinig, marahil may katanungan. Ngayon, kapag sinasabi ko na hindi ako naniniwala na ang paunang katibayan ng Espiritu Santo ay ang pagsasalita ng mga wika (hindi ko—hindi ko 'yan tanggap) naniniwala kasi ako sa tulong ng Diyos na mapapatunayan ko ito sa Biblia na mali 'yun (kita n'yo?), dahil ang pagsasalita ng mga wika ay isang kaloob ng Espiritu Santo. Ilan ang nakakaalam nun? Ang Makalangit na pagpapagaling ay isang kaloob ng Espiritu Santo, at heto't ginagawa na ito ng Beatles. Kita n'yo?

41 Kayang gayahin ni Satanas ang aliman sa mga kaloob na 'yun. Kayang gawin ng mga mangkukulam, ng mga salamangkero na makapagsalita sa iba't ibang wika at ipaliwanag ito. Sa mga lupaing kagubatan, madalas nakakapagsalita ng mga wika ang isang salamangkero, iinom ng dugo mula sa bungo ng tao, at bibigyang-interpretasyon ang mga di-kilalang wika.

42 Doon sa Arizona kapag nagdaraos sila ng sinaunang baile ng pagsasayaw para sa mais, inililingkis ng mga Indian itong mga ahas na bull snake sa katawan habang sinisikap nilang manalangin sa Diyos na padalhan sila ng ulan para sa kanilang mais. Tinatawag nila itong pagsasayaw para sa mais. Kinukukuha nila ang lamuymoy ng mais, inilalagay 'yun sa palibot nila, at gumagawa ng maliit na ulap, at nagsasayaw sila. At lumalabas 'yung albularyo na may sungay sa kanyang ulo, mga sungay ng kalabaw. At nagsasayaw sila na nakabalot ang mga ahas na bull snake sa katawan nila, at 'yung mga salamangkero't marami sa mga nagbubuga ng usok at mga iba pa na nakapaligid sa lugar. . .Hindi nila pinapayagan na may taong puti roon sa oras na 'yun, hayan nga't pinanood ko sila sa pamamagitan ng largabista, at may mga kaibigang Indian ako na nakapunta na sa mga sayawan nilang 'yun; sila nga'y di Cristiano, siyempre. At isinasayaw nila itong sayaw para sa mais na hawak ang mga ahas na ito. At lalabas ang salamangkero, at hihiwain ang kanyang sarili ng sundang, at lahat ng iba pa, at sa huli'y napapasa-espiritu na sila, at nakakapagsalita ng mga wika't ipinapaliwanag ito.

43 Akin nang. . .aabutin kayo ng tatlo o apat na oras mula ngayon, kung saan may tagapamagitan-ng-espiritu na maglalapag ng isang lapis sa mesa, mawawalan siya ng ulirat at lahat na, at ikakaway ang kanilang mga kamay; tapos tatayo ang lapis na 'yun at magsusulat sa di-kilalang wika, at tatayo 'yung salamangkero at sasabihin sa inyo ang sinasabi nito.

44 Ngayon, hindi 'yun katibayan ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Hindi kayo maaaring dumepende roon. Hindi kayo maaaring dumepende sa bunga ng Espiritu, dahil ang unang bunga ng Espiritu ay pag-ibig. At ang Christian Science ay mas gumaganap ng mas lalong maraming pag-ibig kaysa sa sinumang kilala ko, at haya't itinatatwa nila na si Jesus Cristo ay Diyos. Kita n'yo? May isang katibayan lang ng Espiritu Santo na alam ko, at 'yun ay isang dalisay na pananampalataya sa ipinangakong Salita ng panahon!

45 Ngayon, dumating ang mga Judiong 'yun; may mas lalong marami silang relihiyon kaysa sa kamit ng mga alagad. Mas may kasanayan sila sa mga Kasulatan kaysa sa mga alagad, dahil ang mga alagad ay mga mangingisda lang, mga maniningil ng buwis, at kung ano pa. At may tunay silang pananampalataya at dalisay na pananampalataya sa bagay na ginagawa nila. Ngayon, makinig po kayong mabuti; huwag n'yong palampasin ito! Kita n'yo? Pagdating sa pagiging mga bunga ng Espiritu, mabait at maamo, sa palagay ko wala ni isa man sa mga saserdoteng 'yun ang di kayang higitan si Jesus Cristo pagdating sa bagay na 'yun. Siya nga'y nagpunta noon sa templo, may dalang tinirintas na mga lubid, tinitigan sila nang may galit, at pinagtataob ang kanilang mga mesa, at itinaboy ang mga tao palabas nung lugar. Tama ba? Sinabi ng Biblia na tinitigan Niya sila nang may galit. Sinabi 'yun ng Biblia. Ganoon nga mismo.

46 Kaya kita n'yo, ang mga saserdoteng 'yun ay malumanay, maamo, maunawain na kalalakihan. Pagdating sa mga bunga ng Espiritu, sila'y makapagpapakita ng mas lalong marami na bunga ng Espiritu kaysa sa maipapakita ni Jesus. Pagdating sa teolohiya, hindi nila alam. . .kung may eskuwelahan ba Siyang pinanggalingan. "Saan ba nanggaling ang lalaking ito? Saan kaya Siya nagmula? Anong card ng pakikisama ang mayroon siya? Anong organisasyon ang kinabibilangan niya? Hindi natin alam kung saan siya nagmula. Isa lamang siyang ganap na itinakuwil na ipinanganak sa isang ilehitimong kapanganakan. Aba, maaari namin siyang hamakin dito nang kaunting minuto lang at ipakita sa inyo sa pamamagitan ng mga kautusan. . ." May karapatan silang gawin kung ano ang kadalasang ginagawa nila pagdating sa bagay na 'yun. Bakit? Dahil nabigo silang makita na Siya ang ipinangakong Salita na 'yun para sa oras na 'yun. Ang tanging paraan na nakilala nila ito, noong ipinakita ni Jesus ang Salita sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila kung anong nasa puso nila, kung ano ang mga pinaggagagawa nila. . .

Isa Siyang Propeta batay sa Salita ng Diyos. Ang Kanyang sinabi ay natutupad, bawat salita, salita sa salita.

47 Siya'y Propeta ng Diyos, Lingkod, o ang Diyos na Propeta. Hindi. . . Yun nga'y—nga'y—nga'y bago 'yun, ang propeta ng Diyos, at ito yaong Diyos na Propeta, hindi propeta ng Diyos. Yun sina Malakias, Jeremias, at Isaias, at Elias, at iba pa, pero ito yaong Diyos na Propeta, hindi ang propeta ng Diyos. Nakukuha n'yo na ba?

Lahat ng mga propeta'y ipinakita ang Kanyang buhay bilang mga bahagi, ginampanan ang kanilang bahagi, pero heto't nasa Kanya ang Kapuspusan ng lahat ng mga propeta. Ang mga propeta, ang Salita ng Panginoon ay dumating sa kanila, na mga propeta, pero Ito mismo ang Salita at ang Propeta, iisang Persona. Kita n'yo?

48 Ngayon, ngayon, kapag tinanggap ng isang tao si Cristo sa paraan kung ano Siya, siyanga't hindi mo ito matanggap bilang. . . Kita n'yo? Ngayon, sinasabi ng ilang tao, "Buweno, isa akong Lutheran." Buweno, wala naman akong anumang laban doon, pero hindi roon nanginginain ang mga Agila. Kita n'yo? Hanggang doon lang; 'yun 'yung sariwang pagkain noong panahon na 'yun.

"Isa akong Wesleyan." Ayos lang 'yun, pero nabubuhay kayo sa nakalipas. Kita n'yo?

Ngayon, ang sabi ng mga taong 'yun, "Aba, si Abraham ang aming ama."

Sabi ng propetang 'yun, "May kakayahan ang Diyos na magpabangon sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham." Kita n'yo?

"Kaanib kami sa *ganito*. Kaanib kami sa *ganoon*."

Wala 'yung anumang. . . Ang sabi Niya, "Kayong lahi ng mga ulupong, sinong nagbabala sa inyo na tumakas sa poot? Huwag ninyong simulang sabihin, 'Si Abraham ang aming ama,' dahil magagawa ng Diyos na makapagpabangon sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham." Kita n'yo?

49 Kaya ang pagiging bihasang teologo ay walang kinalaman dito. Ang pagiging mapagpakumbaba at maamo ay walang kinalaman dito. Anong nagpaging iba sa Kanya? Siya ang Salitang nagkatawang-tao, hindi ang Salita para sa panahon ni Moises, si Moises ang para dun sa panahong 'yun, ang Salita; hindi ang Salita para sa mga araw ni Noe, si Noe ang Salita para sa panahong 'yun; hindi ang panahon. . . ang Salita para sa panahon ni Elias, si Elias ang Salita para sa panahong 'yun; anupa't Siya ang pangkasalukuyang panahon na Salita, at nabubuhay ang mga taong 'yun sa nagdaang panahon.

50 Nauulit ang parehong bagay! Yan ang katibayan ng Espiritu Santo, kapag nagpapahayag ang Diyos sa iyo at nakikita mo

itong, GANITO ANG SABI NG PANGINOON at tinatanggap ito. Hindi sa kung ano ka ngayon, kung ano ka noon, o anuman tungkol dito, ito'y kung ano ang ginawa ng Diyos para sa inyo ngayon. Hayun ang katibayan.

51 Sabi ni Jesus. . . Ibinibigay Niya sa atin ang katibayan ng Espiritu Santo, Juan 14. Ang sabi Niya, "Marami pa Akong mga bagay na sasabihin sa inyo. Wala na Akong panahon para gawin ito, ngunit kapag dumating ang Espiritu Santo, sasabihin Niya sa inyo, ipapaalala sa inyo ang mga bagay na sinabi Ko sa inyo, at ipapakita rin sa inyo ang mga bagay na darating." Hindi n'yo ba nakikita? Hayun ang katibayan. Yan nga'y paunang pagsasabi bago pa mangyari at pagiging . . . pagkakaroon ng Makalangit na Kapaliwanagan ng Salitang nasusulat. Ngayon, hindi ba't 'yun ang katibayan ng isang propeta?

52 Ang isang tagakita sa Biblia ay isang tao na kayang magpaunang sabi at ito'y magiging ganap, mismo, hindi 'yung may nagpatong ng mga kamay sa kanya, haya't isang kaloob 'yan. Ang isang propeta'y itinalaga na noong una pa lang at ipinanganak upang maging isang propeta. Kita n'yo? Sa buong buhay ay isa na itong propeta, 'yun nga'y isang tungkulin. Diyan nga ang mga tao'y . . .

53 Marami sa mga tanong dito ang tungkol sa: "Buweno, ang Nobya ba . . . ?" "*Ito* ba . . . ?" "Ang iglesya at . . . " Kita n'yo? Hindi n'yo—hindi n'yo maaaring pagbaha-bahagiin kung ano sila. Ang Nobya ay ang Hinirang ng Diyos. Ang iglesya ay dadaan . . . Yun ang sinasabi Nito na, "Ang may ibig, ay lumapit." Pero ang Nobya ay ang Hinirang ng Diyos.

54 May limang tungkulin na hinirang ang Diyos. "Sapagkat ang Diyos ay naglagay sa Iglesya ng mga apostol, mga propeta, mga guro, mga pastor, mga ebanghelista." Ginawa 'yun ng Diyos. Ang tao ay may mga diakono, at iba pa, at lahat na ng iba pa, pero nakita n'yo, haya't naglagay ang Diyos sa Iglesya para sa ikasasakdal ng Iglesya; hindi ito maaaring paghiwa-hiwalayin.

55 Ngayon, ang Espiritu Santo, kapag dumating Ito, Ito'y isang saksi sa inyo (kita n'yo?) na tama ang Salitang ito, itong Salita para sa panahong ito, hindi yaong Salita para kay Luther, ang Salita, hindi para kay Moises. Nasaksihan natin na Ito'y ang Katotohanan, pero ito'y sa ibang panahon.

56 Ngayon, paano kung darating si Jesus at nagsabi, "Ngayon, kung paanong inilabas kayong lahat ni Moises mula sa Egipto, dumating naman Ako na dinadala kayo sa ibang lugar"? Ano kaya kung ang sinabi Niya, "Halina't gumawa tayo at magtayo ng isang daong. Ako—Ako ang Panginoong Diyos, Akin—Aking palulutangin ang mundo palayo ngayon. Lulunurin ko ang mundo, lahat sila"? Aba'y, wala Siya mismo sa . . . Kita n'yo, hindi kailanman sinabi ng Kasulatan na darating Siya na katulad nun. Kita n'yo? Hindi sana Siya ang Mesiyas. Kahit

gaano pang karaming daong ang itayo Niya, o ano pa man ang ginawa Niya. Hindi pa rin Siya. . . Hindi sana Siya naging kuwalipikado sa pagiging Mesiyas. Hallelujah! Hayan nga! Ito'y kuwalipikasyon! Siyanga, po!

57 Ganito ang sinasabi ng Unang Mga Taga-Corinto 13: "Kapag ang sakdal ay dumating, ang bahagi lamang ay magwawakas." Kaya ang lahat ng mga bagay na ito na patalon-talon nang taas-baba gaya ng isang bata, sinusubukang magsalita ng iba't ibang wika, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, kapag ang sakdal. . . At mayroon nga tayo ngayon, sa tulong ng Diyos, ng sakdal na interpretasyon ng Salita na may Makalangit na pagpapatibay! Kung magkagayon ang bahagi lamang ay magwawakas. "Nang ako'y bata pa, nagsasalita akong gaya ng bata, nag-iisip akong gaya ng bata; pero nang maging ganap ang aking pagkatao, iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata." Amen! Haya't napupunta na po ako sa pangangaral at hindi ko na tuloy nadadakuan ang mga bagay na ito.

**282. Kapatid na Branham. . .** (Natapos ko ba 'yun? Natalakay ko ba nang mainam ang tungkol sa bautismo ng Banal na. . . Oo, 'yun na ang lahat, hindi ba? Buweno. Paumanhin, kung hindi ko 'yun nailatag maigi, patawarin n'yo po ako. Ako. . . Napakagagandang tanong ng mga ito. Sadyang makakapanatili ka nang buong magdamag sa isang tanong lang, kapatid, at tapos ni hindi mo man lang ito napahapyawan.) **Pinahahalagahan kita bilang isang lingkod ng Diyos, ang paniniwala. . . at naniniwala ako sa Mensahe ng Katotohanan. Ayaw makinig sa akin ng maybahay ko. . . kung anu-ano ang sinasabi. . . may nasasabi na kung anu-ano tungkol sa Mensaheng ito, at ayaw makinig sa kahit anong teyp. Ninenerbiyos din ako sa problema ko sa trabaho. Gusto ko ring manampalataya ang asawa ko at ipinapanalangin ang mga anak ko. Kapatid na Branham, ibig kong maging kaibigan ng Diyos. . . Gusto kong masumpungan ang sarili ko sa kalooban ng Diyos sa buhay ko. Gusto kong maging lingkod Niya.** (At isinulat nung tao **"kabila."** Sandali lang po.) **Noong maliit pa ako, sinabi ko sa lahat na gusto kong maging isang mangangaral. Hindi ko alam kung anong ibig ipagawa sa akin ng Diyos. Nakahanda akong gawin ang kahit ano para sa Panginoon. Sumasainyo sa Panginoon.**

58 Ngayon, isang magandang tanong. At sinsero 'yung lalaki. Ang kanyang maybahay, ang kanyang katuwang na bahagi niya. . . Maaari ko bang idagdag ito roon? Mga kapatid ko, sinasabi ko ito sa Pangalan ng Panginoon. Isa sa mga araw na ito, kung loobin ng Panginoon, sa palagay ko itutuloy ko na't gagawin 'yung teyp ukol sa *Pag-aasawa at Diborsiyo* (kita n'yo?) ihahatid ko 'yun dito sa tabernakulo. Kung magpapahiwalay

man ito, sadyang kinakailangan itong maghiwalay. Pero patutunayan natin na ito ang Salita ng Panginoon.

59 Tingnan n'yo, mga kapatid. Pakinggan n'yo ito. Alam n'yo madalas mali ang nakukuha n'yong kasama rito sa lupa? Isang magandang pares ng kulay-kape, o asul, o kulay-abong mga mata aakitin ka sa isang lugar na di mo—na di mo dapat pinakinggan. Napagtatanto 'yan ng maraming kalalakihan.

60 Ang isang lalaking mag-aasawa ay dapat munang idulog ito nang may pananalangin. Hindi ka dapat pumili ng isang babae sa batayan ng pagiging maganda sa panlabas, kundi ang dapat ay maganda sa kalooban, isa na magiging isang nanay sa iyong mga anak.

61 Alam kong hindi maganda para sa isang ministro na sabihin ito sa pulpito. Pero dati akong sumasama-sama sa—sa mga bumibili ng mga baka noong nasa Kanluran pa ako. Bumibili kami ng mga palahiang baka, at 'yung mga taong ito'y gustong magpasimula ng kawan. At marami akong natutunan doon na. . . habang napapansin ko 'yung mga nagsusubasta roon at mga bagay na ginagawa nila, ang mga mamimili roon. Sumasama ako dati sa isang matandang ginoo, na sumasama sa akin dito sa simbahan, at inakay ko siya kay Cristo, isang lubos na walang kinikilalang Diyos sa simula pa lang, si G. Jeverez. Naaalala siya ng marami sa inyo, isang rantsero mula sa Colorado. Pumupunta kami, at papasok sila sa . . . isang baka.

Nakita ko ang isang maliit na palahiang guyang baka isang araw na nabenta ng labing-isang libong dolyar, isang maliit lang na guya; hindi pa siya napalahian. At ang sabi ko . . . at sabi ni Jeff, "Kung may pera lang sana ako, ilalagay ko 'yun sana sa guyang 'yun."

At sa isip-isip ko, "Ngayon, isa siyang rantsero; kabisado niya ang negosyo niya." Sabi ko, "Jeff, bakit mo naman . . . Ano ba ang kuwalipikasyon? Ang baka'y isang Hereford. Ang isang 'yun na nabenta kanina lang ng tatlong daang dolyar, para sa akin, ay mukhang mas malaking guya at lahat na."

62 Sabi niya, "Tingnan mo, Billy, may isang bagay kang hindi nauunawaan sa pagbili ng mga baka." Sabi, "Sa tingin ko dapat na manatili ka na lang sa landas mo sa pangangaral." Haya't ang sabi, "Hindi mo nauunawaan ang bakahan." Sabi niya, "Ngayon, tingnan mo ang guyang 'yun doon." Lumapit kami roon. Sabi, "Nakikita mo ba 'yang mabangis na titig sa mga mata niya?"

Sabi ko, "Oo."

Sabi, "Ang kanyang mga anak, at ang mga apo niya, at ang kanyang apo, ng apo, kaapu-apuhan ay taglay pa rin 'yung mabangis na titig na 'yun." At sabi, "Magiging masasaktin lang sila. Hindi sila kailanman magiging nanay sa kanilang mga anak." At sabi, "Hindi mo sila mapapataba; hindi sila magagawang kakatayin baka." Sabi niya, "Tingnan mo itong

maliit na guya rito na nabenta. Tingnan mo kung gaanong kaamo ang itsura niya. Tingnan mo ’yang payapang itsura sa kanyang mukha, ang ganyang klase ng itsura, walang titig sa mga mata niya.” Sabi, “Magiging tunay siyang nanay sa kanyang mga anak; at ang anak ng kanyang anak, at anak ng anak ay patuloy na magiging ganyan.” At sabi, “Silang lahat ay magiging mga nanay, kung makakakuha sila ng tamang uri ng palahiang toro sa guyang ’yun (kita mo?), na bubuo sa kanilang mga anak. Pero ’yung titig na tingin sa mukha ay laging magdudulot ng isang pangit na kawan ng baka, kung nagtatangkang bumili ng baka ang isang tao.”

Sabi ko, “Ganoon po, pala! Salamat.”

63 At ang bagay na ’yun din ay maitutulad sa mga babae. Kumuha ka ng isa sa kanila na nakapinta ang mukha at mapagtitig na mga mata, na parang nag-iitsurang isang uri ng hayop, na sinisikap na papangitin ang kanyang sarili mula sa pagiging tao, siyanga’t wala siyang mararating. Palagi siyang maggagala-gala. At ang Cristianismo’y hindi kagandahan sa panlabas, ito’y sa panloob: isang payapa, tahimik, nagagayakan ang kanilang sarili sa isang payapa’t, tahimik na espiritu, na napakahalaga sa harapan ng Panginoon. Iyon ang gusto nating hanapin sa kababaihan, at sa lalaki, haya’t kung sino man ito. Ngayon . . .

**283. Kapatid na Branham: Mga Tanong: Dapat bang magsuot ng simpleng alahas ang isang Cristianong babae, gaya ng mga kuwintas o mga perlas?**

64 Buweno, Kapatid na babae, alam ko pong napakahalaga nito sa’yo, at napakahalaga para sa akin na inilalagay mo sa akin ang tiwala mo na sasabihin ko sa iyo ang katotohanan. Ngayon alalahanin, ang sabi ng Biblia, “Kapag naggayak kayo, huwag kayong maggayak ng—ng mamahaling alahas, at mga perlas, at lahat ng klase ng pagsusuot ng mga alahas, kundi ’yun ay maging kagayakan ng isang payapa, at tahimik, at maamong espiritu (na kababanggit ko lang), na napakahalaga sa harapan ng Panginoon.”

65 Ngayon, hindi ko ibig sabihin doon, Kapatid na babae, na kung may isa kang ipit . . . Ngayon, sa akin po ito’t hindi ang Panginoon. Kung mayroon kang ipit na gusto mong suotin, o isang maliit na kuwintas na bigay sa’yo ng asawa mo, o marahil ng iyong . . . isang bagay na gaya nun na isinusuot mo, ngayon, para sa akin, sa palagay ko’y hindi naman ’yun masama. Ngayon, ako lang ito. Ngayon tandaan n’yo, nililinaw ko ang sarili ko; opinyon ko po ito. Siyanga’t sa tingin ko ito’y kumpurme sa saloobin mo rito; ito’y kumpurme sa paraan ng paggawa mo nito. Kita n’yo? Kung ano ba ang motibo sa likod nito. At kapag nakikita mong nagkakaroon na ito ng kontrol sa iyo, kung

ganoon ay iwan mo na ang bagay na 'yun. Ngunit sa tingin ko kung ang suot-suot mo'y ang singsing mo na pangkasal. . .

66 Ngayon, alam kong kayong mga Nazarene, dati-rati'y ni ayaw n'yong bautismuhan ang isang babaing may suot na singsing pangkasal. Kita n'yo? Sa aking—sa aking palagay, di na kailangan pa 'yan. Sa Biblia ay nagsusuot sila ng mga singsing pangkasal, ang itsura nga lang noon ay isang tableta gaya ng tawag nila rito, paikot sa kanilang ulo, may siyam na putol ito ng pilak. Haya't aking. . . para ipakitang kasal na sila. Ngayon, sa tingin ko'y ayos lang 'yun.

67 Kung gustong manamit ng babae at—at gawing mukhang disente ang kanilang sarili, na malinis, mahinhin, aba, sa tingin ko wala namang anuman doon, para sa akin. Pero kapag inilalagay mo na ang bagay na 'yan para gawin itong medyo pagyayabang, kung ganoon ay mali ka na. Dahil nga sa saloobin mo.

68 Naaalala n'yo pa ba mga kababaihan dito kailan lang ay nagkaroon sila nung tinatawag nilang "scandal skirt"? Sa pagkaalam ko'y ilalabas na naman ang mga 'yun, o lumala pa nga. Parang. . . Oo, ang mga 'yun, ay naging "iskandaloso" na, sa halip na, "scandal." Mangyari na nagdaos sila noon ng dula-dulaan hindi pa katagalan. . . Ang mga babae, kabataang kababaihan. . . At mangyari rin, na maging 'yung mga nakatatanda'y ginagawa rin 'yun, dahil gusto nilang lahat na bumata. Hindi kayo na mga kapatirang babae ang tinutukoy ko, ang ibig kong sabihin ay yaong mga kababaihan ng sanlibutan. At pinuputulan nila ang kanilang—kanilang mga palda hanggang sa tumaas nang tumaas, mga isang talampakan ang itinataas sa tuwina, saka magsusuot ng kung anong klase ng damit na panloob para magmukhang maganda. At kapag humakbang sila, napapakita nito mismo 'yung kamison sa loob na may burdadong tela, at lupi-luping tela, o kung ano man ang naroon. Na, alam n'yo na. . .

69 May isang—isang babae na lumapit sa akin, isang Dunkard na binibini, katatanggap lang niya ng Espiritu Santo. Kasapi siya sa Assemblies of God, at sa Fort Wayne, Indiana po ito, kung saan ako ikinasal noon. At nilapitan niya ako, isang mabuting munting binibini, at ang sabi niya, "Kapatid na Branham, may gusto po akong itanong sa iyo."

Sabi, "Sige, Kapatid, ano ba 'yun?"

Sabi niya, "Sa tingin mo ba mali para sa isang babae na—babaing Cristiano na magsuot ng 'scandal skirt'?"

Sabi ko, "Kapatid, mangyari po na hindi ko—hindi ko alam kung ano 'yan. Ano ba ang isang 'scandal skirt'?" Sinabi niya sa akin kung ano 'yun. Aking. . .

Sabi niya, "Ipinapakita kasi nito ang kamison."

70 Sabi ko, “Ano bang—ano bang iniisip ng kababaihan na magbubunsod sa kanya para gustuhin niyang ipakita ang panloob niyang kasuotan sa kung sinong lalaki? Ano bang. . . Anong—anong kaugnayan ng isang babaing Cristiano sa paggawa ng bagay na ganoon? Makikinita mo ba na gagawin ’yan ng isang Cristiano?”

71 Ngayon, tingnan n’yo, ang isang lalaki, walang gaano sa kanya pagdating sa kanyang katawan. At siya, kung maghubad siya ng pang-itaas, siyanga’t—walang iskandalo roon. Hindi ko po kinakatigan ang kalalakihan, pero sila. . . Alam n’yo kung—kung anong klaseng babae ang matutukso ng isang lalaki na nakahubad ang kamiseta at nakasuot ng shorts o kung ano man ang suot niya? Yung malaki’t maskuladong katawan na ’yun, mukha nga itong kagita-gitata at nakakasuka, haya’t. . . nakakakilabot. Kapag makikita ang mga kalalakihang ganoon dito sa labas. . . Buweno, sa tingin ko masusuka ang isang babae kapag nakakita ng ganoong bagay. Kung mayroon siyang. . . Pero ngayon, kumuha ka ng isang babae at gawin mo siyang gaya nun, haya’t iba nang templo ’yun. Naiintindihan n’yo ba? Sige.

72 Pero sa tingin ko pagdating sa isang kuwintas, o. . . Ngayon, kung pupunta kayo na tatadtarin n’yo ang sarili n’yo na parang kapag dadaan kayo sa tindahan ng samot-saring gamit ay parang may nakasuot na magnet sa inyo, sa tingin ko—sa tingin ko n’yan. . . Ipagpaumanhin n’yo, hindi ko sana gustong sabihin ’yun, pero ’yun—’yun nga’y mali.

73 Kung may bagay na nagbunsod sa akin sa unang pagkakataon na maging laban ako sa aking. . . na ikahiya ko ang Amerika, ay ’yung. . . Naroon ako sa Switzerland isang araw, at nakakita ako at si Kapatid na Arganbright ng isang magandang lugar sa may Lausanne kung saan puwede kaming makabili ng isang malaki’t, masarap na steak, na mga *ganito* kalaki, tumitimbang ng halos tatlong-kapat na libra, sa tingin ko, na ang presyo’y mga nasa tatlumpung sentimo sa pera ng Amerika. Oh, parang buhay-hari kami roon! Araw-araw nagpupunta kami roon. At lahat sila roon ay umiinom ng alak, alam n’yo na; hindi kasi masarap ang tubig nila. At hindi ako iinom ng alak na ’yun, kaya nagdala ako ng isang maliit na lalagyan mula sa. . . isang botika na may destiladang tubig. At dala-dala ko ’yung lalagyan na ’yun saanman ako magpunta. Sa palagay ko’y iniisip ng lahat, “Nagbibitbit ang lalaking ’yun ng sarili niyang tatak.” Mangyari na nasa kamay ko ’yun. Nagpunta kami roon sa lugar kung saan ang lahat ay—nagbebenta ng mga steak, at isang araw dumating si *Binibining Amerika*. Parang isang ’28 modelong Chevy, may asong poodle na nakaupo sa kandungan niya’t bitbit ’yun doon, at mayroon siyang sapat na. . . Yung dalawang babae’y may sapat na alahas mula sa tindahan ng samot-sari, naglalakihan, na mahahabang bagay, at mga hikaw, at nakabitin hanggang baba, at kolorete; at kapwa sila singkuwenta anyos,

haya't kasing tanda ko. At iisipin mong gusto nilang maging kinse anyos. Pero ano ba 'yan na pinagpipilitan nilang gawin? Pinagpipilitan pa rin nilang magmaneho sa daan-ng-buhay na nakatingin sa salamin na likod ang kita, nakalingon sa kung ano sila dati.

74 Ngayon, Cristiano huwag mong gawin 'yun. Ang isang Cristiano'y di sumusubok na maging kung ano sila dati; hindi siya nakatingin sa dating pinanggalingan niya, nakatingin siya sa kung saan siya papunta. Kita n'yo, kita n'yo? Kaya huwag mo nang ituon ang pansin mo sa kung ano ka dati; tapos mo nang ipamuhay 'yun. Hindi ka na makababalik pa roon; nakalipas na 'yun. At sinumang tao na nagmamaneho sa daan-ng-buhay na tumitingin-tingin pa sa isang salamin na likod ang kita ay mabubunggo; at ganoon ka nga rin dito sa daang-Cristiano. Huwag kang tumingin sa kung ano ka noon, tumingin ka sa kung anong magiging kalagayan mo. Sabi ni Pablo, "Nililimot ko ang mga bagay na nasa nakaraan, nagtutumulin ako tungo sa mithiin ng dakilang pagtawag."

75 Ngayon, pero ibinubunsod ka na ikahiya. Bitbit-bitbit nila itong maliit, na mabahong aso roon at inilapag 'yun sa mesa! Ngayon, masusuka ang sinuman doon! Haya't nakikipaglaro pa sa asong 'yun doon, pinapaupo ito mismo roon gamit ang kanilang mga kamay, at tapos kakain gamit ang mga kamay ring 'yun! At lalapit sa kanila ang tagapagsilbi, at may ibinulong. Kasama ko si Dr. Guggenbuhl; bigla siyang natawa, at ibinaling ang ulo niya.

Sabi ko, "Anong—anong sabi?"

Sabi, "Sabi nung tagapagsilbi, 'Pakialis po n'yan!'"

Sabi nila, "Hindi, siya ay isang Amerikana; hayaan mo lang siya." Sa madaling salita, "Kulang siya sa kaunawaan." Kita n'yo?

76 Noong nagpunta ako sa Saint Angelo sa Roma (ngayon, naalala ko lang ito), sa Vatican sa Roma, Italya, nagpaskil sila roon ng isang karatula sa Saint Angelo: "Sa mga kababaihang Amerikano: Bago kayo pumasok sa yungib na libingang ito, pakiusap lamang na magsuot kayo ng damit bilang paggalang sa mga yumao"; ang simbahang Katoliko. Kita n'yo?

**284.** Tanong: **Kapatid na Branham, saan naroon ang Nobya kapag sumabog na ang lupa't nasunog? Ito ba'y sa isang lugar na tulad ng mga anak ni Israel na nasa Goshen noong bumuhos ang mga salot? Nasa lupa ba ang Nobya habang nagaganap ito? Kung ganoon, saan? At nasa isang lugar ba ang lahat ng Nobya sa oras ng Pag-agaw?**

77 Ang Nobya, kapag sumabog na ang lupa . . . Ang oras ng Pag-agaw ay ang paggising ng mga patay at pagtitipon-tipon ng mga buhay, para sa . . . kasama ng mga buhay, para maganap ang Pag-agaw. Ngayon, pero ang Nobya . . . Ngayon, kita n'yo, ang isa sa

mga ito'y isang Pag-agaw sa dako pa rito bago ang Milenyum. At kapag nasunog ang lupa ay dito pa lamang pagkatapos ng Milenyum at pagkatapos ng Paghatol sa Puting Luklukan. Kita n'yo? Nakakampo ang mga Banal sa kalaparan ng lupa kapag pinaligiran na ni Satanas ang Bayang iniibig at magpapaulan ang Diyos ng apoy at asupre mula sa Langit at pupuksain ang mga tao. Sige. Ngayon, 'yun nga'y Kasulatan.

**285. Ganoon din, Kapatid na Branham, naniniwala akong dapat na nakapasakop ang isang babae sa kanyang asawa. Pero kung ang isang Cristianong babae ay may asawang lalaki na makasalanan na hindi man lang dumadalo sa isa sa iyong mga gawain...na pumupunta sana sa isa sa iyong mga gawain at ayaw...at gustong ipagawa ang kung anu-anong mga bagay sa kanyang asawang babae, pinagugupitan ang buhok, pinagsusuot ng shorts, at pinapupunta sa masasamang lugar, dapat pa bang magpasakop ang babaing ito sa lalaking ito sa ganitong paraan? Pakipaliwanag po ito nang mas malinaw, dahil sa ito'y isang tanong na madalas na naitatanong.**

78 Hindi, Kapatid na babae, hindi ka nakapasakop sa ganoong uri ng lalaki. Hindi nga. Dahil dito iiwan mo ang lahat at makikisama sa Diyos. Ngayon, ang bagay lang...Kung gusto mo...gusto mong mamuhay na kasama mo ang lalaking 'yun, at ikaw pa rin ay...manatili kang isang Cristiano...Pero kung papagsusuotin ka niya ng shorts, pagugupitan ang iyong buhok, at ipapagawa itong lahat na iba pang mga bagay na ito, at isinasama sa masasamang lugar, hanapin mo muna ang Kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran. Hindi ka nakatali sa ganoong tao. "Ngunit hangga't," sinasabi ng Biblia, "ang babae ay pumayag at pumayag ang lalaki na mamuhay na magkasama (naaalala n'yo ba?), hayaan silang..."

At ngayon, ang mga ito, hindi ko lang naisulat ang mga Kasulatan, dahil kakukuha ko lang ng mga ito (kita n'yo?) mga ilang minuto pa lang ang nakalipas. Dinampot ko ang isa ngayon at mangyari na hindi na ako nagkaroon ng oras...

79 Pero sinabi ni Pablo na hangga't sila...ang asawang lalaki na di-mananampalataya ay may isang di-mananamapalataya...o mananamapalatayang asawang babae o parang ganoon, ang mananampalatayang asawang babae ay manatili kasama ng mananampalatayang asawang lalaki, hangga't hindi laban sa Diyos. Kung pumayag siyang mamuhay na kasama niya..."Sige lang, Mahal, kung gusto mong magsimba, ayos lang 'yun; pero hindi ako sasama. Hindi ako naniniwala rito; wala akong gustong maging kinalaman dito. Pero sige lang; ayos lang 'yan." Pero kapag sinabi niya, "Hindi mo puwedeng gawin 'yan," ngayon ibang bagay na 'yan. Hindi ka na nakatali roon kung ganoon; hiwalayan mo ang lahat para sa Diyos.

**286. Kapatid na Branham, paano naman** (Tingnan natin.)**... pagdating sa isang tao na may isang—na may isang buhay pa, na diborsyadong kinakasama na nag-asawang muli bago dumating sa Mensahe para magministeryo?**

80 Buweno, sa Unang Timoteo 3:2, kung gusto n'yong isulat 'yun, at Tito 1 hanggang 6 (Isinulat ko 'yun), gusto kong basahin n'yo 'yun para sa tanong na ito. Kita n'yo? Kung ang sinuman—kung ang sinuman ay naghahangad na maging isang obispo o isang mangangaral (kung ano mang iba pa sa iglesya), kinakailangang mayroon lamang siyang isang asawa. Siyanga! Isang ministro. Ngayon, 'yan po'y sa Unang Timoteo 3:2, at Tito 1 hanggang 6. Ngayon, Tito 1 hanggang 6, hayan! Sige. Ngayon, pansinin na sinabi ng Biblia na ang taong 'yun na isang ministro sa bahay ng Diyos ay dapat may isang asawa. Ngayon.

**287. Minamahal na Kapatid na Branham, halos sampung taon na ang nakalipas ay kinatagpo ako ng Diyos at pinagaling kung ano ang kaloob ng pag-ibig, o, inihayag kung ano ang kaloob ng pag-ibig, at kagaya noon ang panalangin ko ay para...makabalik ako. Matatanggap ko ba ito bago ako mamatay? Pakikinggan kaya ng asawa ko ang Salita, at ano ang dapat kong gawin?**

81 Magandang tanong nga 'yan. Ngayon, ang sabi niya... Ngayon, ang sabi rito tungkol dun, o patungkol kanino...ang sabi niya, "Ang asawa kong lalaki," kaya sa palagay ko babae 'yung nagsabi nito. Ngayon, nawala niya ang una niyang pag-ibig. Kita n'yo? Siya'y—siya'y nanlamig sa Espiritu. Ngayon, Kapatid, marahil dahil nagsisimba ka pa rin at ginagawa ang tama, hindi mo nawaglit ang kaligtasan mo, kundi nawaglit mo ang kagalakan ng iyong kaligtasan. Umiyak sa Panginoon si David minsan, "Panginoon, ibalik Mo sa akin ang kagalakan ng aking kaligtasan." Cristiano ka pa rin, pero aking...ang bagay na gusto kong gawin mo, Kapatid na babae, ay pakawalan ang lahat ng bagay na nalalaman mo, at hanapin ang Diyos, at manalangin.

82 "Pakikinggan kaya ng asawa ko ang Salita, at anong gagawin ko?" Kagaya ng sinabi ko kaninang umaga, magpakaalat ka lang: "Kayo ang asin ng lupa." Mapagmamasdan ng asawa mo ang malinis mong buhay, at ang asawang lalaki na di-mananampalataya ay nagiging banal sa Panginoon sa pamamagitan ng asawang babae na mananampalataya. Basta hanapin mo ang Panginoon, manatili kang mapagpakumbaba, at manalangin palagi, na pinapupurihan ang Diyos, at maging mabait sa iyong asawa hangga't payag siyang mamuhay kasama mo nang ganoon.

**288. Para sa mga gawain ng Linggo: Kung nakagawa ng pagkakamali ang isang babae kasama ang isang...** (Ngayon, pansumandali po; mabuti pa't basahin ko muna

ito sa sarili ko. Kita n'yo? "...kasama ang isang lalaking may asawa, nagsisi't itinama ito ayon sa...kailangan ba ng babae na...ang asawang babae at lalaki na kasangkot, kahit na walang alam na anuman ang asawang babae na ito..." Sige. Ito na 'yun.) **Kung nakagawa ng pagkakamali ang isang babae kasama ng isang—isang lalaking may asawa, nagsisi at itinama ito sa kanyang asawang lalaki batay sa mga Kasulatan, kailangan ba niyang pumunta doon sa asawang babae ng lalaking kasangkot, kahit na walang alam tungkol dito 'yung asawang babae; o tungkulin ba nung lalaki na sabihin muna sa kanyang asawang babae; o kailangan pa bang masaktan ang asawang babaing 'yun? Hanggang saan ba ang magagawa natin sa pagbabayad-pinsala na ito kung tapos na ito at nagawa na, at kung sangkot ang pagkakaibigan?**

83 Buweno, minamahal kong Kapatid na babae, isang bagay lang ang ginawa mong tama. Nasangkot ka, sa palagay ko, o may kakilala kang nasangkot, sa isang maling akto, na inagaw mo ang asawa ng ibang babae at nagkaroon dito ng matalik na pakikipag-relasyon. At noong nagawa mo, nahulog ka roon mula sa biyayang ukol sa iyo. Pagkatapos ay nagsisi ka, at hindi ka maaaring magsisi hanggang sa bumalik ka sa asawa mong lalaki at itama mo ito. Kailangan mong isama ang asawa mong lalaki at pumunta sa lalaking 'yun, na nagkaroon ka ng relasyon. At ganoon nga dapat ang ginawa mo; 'yan ang Kasulatan, na ginawa mo dapat.

84 Pinuntahan ako ng isang ginang hindi pa katagalan dito mismo sa Louisville, na siya, bilang bata pang binibini, sumama siya sa isang lalaki at—at pagkatapos siya'y...Alam niyang mali ang ginagawa niya. At umalis siya sa siyudad, at pumunta sa ibang siyudad na malayo, at pinalitan niya ang pangalan niya, nanirahan kasama ang ilang tao. At sinundan siya ng lalaking ito at sinabi sa kanya noong pagdating ng lalaki roon, na may katibayan daw siya laban sa kanya. Kailangan daw niyang manatili na kabit kundi ay ipagsasabi nung lalaki. (At noong naroon 'yung babae, nakapangasawa na siya ng isang mabuting lalaking Cristiano.) At ang sabi'y kung hindi raw 'yun gagawin nung babae, isasapubliko raw niya 'yun, binantaan siya; kaya naman, kinailangan niyang mamuhay na kinakasama ang dalawang lalaki, na mali ang kanyang ginawa, sa halip na ipinagtapat sana ang kanyang kulay sa simula pa lang. At nagkaanak siya, at ngayon, maglalabing-walong taon na 'yung dalagita at hindi alam kung sino sa kanila talaga ang kanyang ama. Ngayon, papunta na siya sa menopause, at naabutan na siya nito. Ngayon, ano ang magagawa niya? Sabi ko, "Isa lang..."

Sabi niya, "Kung sasabihin ko sa asawa ko, iiwan niya ako; at kung aking...malaman ng anak kong babae, magpapakamatay siya."

85 At sabi ko, "Kung itatago mo ito sa puso mo, mapupunta ka sa impyerno. Ngayon, ikaw ang magpasya." May isang bagay lang na dapat gawin, linisin mo ang iyong nakaraan. Ganoon nga mismo. Magpakatapat ka.

86 Alam n'yo, maraming beses sa mga pangitain, kung paanong lumalapit ang mga tao, kababaihan at kalalakihan; hinahalukay ng Espiritu Santo 'yung mga bagay na ginawa nila sa buhay at (narinig n'yo na ang tungkol dito at nakita n'yo na ito, alam n'yo na ito. Kita n'yo?), at sinasabi sa kanila ang mga bagay na kailangan nilang gawin.

Sinasabi nila, "Buweno, aking—aking naitama na ito sa Panginoon." Pero pananagutan mo ito sa iyong asawang lalaki o sa asawa mong babae na pumunta ka't sabihin sa kanila. Siyanga. Dapat mong ipagtapat 'yun.

87 Ngayon, ang taong ito, kung siya ang may sala, ginawa na niya ito; nagpunta siya sa kanyang asawang lalaki. Ngayon, ipinagtapat mo na ang iyong sarili, Kapatid na babae, dahil sa pagitan . . . Ikaw—ikaw ay nagkasala ng pakikipangalunya laban sa iyong asawa. Pinuntahan mo ang iyong asawa at ipinagtapat mo na ang iyong sarili sa iyong asawa, pagkatapos pinuntahan mo 'yung lalaki at 'yung asawang lalaki at ipinagtapat ang sarili mo roon. Ayos ka na. Kung patuloy ang iyong asawa na—na gustong mamuhay na kasama mo, nasa kanya na 'yun. Hindi niya kailangang gawin 'yun, pero siya—pero kung gusto niyang mamuhay na kasama mo at patawarin ka niya, kung ganoon ikaw ay magiging sapat na binibini na di na magkakasala pa sa ganoong bagay muli kailanman. Pero kung hindi ka niya patawarin, kung ganoon iyon siya ay—nasa kanya na 'yun. Puwede ka niyang hiwalayan. Ganoon nga mismo.

88 Pero ngayon, 'yung lalaking naging karelasyon mo, ngayon, siya ang dapat na pumunta sa kanyang asawang babae at isama ang asawa niya at pupunta sa iyo. Ginawa mo na ang bahagi mo, ngayon panahon na para gawin naman niya ang kanyang bahagi. Kita n'yo? Ang ikalawang partido . . .

89 Nagkarelasyon ang babaing ito sa lalaking 'yun, at isinama niya ang kanyang asawang lalaki, inamin ito, at pinuntahan 'yung lalaki at inamin ito, at itinama ito. Ngayon, 'yung karelasyon niyang lalaki'y isang lalaking may asawa rin; ngayon, kailangan niyang pumunta sa kanyang asawang babae at isama ang asawa niya at bumalik sa maybahay na ito. Pagkatapos ay ayos na ito. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Natapos na riyan. Pero maliban doon, may sala ka pa rin, at kokondenahin ka roon sa puso mo.

90 Mayroong isang babae nito lang na nagkaroon ng ganoon din mula pa noong Unang Digmaang Pandaigdig. At sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham." Gumagastos siya ng daan-daang dolyar sa mga saykayatrista at lahat na. Nakaupo ako roon

na pinagmamasdan siya sa silid na ’yun. Dinala siya ni Meda roon. Nakaupo siya roon na pinipilipit ang isang panyo sa mga kamay niya nang paganoon, sabi, “Pakiramdam ko’y sasabog ang mundo, at ako . . . ” lahat na ng gaya nun.

Nanatili lang akong nakaupo roon. Sabi ko, “Ngayon, may bagay tungkol . . . Talagang may kung anong bagay yata sa buhay mo sa kung saan?”

“Hindi, isa akong guro ng Sunday school.”

Sabi ko, “Sige.” Naupo pa ako roon nang kaunti at nagmasid. Sabi ko, “Nakikita ko ang isang maliit na berdeng kotse, at kasama mo ang isang lalaking olandes ang buhok, at kamuntik nang mabangga ng isang tren ’yung kotse.”

. . .?. . . Sabi niya, “Huwag mong sasabihin ’yan kaninuman!”

Sabi ko, “Ang asawa mong lalaki’y nasa hukbo noong panahon na ’yan.”

Nagsimula siyang maiyak, napalundag, “Huwag na huwag mong sasabihin ’yan kaninuman.” Kita n’yo? Nasa pangalawahing kamalayan niya. Sabi niya, “Matagal ko nang inamin ’yan sa Diyos.”

91 Sabi ko, “Pero sandali. Hindi ka nakagawa ng mali laban sa Diyos. Nakagawa ka ng mali laban sa iyong panata sa kasal. Kailangan mong bumalik sa iyong asawa at itama mo muna ’yun.”

Sabi niya, “Iiwan niya ako.”

Sabi ko, “Iniwan ka naman n’yan ng Diyos. Kaya ngayon, alin ang gusto mong mang-iwan sa iyo?” Sabi ko, “Puntahan mo siya.”

At sabi niya, “Oh, ako—ako . . . Gagawin niya ang *ganito*, at may dalawa akong anak.”

Sabi niya, “Buweno, ’yun lang ang masasabi ko sa’yo. Hindi ’yun nailabas ng saykayatrista sa iyo, bagkus ang Espiritu Santo ang naghayag; at hindi pa kita nakikita sa buong buhay ko.”

Sabi niya, “Tama po talaga ’yan!” Sabi, “Buweno, hindi ko—hindi ko nga kayang masabi sa kanya.”

Sabi ko, “Buweno, ako . . . Ikinagagalak kong makilala ka.” Nagpunta na sa kabilang kuwarto, at bumalik siya roon.

Sabi ni Meda, “Gusto niyang pumunta ka raw dun.”

Pumunta ako roon; at sabi ko, “Anong nais mo?”

At sabi niya, “Kapatid na Branham, hindi ko ’yun kayang sabihin sa asawa ko!”

Sabi ko, “Itim ang buhok ng asawa mo.”

“Oo!”

Sabi ko, "Mayroon din siyang ganoon na kailangan niyang aminin sa iyo."

Sabi niya, "Oh, hindi ang asawa ko!"

Sabi ko, "Mabuti pang kunin mo siya't pumunta kayo rito." Sabi ko, "May kilala ka bang *ganitong* babae, na nagsusuot ng kulay-rosas na bestida, na nagtratrabaho sa opisina ng *ganitong* kompanya ng mga sasakyan?"

Sabi niya, "Oo naman!"

Sabi ko, "Hindi ba't tinatawag nila siya sa *ganitong* pangalan?"

"Oo!"

Sabi ko, "Dalawang linggo na ang nakaraan naupo sila sa ilalim ng isang punongkahoy ng háya na may dalang isang. . . nakaupo sa isang kulay-kapeng kotseng Chevrolet na ang numero ng lisensya ay *ganito-at-ganoon*, at ganoon din ang kanilang ginawa."

Sabi niya, "Hindi 'yan magawa ng asawa ko!"

Sabi ko, "Sige, kunin mo siya't pumunta kayo rito."

Umalis siya. Ilang minuto, narito na sila't bumalik. Sabi ng lalaki, "Totoo po 'yun!"

Sabi ko—sabi ko, "Nakita n'yo na? Ngayon ay pumunta kayo't sabihin sa Diyos!"

92 Pero una, kapag pupunta kayo sa altar at naalalang may dapat munang gawin, pumunta muna kayo at itama 'yun. At hangga't itong kabilang partido rito ay may sala ng hindi pagsasabi sa kanyang maybahay. . .Inayos na ng asawang babaing ito ang kanyang sarili. Ngayon, bahala na siya at ang asawa niyang lalaki. Pero itong isa pang lalaki at ang kanyang maybahay ay kinakailangang maiayos ito. At hindi kayo maaaring. . .kahit ano pa ang gawin mo, babalik-balikan ka nito hangga't nabubuhay ka hanggang sa hugasan mo ito't malinis. May isang paraan lang para magawa ito: Ipagtapat mo ito. Kung tila ba babalatan ka nito, gawin mo ito sa ano't anumang paraan. Sabihin mo ang totoo, kung ganoon ay maitatama mo ito. Amen!

93 Naririnig ko nang maraming beses sa teyp na sinasabi, "Mali 'yun." Haya't subukan n'yo maski minsan at tingnan n'yo kung hindi ba't ganoon nga. Buweno.

**289. Tanong para sa Linggo ng umaga:** (Pasensya na po't kaninang umaga ito, pero. . .) **Sa sandaling matanggap ang Espiritu Santo, o ang bautismo ng Espiritu Santo, may pagkakaiba ba? Magsasalita ba ng iba't ibang wika ang isang tao? Kung hindi lagi, anong mga pagpapakita ang mayroon para malaman?**

94 Buweno, maiisip n'yo ba ang isang nanay na nanganak ng isang sanggol at hindi man lang 'yun namalayan? Kinakailangang wala siyang malay para hindi 'yun malaman. Sa ganoon din na hindi mo matatanggap ang Espiritu Santo nang hindi mo ito nalalaman. Mayroong kung anong bagay na nagaganap sa inyo. Kita n'yo? May bagay na babago sa inyo. Ang buong sistema n'yo, ang buong sistemang espirituwal n'yo ay magiging bago muli, at kayo'y magiging isang bagong nilalang kay Cristo, gaya ng sinasabi ng Biblia rito, isang *bagong nilalang* kay Cristo. Alam n'yo ito.

95 Ngayon, sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, kung ganoon ay hindi ka naniniwalang dapat na magsalita ng iba't ibang wika ang isang tao para matanggap ang Espiritu Santo." Hindi bilang pagpapatunay na nasa taong 'yun ang Espiritu Santo.

96 Ibig kong ang bawat miyembro ng simbahan ko'y nakapagsasalita ng mga wika. Gusto ko para sa kanila na gawin 'yun, at kung . . . naniniwala akong kung hihilingin n'yo sa Diyos, ay ipagkakaloob ito sa inyo ng Diyos. Pero hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo; marami akong kilalang tao na nagsasalita ng mga wika't wala naman ang Espiritu Santo sa kanila. At walang isa mang ministro na tapat sa kanyang sarili at sa kanyang kongregasyon na anupa't ganito rin ang sasabihin sa kanyang kongregasyon. Kayang gayahin 'yun ng diyablo.

97 Sabi ni Pablo, "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kahit ibigay ko pa ang aking katawan upang sunugin bilang isang hain, kahit nauunawaan ko pa ang lahat ng mga hiwaga ukol sa Salita, kahit ibigay ko pa ang lahat ng aking ari-arian sa mga dukha, at ang lahat ng mga bagay na ito, at wala akong pag-ibig, wala pa rin akong kabuluhan. Mayroon man akong pananampalataya upang mapalipat ang mga bundok at iba pa; wala pa rin akong kabuluhan." Pagkatapos ang sabi niya, "Ang bagay na 'yun na bahagi lamang ay magwawakas kapag ang sakdal ay dumating na," o, "kapag ang sakdal ay mahayag."

Ngayon, may tanong ako tungkol diyan. Sana'y makaabot ako diyan ngayong gabi, tungkol sa kung anong nangyari noong mabuksan ang mga Tatak. At sa tingin ko marahil ay maibabahagi ko 'yun sa inyo sa tanong na ito.

**290.** Tanong: **Kapatid na Branham, anong gagawin namin? May bagay na nananatili sa akin na hindi ako makahulagpos. Noong nakaraang taglagas, napanaginipan kong naliligaw raw ako sa puting buhangin. Dumidilim na raw; hindi ko mahanap ang daan ko. Nanatili sa akin ang panaginip na ito mula pa noong nakaraang taglagas. Ngayon, ako'y para pong isa na kumakapa sa kadiliman. Ang anak kong lalaki (E-r-v- . . .), si Ervin, at ang maybahay niya'y kasama sa panaginip. Ngayon nasa kadiliman na rin sila.**

**Desperado na kami—kami'y desperado na. Naniniwala akong ipapakita sa iyo ng Diyos kung ano—kung ano ang nasa mga puso namin ngayon.** (Gng...Oh, sige.) **Kung kami ba'y nagkamali o nagkakasala sa kung saang dako, ay pakisabi mo po sa amin. Gusto naming maitama.**

98 Hindi ko kilala 'yung ginang, pero nararamdaman ko na kung naririto ka, ginang, na heto ang problema mo. Pinabayaan mong may mangyari sa iyo na nagpanerbiyos sa iyo, dahil ang nasa *puting buhangin* ay kumakatawan sa "kalinisan at katuwiran." At pinapayagan mo si Satanas na maglagay ng isa sa ibabaw mo. Pinapatunayan ng panaginip mong wala namang problema. Ninenerbiyos ka lang, at sa paggawa mo nito at pag-iisip mo nito, pinapanerbiyos mo ang iba pa sa iyong pamilya. Itigil mo 'yan; angkinin mo ang bigay-ng-Diyos na mga karapatan sa iyo. Pinapatunayan ng panaginip mo sa pamamagitan ng interpretasyon na ikaw ay *nasa* puting buhangin. Maayos ang lahat. Dahil nga sa iyo, sa ganang sarili mo, kaya't ninenerbiyos ka.

99 At kapag hinayaan mong nerbiyusin ang isa sa miyembro ng pamilya, pupunta ito sa susunod na miyembro, at sa susunod na miyembro, at malalaman mo na lang nagaaway-away na kayo at kung anu-ano pang nangyayari. At ang isang miyembro ng pamilya ay parang mababahala tungkol sa kung anong bagay, mababahala ang isa pa, at ang isa pa, at ang isa pa, at malalaman mo na lang na nababahala na ang buong pamilya. Si Satanas ito. Kaya kapag nagagalak ang isang miyembro ng pamilya, ang iba pa sa kanila ay magagalak din sa bagay na ito. Kaya sikapin ng bawat isa sa pamilya na gawin 'yun.

100 Sikapin n'yo, bawat isa sa inyo na mga anak, na tulungan ang inyong tatay, nanay. Nanay, kayo rin...Tatay, sikapin n'yong tulungan ang mga anak. Huwag mong hayaan 'yang mapanglaw, na di sumasampalatayang espiritu na dumating sa iyo. Kayo ay mga Cristiano. Ipinanganak kayo ng Espiritu ng Diyos. Kayo ang asin ng sanlibutan. Kayo'y may mga karapatang bigay-ng-Diyos. At sabi ng Biblia, "Kung mayroong anumang kapurihan, at kung may anumang kagalingan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." Huwag n'yong isipin 'yung maling bagay.

At Kapatid na babae, sa tingin ko'y 'yun ang problema mo, minamahal na Kapatid.

Makakapanatili ako roon nang matagal, pero gaya ng ipinangako ko, beinte minutos lang...At gusto kong matapos ang marami nito...kung hindi, ibalik n'yo lang ito sa mesa at kukunin ko uli.

**291. Sinasabi ng ilan na si Kapatid na Branham ang Anak ng tao. Ang akala ko ba'y ang Haliging Apoy ang Anak ng tao. Mali ba ako?**

101 Buweno, magandang tanong ’yan, napakainam. Pero hindi ako ang Anak ng tao, kundi isang anak ng tao. May ganap na pagkakaiba. Si Jesus Cristo ang Anak ng tao, ang Anak ng Diyos, ang Anak ng tao, ang Anak ni David.

102 Ngayon, ang dahilan marahil kung bakit itinanong ng taong ito ang tanong na ’yan o binanggit, ay dahil kinikilala ako ng mga tao bilang isang tagakita, na hindi ko kailanman. . .May isang tanong ako rito na talagang binabatikos ako tungkol diyan. Kita n’yo? Pero ako—ako—ako. . .inyong—inyong. . .Kapag binabasa ko ang mga tanong na ito ay makikita n’yo kung bakit ko sinasagot ang mga bagay sa paraan ng pagsagot ko. Hangga’t tahasan akong mapangunahan na gawin ang isang bagay (kita n’yo?), kung ganoon ay aking—aking sasabihin kung ano ang kailangan kong sabihin. Pero hindi pa dumarating ang oras na ’yun.

103 Kaya hindi ako ang—ang—ang pinahiran na Anak ng tao. Hindi ko inaangkin na ako’y propeta Niya. Maraming beses nang nasabi ko ’yan gayong hindi ko naman inisip na sinabi ko ’yun, naririnig ko lang ang sarili ko sa teyp. Pero nababanggit ko ’yun kung minsan, dahil kung gusto n’yong ilagay ito sa sa mga termino, ang isang *propeta* sa terminong Ingles ay isa lamang “mangangaral.” Alam ’yan ng sinuman; kunin n’yo ang diksyunaryo. Kita n’yo? Ang *propeta* ay “isang mangangaral” ayon sa diksyunaryong Ingles. Pero Hebreo o Griyego, ang isang *propeta* ay “isang tagakita, isang nakakakita ng mga bagay na mangyayari at paunang nagsasabi bago pa mangyari ang mga bagay.” Pero sa interpretasyong Ingles, ang isang *propeta* ay “isang tagakita.”

104 Kaya ayaw kong tawagin ang sarili ko na anuman maliban sa inyong kapatid. Ako ay kapatid n’yo, at ituring n’yo lang ako bilang si Kapatid na Bill, o Kapatid na Branham, o kung ano man ang ibig n’yong gawin ukol dun. Yun—’yun—’yun ay mainam, ’yun—’yun ay mainam. Ang pinaniniwalaan n’yo, itago n’yo ’yun sa sarili n’yo. Nakita n’yo?

105 At ngayon, ano na uli ’yung isa pang tanong? Natagalan ako sa mga ito, kaya nakakalimutan ko kung ano na ’yung iba. Ang isa sa mga ’yun ay, “Ako ba ang Anak ng tao?” at. . .Heto ang palagay ko. “. . .ang Anak ng tao o ang Haliging Apoy ba ang Anak ng tao?” Hindi! Ang Haliging Apoy ay ang Pahid.

106 Ang Haliging Apoy. . .Ngayon, maaaring medyo lalalim ito malibang ang ilan sa inyo ay mga teologo, si Dr. Vayle, marahil ang Kapatid dito, at ilan pa sa mga ministrong ito na mga taga-Arkansas, at ang mabubuti kong kaibigan na narito, alam nila ito marahil.

107 Ngayon, ang Haliging Apoy ay ang *Logos* na lumabas mula sa Diyos. Ang Logos, na siyang katangian mismo ng Kapuspusan ng Diyos. Noong nag-anyo ang Diyos sa kung saan Ito ay

maaari nang makita, Yun ay ang pahid ng dakilang Espiritu na lumabas, Ito'y nagpakababa, bumaba, and Diyos, ang Ama, ang *Logos* na nasa ibabaw ng Israel noon, yaong. . . Siya ay banal, hindi maaaring tiisin ang kasalanan. Kinailangang magkaroon ng isang handog na dugo roon sa Eden. Pagkatapos ay nagkatawang-tao ang *Logos* na 'yun at tumahan sa gitna natin; at doon tumahan ang *Logos* na ito sa isang katawan ng tao, na siyang alay . . .

108 Noong ginawa ang tao sa larawan ng Diyos . . . At pagkatapos ay bumaba ang Diyos sa larawan ng tao para tubusin ang tao; pinagsama noon ang tao at ang Diyos. Nagyakap ang Kalangitan at lupa at naglapat sa isa't isa; nagyakapan ang Diyos at tao sa isa't isa bilang pagiging Ama at pagiging anak noong nagkatawang-tao ang *Logos* at tumahan sa gitna natin.

109 Sabi ni Jesus, "Ako'y nagbuhat sa Diyos, at Ako'y babalik sa Diyos." Tama ba? Pagkatapos ng kamatayan Niya, paglilibing at pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat, noong kinuha na ang katawan upang maupo sa kanang kamay ng Diyos . . . Ngayon, hindi ko ibig sabihin na may kanang kamay ang Diyos, ang Diyos ay isang Espiritu. Pero ang ibig sabihin ng *sa kanang kamay* ay "sa kapangyarihan at kapamahalaan ng Diyos." Na sa Pangalang 'yun ang lahat sa Langit ay ipinangalan ayon Dito at nakapasakop Dito. Ang lahat sa lupa ay ipinangalan ayon Dito at nakapasakop Dito, isang Pangalan na higit sa lahat ng mga pangalan, Jesus Cristo.

110 Ngayon, ang *Logos* na ito na nasa Kanya, na siyang Espiritu ng Diyos, ang Pahid, sa pamamagitan ng biyaya ng Dugo na nagpapabanal, ay nagdala ng maraming anak sa Diyos, na pinahiran ng siya ring *Logos*.

111 Ngayon, sa araw ng Pentecostes ay bumaba Ito, ang Haliging Apoy na 'yun, at nahati-hati nang paganoon, at lumapag sa bawat isa sa kanila ang mga dilang apoy, hindi kanilang mga dila, kundi mga dilang apoy ang lumapag sa bawat isa sa kanila, isang hinirang, na piniling grupo, na kinilala ng Haliging Apoy na ito, na ipinapakitang hinati-hati ng Diyos ang Kanyang Sarili sa mga tao. Nakukuha n'yo ba? Ang Diyos, ang *Logos*, hinati-hati ang Kanyang Sarili sa mga tao! Ang Diyos, hindi sa isang tao, Siya'y nasa Kanyang buong pangkalahatang Iglesya. Yun ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawan din naman ninyo, mas marami pa." Ngayon, alam kong sinasabi ng King James, "lalong dakila," subalit ang tamang salin dun ay "*mas marami* kaysa rito ang gagawin ninyo." Ang Diyos ay nasa loob at nakakubli sa isang Tao, si Jesus Cristo. Pero ngayon Siya'y nasa loob na at nakakubli sa buong pangkalahatang Iglesya ng Buhay na Diyos.

112 Ngayon mismo, habang narito ang Diyos na nakikipag-usap sa atin sa ating mga puso, Siya'y nasa Aprika, Siya'y

nasa Asya rin, Siya'y nasa Europa, Siya'y nasa Inglatera. Saan man nagkakatipon ang mga mananampalataya, naroon Siya sa gitna nila.

113 Ngayon, pagkatapos ng kamatayan Niya, pagkalibing, at pag-akyat, at ng pagparito ng Espiritu Santo, si Pablo sa kanyang daan, na Saulo pa noon, habang patungong Damasco, tumama ang isang Haliging Apoy sa Kanya, ang *Logos*. At hinding-hindi tatawagin ng Judiong 'yun ang Haliging Apoy na 'yun na, "Panginoon," malibang alam niyang Ito ang siya ring *Logos* na sinundan ng kanyang bayan doon sa ilang. Kita n'yo? Ngayon, hindi 'yun ang Anak ng Tao, 'yun ang *Logos*.

114 Ngayon, sinasabi natin ito nang may pagpipitagan, at pag-ibig, at paggalang. Kita n'yo? Kung papaanong si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at gayundin na sa huling mga araw, kung paano noong bago ang panahon ni Lot, o sa panahon ni Lot sa Sodoma, ay gayundin ang mangyayari sa araw na ihayag muli ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili, inihahayag ang Kanyang Sarili. Ngayon, sa huling mga araw na ito ang *Logos* na nakay Jesus, na Siya mula roon ay bumalik nang muli sa pagka-Haliging Apoy at bumaba sa lupa sa (may sasabihin sana ako, pero binabantayan ko ang teyp. Hindi nila paniniwalaan 'yun kung sabihin mo sa kanila. Walang magiging kaibhan. Sila. . .Hindi ito paniniwalaan ng mga tao, haya't di ko na babanggitin), pero bumaba sa kadahilanan, gaya ng isang pag-iimbestiga para sa kahatulan na mangyayari.

115 At ngayon, itong dakilang Haliging Apoy na ganap nang napagkilanlan maging ng mga siyentipikong kamera, na narito sa lupa ngayon. . .Naroon ang larawan Nito na nakapaskil diyan. Naniniwala akong naroroon pa rin ito, di po ba? Naroon pa ba ito? Napatunayan sa pamamagitan ng siyensiya ng pinakamahusay na mayroon tayo. Si George J. Lacy, ang hepe ng FBI para sa bakas ng daliri at mga dokumento, ay nagsabi, "Tinawag ko mismo itong sikolohiya, Reverend Branham, pero," sabi, "tinamaan talaga nung liwanag 'yung lente. Ipinailalim ko ito sa ultra-ray na sinag at nagkaroon ng pagsusuri dito nang apat o limang araw. At tinamaan nga ng liwanag 'yung lente. At hindi makukunan ng lenteng ito ang sikolohiya!" Ngayon, napagkilanlan na nga 'yun.

116 Pagkatapos pagmasdan n'yo ang mga gawa Nito. Ito, sa gitna natin, na pinatutunayan ang siya ring Jesus na nabuhay noon sa Palestina, ang siya ring Espiritung nasa Kanya noon ay dumating sa isang Katawan hanggang sa bumalik na Ito sa pagiging Ulo muli na malapit na Siyang dumating upang kunin ang Katawan. Amen! Ang Ulo na dumadako na sa Katawan. Nakukuha n'yo ba? Yun nga'y magiging ang Anak ng Diyos, ang Anak ng tao, ang Anak ni David, ang AKO NGA, ang Rosa ng Saron, ang Lila ng Libis, ang Tala sa Umaga.

117 Hindi ako Siya; ako ang lingkod Niya. At ang Haliging Apoy ay hindi Siya; nasa anyong Espiritu ito (kita n'yo?) na nasa Anak ng tao noon at dumating ngayon upang magpahid ng mga anak ng tao, upang ibalik ang isang ministeryo na sadyang eksakto sa sinabi Niya, para magkonekta ang Ulo at ang iba pang bahagi ng Katawan.

118 Katulad lamang ng—katulad ng piramide na itinayo mismo ni Enoc. At makikita natin sa piramideng 'yun, hindi nila kailanman nailagay ang pang-ulong bato sa ibabaw nito. Bakit? Darating pa lang ang Pang-ulong Bato. Ang pitong baitang sa—sa piramideng 'yun. . . Tatalakayin natin 'yan balang araw, at gusto ko lang ipakita sa inyo kung papaanong talagang akmang-akma ito sa Kasulatan.

119 At ngayon, kung mapapansin n'yo diyan sa inyong papel na dolyar ng Amerika, dun sa malaking pang-ulong bato na 'yun, may isang mata, sabi dun, "Ang Dakilang Selyo." Darating nga ito.

At pansinin n'yo ang mga batong 'yun. . . Mayroon ba ritong nakabisita na sa mga piramide ng Egipto? Buweno, kung mapapansin n'yo. . . Oo, heto, may mga kamay roon sa likod na nagsipagtaas. Buweno. Ang mga batong 'yun ay nakalapat dun nang perpektong-perpekto mismo, at ang pang-ibabaw na 'yun, kung saan 'yung parang kupola sa ibabaw nito, kapag dumating ang batong 'yun, ito'y magiging gaya ng malaking brilyante na lumalapat mismo roon nang sadyang perpektong-perpekto rito.

120 Ngayon, hindi lalapat ang batong 'yun doon sa pundasyon sa ibaba, hindi rin naman ito lalapat sa ikalawang pundasyon o sa ikatlong pundasyon. Lalapat lang ito sa itaas na pundasyon, kapag ang buong gusali ay naging lapat na sa bato. At hindi maaaring dumating si Jesus hanggang ang Iglesya, na isang Katawan ng mga mananampalataya at ang pagmiministeryong minsan Niyang iniwan ay kinakailangang maging pareho kung paano ito noon para. . . At pagkatapos, magbubunsod 'yun. . . "Sila'y di magiging sakdal nang bukod sa atin," sabi ni Pablo, Mga Hebreo 11. "Hindi sila masasakdal nang wala tayo." Dapat mayroon sila ng pagmiministeryong ito upang ibangon ang Lutheran, ang mga Wesley, at silang lahat sa kanilang mga kapanahunan. Kapag dumating 'yun, kapag ang bahaging 'yun ng kung saan nagkatipon ang mga agila. . . "Kung saan naroon ang bagong katay na katawan ay nagkakatipon ang mga agila," para sa mga tanong. Oh, sadyang perpektong-perpekto ito. Sana'y nasagot nun ang tanong.

**292. Kapatid na Branham, maaari bang magamit ni Satanas ang kaloob ng mga wika o propesiya sa isang tao na may Espiritu Santo?**

121 Maganda ang isang 'yan di po ba? Siyanga, po! Kung. . . Kaya dapat itong bantayan nang talagang, maigi. Kung mapapansin

n'yo sa Unang Mga Taga-Corinto 14:29, sa inyo na gustong ilista ito . . . Kita n'yo? Ang—ang tao na sumulat nito ay di naglagda ng kanilang pangalan; sabi lang nila, "Pagpalain ka ng Diyos." Kita n'yo? Sa Unang Mga Taga-Corinto 14:29 nalaman natin na ang anumang kaloob sa iglesya ay kinakailangan munang masuri. Kita n'yo? Kailangan n'yong magbantay, dahil pumapasok nang lihim ang masasamang espiritu. Dahil tandaan n'yo, pumapatak ang ulan sa matuwid at sa hindi matuwid. Ang siya ring ulan na ipinadala upang pahinugin ang trigo ay nagpapahinog din sa damo, iisang tubig. Ilan ang nakakaalam nun? Ngayon, sadyang liliwanagin din n'yan ang ukol sa binhi ng serpiyente, kung paanong dumating ang anak na ito. Sinusubukan kong hanapin ito rito para matalakay na ito bago maubos ang oras ko, pero hindi ko lang ito mahanap: itong, kung papaanong ang anak na 'yun ay pumapatungkol sa binhi ng serpiyente. Kita n'yo?

122 May batas ang Diyos. Ngayon, dito, sa batas na ito ng Espiritu ng Buhay ay kinakailangan n'yong magbantay, dahil nakakapasok nang palihim si Satanas.

123 At si Pablo, kapag may nahayag sa isang tao, kinakailangan na mayroong dalawa o tatlong tagapagsuri man lang bago ito maaaring sabihin sa harapan ng iglesya.

124 Ngayon, dito rin marahil ay banggitin ko lang ito. Nakikita ko ang aking . . . Wala sa palagay ko rito ang aking Kapatid ngayong gabi, pero may isang tao na nangutya ng isang tao na umalis sa tabernakulo at nagpunta kina Kapatid na Junior Jackson para doon na magsimba. Sabi, "Nagpunta sila sa gitna ng mga 'patay na ibon.'" Hindi ba kayo nahihiyang magsalita ng ganoon? Sino ka man, kung anak kita rito kay Cristo, ikinahihiya kita. Huwag mong gagawin ang bagay na ganoon. Si Junior Jackson ay kapatid ko. Si Don Ruddell ay kapatid ko.

125 Buweno, ang dahilan nito, dahil noong inilagay ko ang iglesya rito sa isang kaayusan, pagbalik ko, para tingnan kung maipapalabas ko ang pagpapamalas ng mga kaloob, kalahati sa kanila ang natatangay rito. Dahil kapag magsisimula ka nang magsalita, o mangaral, o kung ano, nagiging . . . Napupunta ito sa isang kalagayan na halos hindi ka na makapangaral maliban na may isa na magsasalita ng mga wika, na may isa na nagbibigay ng interpretasyon, may isa na nagbibigay ng kapaliwanagan; at ang kalahati nun ay di naman natutupad.

126 Ngayon, naniniwala ako sa pagsasalita ng mga wika. Naniniwala ako sa interpretasyon, pero kinakailangan na ito'y isang bagay na ipinapangusap direkta sa iglesya, hindi 'yung, "Malapit nang dumating ang Panginoon," o kung ano na—na ayos lang naman. Anupa't, "Huwag kayong gumamit ng mga walang kabuluhang paulit-ulit," sabi ni Jesus, "na gaya ng ginagawa ng mga pagano."

127 Kinakailangan na ito'y direktang bagay. "Sabihin mo kay Kapatid na *Ganito-at-ganoon* ang isang bagay na ginawa niya at—at para makakuha. . . " "Aba, sabihin mo kay Kapatid na lalaki, Kapatid na babaing *Ganito-at-ganoon*, noong ginawa niya ang isang bagay roon noong isang araw, nilabag niya ang batas ng kanyang asawang lalaki. . .ang panata sa kanyang asawa. Maliban na ito'y kanyang itama—itama, hihiwalayan siya ng Espiritu Santo." Diyan ay makakamit n'yo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON!

128 Pagkatapos idulog n'yo ang kasalanan na 'yun. Diyan tayo nagkakaroon ng iglesyang tulad noong pumasok sina Ananias at Sapira. Pagkatapos nga'y magkakaroon tayo ng iglesya na matatag ang pagkakatindig.

"Oh," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham. . . " May isang lalaki, sinabi ko 'yun sa kanya; sabi niya, "Buweno, masyado mo kaming inilalagay sa alanganin nang ora-orada."

129 Sabi ko, "Hindi ba't ora-orada rin ako sa mga estrangherong 'yun doon na hindi ko pa nakikita sa buong buhay ko? Pero mayroon akong kumpiyansa sa aking Diyos na Siyang nagsugo sa akin para gawin ito, at hindi pa kailanman ni minsan ito nagkamali o di kailanman magkakamali hangga't ito'y ang Diyos." Siyanga.

130 Hindi pagsasalita ng mga wika't mga bagay na ganoon. . . Naniniwala ako na ang mga wikang 'yun at ang mga taong 'yun na may ganoong mga kaloob, kung talagang tunay silang mga Cristiano at interesado rito, titipunin nila ang kanilang mga sarili, dahil. . .at ibibigay ang kanilang mga wika at mga interpretasyon at titingnan kung anong magagawa nila para mapalawig pa ang Kaharian ng Diyos. May sarili silang pagmiministeryo, pero hindi ito gagawin sa kalagitnaan ng mga tagapakinig kung saan ang—ang mga makasalanan ay kinakaugnay at iba pa. Sabi ng Biblia, "Sasabihin nilang wala kayong pinag-aralan."

131 Kung minsan nagiging labis silang walang pagpipitagan gamit ito at—at kung ano pa. . .Hindi ang grupo natin, haya't pinababayaan ko sila pansumandali. Sabi ko, "Bantayan n'yo ito."

132 Ngayon, sinabi ko sa mga kapatid (may mga saksi rito na nalalaman ito), sabi ko, "Hayaan n'yo lang ito. Hindi magtatagal aking—ating malalaman kung sa Diyos ba ito o hindi. Kung hindi nito kayang batahin ang pagsaway, kung ganoon isa itong bastardong anak." Ganoon mismo ang sinabi ng Biblia. At noong dumating ang pagsaway, anong nangyari? Hindi ba't sinabi ko na 'yun sa inyo matagal na? Kita n'yo? Tanungin n'yo ang pastor dito.

Sabi niya, "Paano naman *ito* at *iyon*?"

133 Sabi ko, "Hayaan mo na lang! Sila'y mga sanggol pa. Hindi natin maaaring hatulan, pero matyagan mo kapag dumating na sa pagdidiin sa Salita."

134 Ngayon, may karapatan si Kapatid na Junior Jackson na hindi sumang-ayon doon. Gusto niyang ang kanyang iglesya . . . Gusto ng lahat ng mga tao na magsalita ng iba't ibang wika at kung ano pang mga bagay sa mga tagapakinig. Problema na 'yun ni Kapatid na Junior; nasa—nasa sa kanya na 'yun. Pero pinaniniwalaan ni Junior Jackson ang mensaheng ito nang kagaya ng . . . sinupamang iba sa atin. Siya'y isa sa atin. At hindi ito isang "patay na ibon" kapag pupunta kayo roon. Si Junior Jackson ay isang tao ng Diyos na minamahal ko nang buong puso ko. At wala rito ngayong gabi, kaya maaari ko talaga itong ibuhos sa paraan na gusto ko.

135 At—at si Don Ruddell . . . wala sa palagay ko rito si Don ngayong gabi, dahil may sarili silang simbahan. Pero kung makikita ko ang bawat tao na dumadalo sa tabernakulong ito, na lalabas at pupunta kay Don Ruddell, o—o kina Kapatid na J. T. Parnell, o kina Kapatid na . . . sinuman sa mga kapatid na ito rito na mga kapatid natin dito at kapwa mamamayan sa Kaharian, magiging napakasaya ko na hindi ko alam ang gagawin. Sasabihin ko, "Panginoon, punuin Mo ng kahalili ang isang ito. Aming bakantehin ito at lagyan Mo ng isang kahalili." Gugustuhin ko 'yan. Gusto kong makita ang mga kalalakihang 'yun . . . Sila'y aking—sila'y aking mga anak.

136 Ngayon, si J. T. o—o sinuman sa kanila ay hindi kailangang maniwala na gaya ng paniniwala ko; hindi nila kailangang gawin 'yun. Gaya ng sinabi ko sa inyo kaninang umaga, ni hindi nga ako sumasang-ayon sa asawa ko, o hindi siya sumasang-ayon sa akin. Ipagpahalimbawa na lang na ako'y pupunta sa mesa at kumuha si Junior ng apple pie at kumuha naman ako ng cherry pie. Kapatid, pareho kaming kumakain ng pie, magkakasundo kami roon, pero . . . At pareho naming ipinangangaral ang iisang Ebanghelyo. Ang disiplina sa kanyang iglesya . . .

137 Alam n'yo, sina Pedro at Pablo ay may mga pagkakaiba rin, hindi sa doktrina nila, kundi sa paraan na ikinikilos ni Pedro sa kanyang sarili. Mayroon silang isang—isang maliit na pagkakaiba rito, pero hindi nito sila pinaghiwalay. Magkapatid sila. Aba, tunay na magkakaroon tayo ng mga pagkakaiba-iba, hindi pagkakaiba na . . . Hindi ako sumasang-ayon sa Assemblies of God. Hindi ako sumasang-ayon sa mga sistema nila, pero maraming kalalakihan ng Assembly of God na kalugud-lugod na kapatid. Hindi ako sumasang-ayon sa doktrina ng Oneness pero marami sa kalalakihan dun ang kalugud-lugod na kalalakihan.

138 Sumasang-ayon ako . . . hindi ako sumasang-ayon sa mga Baptist, sa mga Presbyterian at sa kanilang mga sistema, pero doon, ay may mga tunay na Cristiano.

139 Mangyari na may dinaanan akong isang telegrama kaninang hapon. Nahuli ako. Isang kapatid, isang mangangaral na Baptist, ang nagsabi na kanya raw. . .naghahangad daw siya sa loob ng mahaba nang panahon na dumating sana sa isang dako. . . o makarating sa isang dako kung saan iginagalang ng tao ang Diyos sa halip na iginagalang ang isa't isa.

140 At isang minamahal na kapatid na dumadalo sa simbahang ito ang nagsabi, "Dadalhin kita sa ganoong dako." Nag-aasam siyang makapunta rito, isang Baptist. Kita n'yo, nagkalat sila sa lahat ng dako. Hindi ko sasang-ayunan ang kanilang sistema, pero tunay na nais ko ng. . .?. . .Kaya huwag n'yong sasabihin ang ganoong bagay ukol sa kapatiran.

141 Ngayon dito, ang mga kaloob na ito'y. . .kinakailangang mabantayan. Walang kaloob na. . .Kinakailangang bantayan ito. Kaya kasing gayahin ni Satanas ang anumang kaloob. Tingnan n'yo ang Beatles na ito na gagayahin daw ang Makalangit na pagpapagaling: malalaswa, marumi, bulok, nagmula mismo sa impyerno. Kita n'yo? Buweno.

**293. Si Daniel ba ang pang-apat na lalaki sa nagniningas na hurno dahil siya ang propeta sa panahong 'yun?**

142 Hindi, si Jesus 'yun. Ang pang-apat na Lalaki ay ang. . . gaya ng Anak ng Diyos. Sa palagay ko hindi 'yun ang propeta, dahil nasa yungib siya noon ng mga leon; pero hindi ako—hindi ako maniniwalang si Daniel ay naroon sa nagniningas na hurno. Hindi ko—hindi ko nga. . .Ngayon, maaaring maging tama ka roon, pero mangyaring opinyon ko lang 'yun.

**294. Kapatid na Branham, sa Genesis 6 at talata 12, sinabi ng Diyos na pinasama ng lahat ng tao ang kanilang gawa. May kinalaman ba ito sa diborsiyo at pag-aasawa? Kung ganoon, hindi ba't tinukoy rin ni Jesus ang parehong bagay noong sinabi Niya na, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, gayundin naman ang mangyayari kapag nahayag na ang Anak ng tao" sa Mateo 24, talatang 38 at 39?**

**295. Kapatid na Branham, may mga bata pa bang ipapanganak sa panahon ng Milenyum. . .isang libong taon na Milenyum, sa isang libong taon na paghahari ni Cristo rito sa lupa? O magkakaroon ba ng anumang tanda sa lupa. . . anumang kasalanan** (pasensya na po) **sa lupa sa panahon na 'yan; may mga tao ba sa lupa na nasa katawang pisikal sa panahon na 'yan?**

143 Sisikapin kong talakayin ang mga ito nang mabilisan. Ngayon, sa ika-6 na kabanata ng Genesis, ika-12 talata, sinabi ng Diyos na pinasama ng lahat ng tao. . .Oo, ang tinutukoy nga roon ay pag-aasawa, diborsiyo, at lahat na ng iba pa. Sabi ng Biblia, "Kung paano sa panahon ni Noe, kung paanong sila'y

nag-aasawa, at pinag-aasawa," at iba pa na gaya nun. Isa 'yun sa mga tanda ng huling panahon, isa lamang sa mga tanda.

144 Ngayon, kung 'yun lang ang ginagawa ng mundo, hindi ko 'yun matatawag na katibayan ng huling panahon, gaya ng hindi ko matatawag ang pagsasalita ng mga wika na katibayan ng Espiritu Santo. Totoo na ipinapalagay na may darating na panahon kung kailan ang pag-aasawa at diborsyo ay magiging katulad mismo noong panahon ni Noe, pero napakarami pang ibang bagay na kalakip dito; isa lang ito sa mga tanda.

145 At ang pagsasalita ng mga wika ay isa sa mga tanda ng Espiritu Santo, pero hindi nag-iisang tunay na tanda ng Espiritu Santo, na gaya mismo ng mga kababaihan at kalalakihan na nag-aasawa't nakikipagdiborsyo at nag-aasawang muli. Hindi maaaring 'yun lamang ang tanda. Kung 'yun lang na nag-iisa, hindi ko 'yun matatawag na ganoon. Kita n'yo? Kinakailangang may kasamang ibang bagay ang pagsasalita ng mga wika o anumang iba pang kaloob para gawing sa Diyos ito.

146 Ngayon, "Magsisilang pa ba ng mga bata sa panahon ng isang libong taon na paghahari sa Milenyum?" Yun ang tanong sa isip ko, na sinabi ko na sa inyo noong isang araw. Hindi ko alam. Maaaring ganoon; maaaring di rin ganoon. Magiging tapat mismo ako sa inyo sa abot ng nalalaman ko. Hindi ko alam hanggang ngayon. Kung ihahayag ito ng Diyos, sasabihin ko sa inyo. Pero mag-antabay kayo; kinakailangan kasing manggaling ito sa Diyos. Mga anak ko kayo. Hindi ko masasabi sa inyo. Hindi ko alam kung magkakaroon o hindi magkakaroon. Hindi ko masabi.

147 "O magkakaroon pa ba ng kasalanan sa lupa sa panahong 'yun?" Hindi! Wala nang kasalanan sa lupa. Nakagapos na si Satanas nun.

148 "May mga tao ba na nasa kanilang katawang pisikal sa lupa sa panahong 'yan?" Siyanga, po! Mayroon tayong mga niluwalhating katawan dito mismo sa lupa, na kumakain, umiinom, nagtatayo ng mga bahay, at—at—at namumuhay na gaya sa pamumuhay natin ngayon sa loob ng isang libong taon. Ito'y isang—ito'y honeymoon ng Nobya at Nobyo.

**296. Kapatid na Branham, anong ibig sabihin ni Jesus sa Mateo 12, talata 32, kung saan sinabi ni Jesus, "Ang sinumang magsabi ng isang salita laban sa Espiritu Santo ay hindi ipatatawad sa kanya, kahit sa sanlibutang ito, maging sa sanlibutang darating"? Pakipaliwanag po ang mga talatang ito ng Kasulatan sa akin. Salamat.** At mayroon itong pangalan nung tao; isa siyang ministro. Sige.

149 Kapatid, ako'y. . .isa kang teologo, ako'y hindi. Pero gusto kong sabihin ito, na sinabi ni Jesus, "Ang sinumang magsasalita laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin." Sa madaling salita, upang mailakip ito kasama ng iba pa sa Kasulatan, "Ang

lahat ng uri ng kasalanan ay ipatatawad sa tao, subalit ang pamumusong sa Espiritu Santo ay hindi ipatatawad sa mga tao." Ang pamumusong sa Espiritu Santo ay yaong panunuya, pagbabansag, pangungutya, na kapag ginawa ang bagay na ganoon ay 'yan 'yung punto na tinawid mo na ang hangganang-guhit sa pagitan ng tama at mali.

150 Ngayon, kapag nakita mo ang Espiritu Santo . . . Halimbawa, paano kung bababa rito ang Espiritu Santo at tatalos kagaya ng ginagawa Nito sa tuwina, at paano kung 'yun ang Espiritu Santo, at hindi mo pinaniwalaang 'yun nga Ito, at lumabas ka't tinuya mo Ito, at binansagan Ito nang kung anu-ano; wala akong pakialam kung ano pa man ang gawin mo, tapos ka na. At hindi mo 'yun maaaring gawin. Pinapatunayan lamang nun na hindi ka sa Diyos, dahil nananatili ang Binhi ng Diyos sa tao at hindi siya maaaring magkasala. At ano ang kasalanan? Ang di-pananampalataya. Kapag nakita niya ang Salita na nahayag, paniniwalaan niya Ito. At ang tanging magagawa niya . . .

151 Kita n'yo, may iisang kasalanan lang, isa lang ang kasalanan. Ilan ang nakakaalam nun? Yun ay ang di-pagsampalataya. Ganoon nga. Ang pagkakasala ng pangangalunya ay hindi isang kasalanan. Ang paninigarilyo, pagsisinungaling, pagmumura, hindi 'yun kasalanan. Yun ay mga bunga ng di-pagsampalataya. Ginagawa mo ito, dahil hindi ka isang mananampalataya. Siyanga. Kaya, kita n'yo, mayroon lamang isang kasalanan, 'yun ay ang di-pagsampalataya. "Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na." Kahit ano pa ang gawin niya o wala, nahatulan na siya sa umpisa pa lang. Sige.

**297. Kapatid na Branham, mali ba para sa isang kabataan na hindi kasal—hindi kasal** (hindi sinabi kung ano) **na magpaputol ng kanyang buhok . . . buhok nila?** Nakikinita ko na isa itong babae.

152 Oo! Oo, haya't—haya't mali para sa sinumang babae na magpaputol ng kanyang buhok.

Isang maiksing tanong lang 'yun. Kayo ba'y—kayo ba'y inaantok na? Buweno, sige't—sige't mamadaliin na natin ito nang simbilis na makakaya natin. Sinisikap ko na makadako dun sa binhi ng serpiyente.

**Ipanalangin ang aming anak na lalaki sa . . .**

Isa po itong kahilingan para sa pananalangin. Dinampot ko lang ang mga ito at iniisa-isa, mismo . . .

**298. Kapatid na Branham, pinahihintulutan ba ang kababaihan na magtrabaho sa pampublikong gawain yamang mayroon naman silang malusog na asawa't mga anak? Tinatanong ko ang tanong na ito para sa kapakanan ng iba.**

153 Buweno, di ko—di ko—di ko—di ko alam ang tungkol diyan. Di ko masabi. Pero mayroon lang akong—akong ganitong

saloobin. Hayaan n'yong sabihin ko ito: naniniwala ako, na kung isa akong—isang babae at alam kong ang asawa ko ay malusog at may magandang trabaho, nagtratrabaho, naniniwala akong isang—isang malaking kasiyahan sa akin na manatili sa bahay, alagaan ang aking mga anak at gawin ang. . . at—at—at alagaan ang aking mga anak at palakihin sila, at ibigin ang Panginoon. At kung may oras pa ako mula sa paghuhugas ko't mga gawaing-pambahay, sa tingin ko ay tuturuan ko ang mga anak ko kung paano sila makapaglilingkod sa Panginoon.

154 Ngayon, kung kayo'y may—may utang o isang responsibilidad na sinisikap mong tulungan ang asawa mong lalaki para mabayaran, o bagay na kailangan mong gawin para. . . Buweno, sa tingin ko ayos naman 'yun kung nagsisikap ka na matulungan siya. At—at mamuhay kayo bilang isang binibini. At sa aking—sa aking palagay ay mahirap ito. Walang lalaki na may mabuting pang-unawa ang nagnanais na ang maybahay niya'y mapunta sa isang grupo, kung saan may isang grupo ng malalaswa't, masasagwang kalalakihan at ganoong mga bagay. Pero kung kinakailangan ng babae na pumasok sa ganoon, sa tingin ko ay dapat siyang. . . alam dapat ng asawa niyang lalaki na isa siyang tunay na Cristiano na mapagkakatiwalaan, isang babaing katiwa-tiwala.

155 Pero ngayon, ang sabihing hindi siya dapat magtrabaho, hindi ko—hindi ko alam. Kita n'yo, walang Kasulatan para sumuporta dun. Akin lamang—akin lamang sinasabi ang opinyon na 'yan. Pero sa tingin ko kung gusto ng isang babae na magtrabaho at ibig niyang magtrabaho. . .

156 Ngayon, tunay na laban ako sa kababaihan na nagtratrabaho sa mga opisinang ito kung saan ang lahat ng mga lalaking negosyanteng ito. . . Na kung anu-ano ang inaasal, nagkukuwento ng mahahalay na biro. Tapos nariyan ang isang mabuti't, malinis na babaing nakaupo roon, at lahat nitong mahahalay na maruruming bagay ay ikinukuwento sa paligid katulad nun, ako—ako'y laban sa ganoon. Sa tingin ko dapat kayong lumabas mula sa ganoong mga bagay.

157 Pero ngayon, kung kaya namang panatilihin ng isang babae ang kanyang sarili bilang isang—isang tunay na binibini at magsisikap na tulungan ang kanyang asawang lalaki na magtrabaho para matugunan ang ilang gastos sa damit para sa pag-aaral ng mga bata, o—o mabayaran ang ilang bayarin, o bagay na ganoon, at gusto niyang magtrabaho hanggang sa matapos 'yun. . . Ngayon, ito'y di sabi ng Panginoon, dahil wala akong Kasulatan para rito. Sinasabi ko lang ito bilang opinyon ko; pero kung ibang bagay, hindi nga kalakip dito 'yung dahilan na gusto lang niyang magtrabaho para makapamasyal at magkaroon, o magkaroon ng mas maraming salapi para gugulin, maggagala, at magpupunta sa mga bahay-inuman, o iinom ng alak, maninigarilyo, at kung anu-anong ginagawa; sa tingin ko'y

hindi niya dapat gawin ang ganoon. Sa tingin ko'y dapat siyang manatili sa bahay, sikaping maging isang ginang, at alagaan ang kanyang bahay.

**299. Kung si Jesus sa ikalawang. . .**(Hindi!) **Kung si Jesus. . . kung kayo sa ikalawang pag-aasawa na ang parehong partido ay diborsiyado. . .ang. . .itong (p-a-g-s-i-. . .) ang pagsisisi ba'y sapat na pagsisisi, o kailangan mo bang wakasan, o, kailangan mo bang wakasan ang pakikipag-asawang 'yan upang maitama?**

"Kung—kung kayo'y nasa ikalawang pag-aasawa na ang parehong partido ay diborsiyado. . . " Sa tingin ko'y nasagot ko na 'yan. Kita n'yo? Oo, nasagot na 'yan. Kung saan ang parehong partido ay—ay. . . akin lamang. . .

158 Ako—ako nga'y napapaisip na sana di na natin kailangang pagdaanan ang mga ganitong bagay, mga kapatid. May mga kaibigan akong nakaupo rito, diyan sa mga tagapakinig dito na kakilala ko. . . Napakahirap para sa akin na sabihin 'yun, pero kailangan kong—kailangan kong sabihin 'yun. Kita n'yo? At ang sanlibutan ay nasa isang kalagayan na napakasama na.

159 Isang kaawa-awang, munting babae ang nagkamali't nakapangasawa ng isang lasenggo at—at nabaling sa ganoong gawi, o may isang kaawa-awang lalaki ang nagpakasal sa isang babaing nagpapatutot sa lansangan at hindi 'yun nalalaman, at pagkatapos ay matatali sa babae o lalaking 'yun hangga't sila'y nabubuhay. Isang kahindik-hindik na bagay 'yun. Ang pag-aasawa ay isang sagradong bagay.

Madalas ang mga kabataang makasalanan ay pumapasok at gumagawa ng ganoong mga bagay, at pagkatapos nagtataka sila kung ano't nangyayari na lang ang ganoon. Ako—Ito'y. . . naniniwala ako, kung pahihintulutan ako ng Panginoon na maipaliwanag itong pag-aasawa at diborsiyong ito sa paraang nararapat, naniniwala akong lilinawin nito ang napakarami sa mga 'yun. Itong lahat. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

**300. Nakikita namin. . .Bakit hindi namin maibenta ang aming bahay? Salamat. Kami. . .P.S. Nanalangin na kami't nag-ayuno—at—para maibenta ito, pero wala pa ring resulta.**

160 Buweno ngayon, Kapatid na lalaki o Kapatid na babae (hindi nila isinulat ang kanilang pangalan), pero kung sino man ito, ngayon, kung sinisikap n'yong ibenta ang ari-arian n'yo at ginawa n'yo na ang lahat ng inyong. . . Gusto n'yo itong ibenta at marahil para bumili pa o anumang kadahilanan na ibig n'yong gawin, hindi ko alam. Kung tama ang layunin n'yo, na nagsisikap kayong makabili ng isang tahanan. . . Kung may mga anak kayo o bagay na ganoon, na gusto n'yo silang maikuha ng mas magandang tahanan o kung ano. . . Hindi ko alam ang lahat ng tungkol dito, pero sasabihin ko ito: Kung sinisikap n'yong ibenta ito, at nag-aayuno at nagsisikap na maibenta ito, kung

ganoon ay ilagak n'yo ito sa Panginoon at kalimutan n'yo ang tungkol dito. Kita n'yo? Dahil maaari mismo na ang Diyos... Baka lumipat kayo sa ibang lugar, at maaaring hindi 'yun tama. Kita n'yo?

161 Kung Cristiano kayo at nagtitiwala sa Panginoon, dahil tunay na kayo nga dahil kung hindi'y di sana kayo mag-aayuno at mananalangin. Kita n'yo? Kaya ipagkakatiwala ko lamang ito sa Panginoon. Sasabihin, "Ngayon, Panginoon, kapag oras Mo na para maibenta namin ito, magpapadala Ka ng isang bibili." Kung ganoon ito'y nailagak na sa Panginoon, alisin n'yo na ang inyong kamay dito't magpatuloy. Naniniwala akong uubra ito. Medyo binibilisan ko na ito, dahil nauubusan na ako ng oras.

**301. Kapatid na Branham, mali ba para sa isang babae na kulutin ang kanyang buhok?**

162 Natapos ko na 'yun. Oo naman, di ko alintana, basta't panatilihin n'yo itong mahaba. Kita n'yo? Hindi ko...alam ko na kayo'y...hindi ko ibig na iparating 'yan na parang "pagbibiro" sa inyo na mga kababaihan. Kita n'yo? Taos-puso po ito. Gusto n'yong—gusto n'yong—gusto n'yong malaman, at tinatanong n'yo ako. May tiwala kayo sa akin o kung hindi'y hindi n'yo itatanong 'yan sa akin. Ngayon, may tiwala ako sa iyo, Kapatid na babae, na itong bagay na sasabihin ko sa inyo, ay naniniwala akong gagawin ninyo.

163 Hindi ko masuportahan 'yun sa pamamagitan ng Kasulatan. Kung ibig mo...Kung wala kang maganda't, kulot na buhok at isa kang babae, gusto mong maging maganda para sa iyong asawang lalaki, para sa iyong kasintahan, o bagay na parang ganoon, hindi ako—hindi ako makapagsasabi sa inyo tungkol sa pagkukulot ng inyong buhok o—o ano mang tawag nila rito, pagkukulay o kung ano? Wala akong—wala akong masasabi tungkol dun; nasa inyo na 'yan. Kita n'yo? Ako—ako...Nasa sa inyo na mismo, sa pagitan...Isangguni n'yo na lamang sa Panginoon kung anong gagawin, Kanyang—Kanyang sasabihin 'yun sa inyo, dahil ako—ako'y nagsisikap lamang na ipaliwanag ang mga bagay sa pamamagitan ng Kasulatan. Kita n'yo?

**302. Pakipaliwanag po ang Unang Mga Taga-Corinto 13:8-12. Ngayon na naipanumbalik na ang sakdal na Salita sa Iglesya ay—ay natupad na ba ang mga talatang ito?**

164 Ngayon, natalakay ko na 'yun sa tingin ko, di po ba? "At kapag ang sakdal ay dumating, ang bahagi lamang ay magwawakas." Sabi ni Pablo, "Kahit pa ako'y nagsasalita sa wika ng tao at ng mga anghel, at ginagawa ang lahat ng mga bagay na ito rito...Ngunit kung ang sakdal ay dumating..." Ngayon, mayroon bang anumang sakdal maliban sa Diyos? Wala, po! Ang Diyos ba ang sakdal? *Sa pasimula ay ang* [Sinasabi ng kongregasyon, "*Salita*."—Pat.] *at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos*. Ang Salita ay Diyos pa rin. Kita n'yo?

Buweno. Kung ang sakdal ay dumating, ang bahagi lamang ay magwawakas.

**303. Kapatid na Branham, mali bang magpagupit ng flattop?**

165 Sa palagay ko—sa palagay ko'y isa itong lalaki; sana—sana po. Buweno ngayon, ginagawa kasi 'yun ng ilang kababaihan. Ganoon nga. Paakyat ako sa isang bus minsan noong tanod ako ng mga namamaril ng hayop sa estado rito. Papaakyat dito. . .Nakaupo ako roon, at may lalaking nagsasalita, suot-suot ang cap ng isang tagapaghinang, at kinakausap ko nga siya. At sige siya sa paghitit ng sigarilyo, suot-suot ang salamin na panghinang na nakataas nang paganoon. Doon nga ito sa may Sellersburg. At nakaupo ako roon kausap ang taong 'yun. May sinabi siya roon, at natawa kaming lahat; natabig ko siya sa may binti niya; sabi ko, "Naku, may—may kung ano nga dun, diba?"

At nakaupo ako roon nang paganoon, at 'yung—sa halos katapat—isang babae ang nakaupo sa kabila ang nagsalita, "Siyanga pala, Ruth, pupunta ka ba sa . . . ?"

166 Nakasuot ng oberol, malaki ang katawan, matipuno na parang isang lalaki, nakaupo roong humihitit din ng sigarilyo at pinapalabas 'yung usok sa kanyang ilong, ang akala ko'y lalaki. Tungkol sa parang may naghulog ng isang asetilenong sulo at may kung anong ginawa, natamaan ang ulo nung isang tao't natumba 'yung *kung-anong-tawag* dun, at biglang nagtawanan. Tumawa rin ako at napalo siya mismo sa biyas, na inaakala kong isang lalaki siya. Hindi ko alam ang pagkakaiba. Hindi mo talaga masabi. At ang sabi ng Biblia, "Ang sinumang babae na nagsusuot ng nauukol sa isang lalaki, isa itong karumal-dumal." Hayan nga.

167 Kaya, Kapatid na lalaki, kung gusto mong magpagupit ng flattop, sasabihin ko sa iyo: hintayin mo lang na sumapit ka nang halos kaedad ko, magkakaroon ka na nun. Kaya. . . Ayos lang 'yun. Hindi ko ibig sabihin na parang ganoon dapat, kaibigan. Pagpalain ang puso mo kung naniniwala kang sinasabi ni Kapatid na Branham sa iyo ang katotohanan. Sa palagay ko'y wala namang sinasabi ang Diyos tungkol sa lalaki, ang kanyang—ang kanyang lambong ay basta pinapagupitan niya ang kanyang buhok. Kapag hahayaan niyang humaba ang buhok niya na tulad sa babae, ang sabi ng Biblia'y kahiya-hiya para sa isang lalaki na gawin 'yun.

168 Pero ngayon, kung kayo—hangga't ang buhok n'yo ay ganyan at kayo'y munting batang lalaki. . .At alam kong marami na akong nasabi tungkol dito: "At kayong, mga Ricky, na ang gupit ay flattop," at lahat na parang ganoon, at mga bagay na gaya nun, pero sa akin—sa akin lamang 'yan. Kita n'yo?

169 Sa palagay ko—sa palagay ko'y walang anuman sa Diyos kung paano ang pagkakagupit ng lalaki sa kanyang buhok, basta't pinagugupitan niya ito, dahil ang ulo niya ay ang

Diyos. Pero ang ulo ng babae ay isang lalaki; kung kaya't, dapat siyang. . . At kapag ginupitan ng babae ang kanyang buhok, niwawalang-puri niya ang kanyang ulo. Kung ganoon ang isang babaing walang dangal ay dapat na idiborsyo at hiwalayan. Tama ba? Kaya kapag ginupitan ng babae ang kanyang buhok, ang kanyang—kanyang asawang lalaki ay may ganap na karapatan ayon sa Biblia na hiwalayan siya dahil sa maling pamumuhay—dahil sa pagiging walang dangal. Ilan ang nakakaalam na 'yun nga'y Katotohanan? Ganoon ang sinabi ng Biblia, dahil niwawalang-puri niya ang kanyang ulo. Walang babaing walang dangal ang dapat na kasamahin.

**304. Kapatid na Branham, noong kausapin ni Isaias ang mga anak na babae ng Sion** (o kinausap, ibig kong sabihin, sa palagay ko ang ibig nilang sabihin "mangusap ukol sa") **sa mga anak na babae ng Sion ukol sa mga pangkulot, pagkukulot ng buhok, sa halip na maayos na buhok, pagiging kalbo; sa halip na isang. . . Maaari bang iaplika 'yan sa panahong ito o wala na bang bisa ang matandang Biblia gaya ng sinasabi ng ilan?**

170 Ang matandang Biblia ay may bisa sa tuwina, at ang bawat salitang sinasabi ng Diyos ay may bisa. Siyanga, po! Ang tanging bagay na ginagawa nito mula sa bagong Biblia patungo sa matandang Biblia, ay pinaiigting mismo nito. Sabi ni Jesus, "Narinig ninyong sinabi nila, 'Huwag kang mangalunya' (na kinakailangan nasa akto ka); pero sinasabi Ko sa inyo, ang sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala na ng pakikipangalunya kasama ang babae sa kanyang puso." Napakadakila't katangi-tanging mga bagay ang mga ito!

Ngayon, kailangan ko nang magtapos, mga kaibigan. Medyo lumalalim na ang gabi. Ngayon, masyadong napahaba ang isang 'yun. Tingnan natin kung matatalakay ko pa ang iba. Tingnan natin.

**305. Kapatid na Branham, paano dapat** (oh, naku!) **ang buhok ng mga kababaihan?**

171 Muli, haya't sa anumang paraan na gusto n'yo. Unang Timoteo 2:9. Kita n'yo? "Ang mga babae ay dapat magdamit na may kahinhinan." **Gusto kong—gusto kong manamit na malulugod ang Diyos.** (Pagpalain ka ng Diyos, minamahal na Kapatid na babae.) **Salamat. Pagpalain ka po ng Diyos. Ipanalangin mo po kami**. At isinulat nung tao ang kanyang pangalan.

172 Sharon, sige, Kapatid! Pagpalain ka ng Diyos. Basta't mahaba, Kapatid. Isa po itong munting kabataang babae. Pagpalain ka ng Diyos, Iha. Ayos 'yan, ipagpatuloy mo lang.

**306. Pagkatapos na agawin ang Nobya may maliligtas ba na alinman sa mga mangmang na dalaga o mapapahamak sila?**

173 Hindi! Kita n'yo, matatapos ang lahat para sa iglesyang Gentil kapag kinuha na ang Nobya mula sa lupa. Lilisanin na ng Espiritu ng Diyos ang lupa: "Ang marumi ay hayaang magpakarumi pa; ang matuwid ay hayaang maging matuwid pa; ang banal ay hayaang magpakabanal pa." Sa madaling salita magiging mausok na ang santuwaryo, kung saan ang—ang Abogado ay nakatayo para iapela ang kaso. Lilisanin na ni Cristo ang santuwaryo; tapos na ang araw ng Kanyang pamamagitan. Darating ang Pag-agaw; aalis Siya mula sa santuwaryo, pupunta at kukunin ang Aklat ng Pagtutubos, at aangkinin na ang lahat ng Kanyang mga tinubos. At wala nang gawain ng pamamagitan. Ilan ang nauunawaan 'yun? Natalakay ko na ito sa isa sa mga Tatak—o isa sa . . . Oo, sa mga Tatak, sa paniwala ko, na pupunta si Cristo upang angkinin ang Kanyang gawa ng pamamagitan.

174 Ngayon, pansumandali. "Maliligtas ba ang mangmang na dalaga?" Hindi! Anuman ang mangyayari sa kanya'y—mangyayari na ngayon. Pagkatapos ng panahong 'yun na siya'y nasa kalagayang 'yun . . . Ngayon, kakailanganin niyang dumaan sa Panahon ng Kapighatian. At ang dahilan nito, ay dahil tinanggihan niya ang Katubusan sa kabuoan Nito. Mananampalataya siya, isang nag-aangking mananampalataya, pero kinakailangan niyang dumaan sa Panahon ng Kapighatian. Sabi ng Biblia, "At ang nalabi sa kanila, nagbuga ang dragon ng tubig mula sa kanyang bibig upang humayo at digmain . . . " At nakakahilakbot na oras 'yun. Ang . . .

175 Wala pang panahon kailanman sa kasaysayan kung saan ang iglesyang nominal ay lubos ang pagkagutom sa kanya na maghanap ng bautismo ng Espiritu Santo. Ako—ako'y nagsasalita para sa Christian Business Men. Malimit, ito'y Presbyterian, at Lutheran, Catholic, at lahat mismo, mga Baptist na daan-daan ang bilang, Church of Christ, mga Nazarene, Pilgrim Holiness, Seventh Day Adventist, dumadagsa ang bawat isa sa kanila sa pagsusumikap na—na makahanap . . . Kita n'yo?

176 Ngayon ito'y isang mabigat na bagay. Kung maaari sana'y huwag n'yo itong kuhanin bilang isang doktrina pero nauunawaan n'yo ba kung ano ang sinabi ng Kasulatan na mangyayari kapag naganap na 'yun? Tapos na ang oras. Dahil tingnan n'yo, may pitong dalaga, o sampung dalaga na lumabas upang salubungin ang Nobyo, at kalahati sa kanila ang may langis sa kanilang ilawan, kalahati sa kanila ay wala. Iyon ang bahagi ng Katawan na patay at ang bahagi na buhay. Ang lima ay matatalino, noong sila—noong ang sigaw ay dumating, "Narito na ang Lalaking Ikakasal . . . " lahat sila'y nagsipag-igi, o, gumising at pinag-igi ang kanilang mga ilawan para pumasok na sa hapunan ng kasalan. Pero noong sabihin ng mangmang na dalaga, "Bigyan n'yo kami ng kaunti sa inyong langis, namatay na ang aming mga ilawan. (Kita n'yo?) Bigyan n'yo kami ng inyong langis." Sabi nila, "Hindi puwede, sapat

lang ang mayroon kami para sa aming sarili. Humayo kayo at bumili." At habang umalis sila para bumili, dumating na ang Nobyo.

177 Noong ipinarating na ang proklamasyon, ang kautusan, "Parating na ang Lalaking Ikakasal," gusto ng lahat na mapaging maayos, nang dali-dali. Hindi ba't 'yun na ang oras kung kailan ang sulat-kamay ay nasa pader na?

178 "Oh, gusto namin ng bautismo ng Espiritu Santo." "Gusto namin ng *ganito*, *ganoon*, o ng *iba pa*!" Pero habang umalis sila para bumili Nito, dumating ang Nobyo. Pumasok ang matatalino, at naiwan sila sa labas kung saan mayroong pagtangis, pag-iyak, at pagngangalit ng mga ngipin.

179 May magagandang tanong ako rito na maisusunod diyan: "Sino 'yung tao na nakasuot ng balabal na pumasok, na hindi nakadamit pangkasal?" At ang lahat ng mga tanong na 'yun na maiuugnay dun mismo.

**307. Dapat bang magbigay ang isang tao ng ikapu sa isang indibiduwal, o dapat bang magtrabaho ang isang Cristiano?**

180 Oo't dapat naman talaga. Ang taong nagtratrabaho, ay isang Cristiano.

181 "Magbigay ng ikapu sa isang indibiduwal?" Depende kung sino 'yung indibiduwal. Kita n'yo? Ganoon nga. Sa Mga Hebreo 7, sa unang pagkakataon na napag-usapan ang ikapu sa—sa isang tayo na ating. . .Sandali, sa palagay ko, ang ikalawang tanong. Hindi! Uh-uh. Hindi! Para kay Kapatid na lalaking. . .Sabi, "Dalawang tanong para kay Kapatid na Branham."

182 Noong. . .Sa ika-7 kabanata ng Mga Hebreo, noong si Abraham, ay pabalik galing sa paglipol sa mga hari, at sinalubong si Melquisedec, binigyan niya Siya ng ikapu. Iyon si Melquisedec, na Hari ng Salem, na siyang Hari ng Kapayapaan, at Hari ng Katuwiran, na wala nang iba kundi ang Diyos Mismo. Kita n'yo?

183 Pero kapag nagbabayad kayo ng ikapu. . .Ang totoo n'yan, 'yung dako kung saan dapat kayong magbigay ng inyong ikapu ay 'yung dako kung saan kayo kumukuha ng inyong pagkain. "Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa Aking kamalig, sabi ng Panginoon. (Tama ba?) At subukin ninyo Ako kung saan ang sabi ng Diyos, na kung hindi Ko bubuksan ang mga bintana ng Langit at ibubuhos sa inyo ang isang pagpapala na wala kayong sapat na silid na paglalagyan." Hinahamon ko ang sinumang lalaki o babae na hindi nagbibigay ng ikapu na tanggapin 'yun.

184 Makakatayo ako rito hanggang mag-umaga, na sinasabi sa inyo kung ano mismo ang nangyari noong makita ko 'yun, at kung anong naging kalagayan ko. Pero sa katapatan na

makakaya ko, nagbibigay ako ng ikapu. At kapag kinukuha ko ang sarili kong pera mula rito sa simbahan, o mula sa mga pagmimisyon ko, ay hinihigitan ko pa. . .nagbibigay ako ng ikasampu. Pagkatapos ibinibigay ko 'yun sa mga ministro, at ibinibigay ang natitira nun sa mga ministro. Pagkatapos, kapag di ko 'yan magawa, haya't ang ginawa ko, nagtitira ako ng sampung porsiyento at ibinibigay sa Diyos ang siyamnapu. At pagkatapos, noong sabihan ako ng batas na hindi ko puwedeng gawin 'yun, na kinakailangan ko raw kumuha. . .At kung kumuha raw ako, sisingilin lahat dun, pagkatapos dun pa lang ako kukuha at pasikutin ko raw 'yun sa mga pagmimisyon sa labas ng bansa at iba pa, at pagkatapos ay kumuha raw ng sahod mula roon na sandaang dolyar kada linggo; at mula roon ko babayaran ang ikapu ko.

185 Siyanga, po! Naniniwala ako sa pagbibigay ng ikapu. Isa ito sa mga pagpapala ng Diyos na napatunayang pagpapala nga. Sasabihin n'yo, "Sa Lumang Tipan pa 'yan." Sa Bagong Tipan din ito! Siyanga, po!

**308. Minamahal na Kapatid na Branham, kapag naisilang ba ang isang sanggol nang. . .labas sa kasal, maliligtas ba ang batang ito o makakasama sa Pag-agaw?**

186 Ligtas? Aba'y oo naman, naniniwala akong 'yung bata ay maaaring. . .Wala namang kinalaman 'yung bata kung ano ang nangyari. Totoo naman. Pero aking. . .Tungkol sa pagsama sa Pag-agaw. . .Ligtas, sasabihin ko, "Oo." Pero sa Pag-agaw ang predestinadong binhi ang makakasama sa Pag-agaw. At hindi ako maniniwalang ang pangangalunya ay isang predestinadong binhi. Naiintindihan n'yo po ba? Kita n'yo? Naniniwala akong maaaring 'yung mga tao—maaaring maligtas ang sanggol; wala itong—wala itong karapatan sa sarili nito. Isa itong hindi kanais-nais na gawa't mga bagay-bagay.

187 Pero noong panahon, ng Lumang Tipan kapag naipanganak ang isang sanggol na isang bastardong anak, ni hindi ito maaaring pumasok sa kapisanan ng Panginoon sa loob nang sampung salinlahi, apatnaraan at ilang taon, napakatindi ng sumpang 'yun. Isipin n'yo. Isang inosenteng sanggol, 'yun nga'y apo, ng apo, ng apo, ng apo, ng apo, ng apo, ng apo, ng apo, ng apo ng apo, isipin n'yo, 'yung apo, ng apo, ng apo, ng makasampung apo ng apo ng sanggol ay ni hindi maaaring makapasok sa kapisanan ng Diyos. Siyanga.

188 Pero nakita n'yo, wala noong sapat na malakas para mapatawad ang kasalanang 'yun. Ang dugo ng Lumang Tipan ay di nagpatawad ng mga kasalanan; tinakpan lang nito ang mga kasalanan. Pero 'yung Dugo ni Jesus Cristo'y talagang inaalis ito. Iba nga mismo. Noong dumating na ang Dugo ni Jesus Cristo, 'yun nga'y iba na.

**309. Kapatid na Branham, gusto naming maging malapit sa Mensahe mo hangga't maaari. Maaari ba kaming lumipat sa Arizona o Jeffersonville?**

189 Nasa sa inyo 'yan, alinman ang pasya n'yo. Tunay na minamahal ko kayo, walang anuman sa akin saanman kayo pumunta, anuman ang gawin n'yo. Pero ngayon, bilang payo, sa palagay ko'y pupunta-punta ako ng Jeffersonville. Kung naiisipan n'yong lumipat, heto't pumupunta-punta ako ng Jeff. Naniniwala akong mas madalas na nandito ako kaysa sa naroon ako sa Arizona. Walang problema.

**310. Kapatid na Branham, huli—huli na ba para mangaral pa sa mga makasalanan?**

190 Hindi! Hindi! Huwag mong ilalagay 'yan sa isipan mo, kapatid. Ipagpatuloy mo ang pagtatayo sa bahay. Ipagpatuloy mo lang ang paggawa ng lahat ng magagawa mo. Basta magpatuloy ka hanggang sa tawagin ka nang paalis dito. Kita n'yo?

**311. Tanong bilang dalawa. Dapat bang ihiwalay ng mga ligtas ang kanilang sarili mula sa mga makasalanan sa pagsamba? Dapat bang humiwalay ang mga ligtas na mula sa mga makasalanan sa pagsamba?**

191 Hindi ko alam kung ano mismo ang eksaktong ibig mong sabihin diyan. Kung ang ibig mong sabihin ay mga makasalanan na gaya roon sa. . .Inyo ngang sinasamba ang Diyos sa lahat ng dako. Pero sa tingin ko kung ihihiwalay natin, papaano pa tayo magdaraos ng panambahan, dahil dumadalo mismo ang mga makasalanan sa simbahan at nauupo sa tabi ng Cristiano. Huwag n'yong ihihiwalay kailanman ang sarili n'yo sa anumang bagay maliban sa kasalanan, hindi sa makasalanan. Akayin n'yo ang makasalanan kung magagawa n'yo, pero huwag kayong maging kabahagi ng kanyang kasalanan.

**312. Dapat bang itanggi ng isang asawang babae ang kanyang sarili sa kanyang asawa kung isa itong makasalanan?**

192 Hindi, po! Hindi, po! Asawa mong lalaki 'yan. Maitataboy mo siya nang mas malayo sa Diyos kapag gagawin mo 'yan. Kita n'yo? Siyanga, Kapatid na lalaki, Kapatid na babae. Pinakasalan mo siya; siya'y sa'yo, at ikaw ay kanya.

**313. Kapatid na Branham, ano po ang ibig sabihin ng pagpapawalang-bisa ng kasal? Malaya na bang mag-asawa ang mga tao o ito kaya'y panibago lang na salita para sa diborsyo? Gusto ko po ng ilang impormasyon tungkol dito.**

193 Oo't sila'y kasal. Hangga't nanumpa sila, kasal sila. Gaya ng isang lalaki, kapag nangako ang isang lalaki sa isang babae na pakakasalan siya na may sinserong layunin, obligado siya sa babaing 'yun. Katumbas na rin ng pinakasalan niya siya. Ang bagay lang na ginagawa ng batas, ay bigyan kayo ng isang—

isang panukalang-karapatan na mamuhay na magkasama para di kayo maging lalaki't babae na nagsasama lang. Siyanga't kapag sinabi ng isang lalaki sa isang babae, "Pakakasalan kita, Mahal; kukunin kita bilang aking maybahay. Maaari mo bang tanggapin . . . ?" siya'y kasal na.

194 Sagrado ang sumpaan n'yo; 'yun naman talaga ang nagkakasal sa inyo. Walang mangangaral ang makapagkakasal sa inyo, walang mahistrado, walang iba pa; ito'y sa sarili n'yong panata sa Diyos at sa lalaking 'yun. Kapag nagpangakuan kayo, kasal na kayo.

195 Tingnan n'yo. Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, 'yun po ba'y . . . ? Ang sabi mo . . . Ang sabi mo'y sasagutin mo lang 'yan sa pamamagitan ng Biblia." Gusto n'yo bang makita sa Biblia ang tungkol dun? Itaas n'yo po ang kamay n'yo kung gusto n'yo. Ngayon, mayroon tayong humigit-kumulang anim o walong minuto na lang. Sige.

196 "Si Jose, na kanyang asawa, palibhasa'y isang taong matuwid (ang kanyang mapapangasawa na lalaki, tinawag na siyang kanyang asawa) . . . Si Jose, na kanyang asawa, palibhasa'y isang taong matuwid, ay 'nagpasya' na lamang hiwalayan siya nang lihim sa bagay na ito; ngunit bago sila magsama, natuklasang siya'y nagdadalan-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo. (Kita n'yo?) At nagpakita ang Anghel ng Panginoon sa kanya sa isang panaginip at nagsabi, 'Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin, si Maria, na iyong asawa.'" Haya't kasal na, nangako na siya sa babae.

197 At sa . . . At kaya munting binibini, kung nangako kang pakakasalan ang binatang 'yan, obligado kang gawin 'yun. Kung pinakasalan mo ang iba kasunod ng obligasyong 'yun, ikaw, magmula ngayon ay hayan nga't, mamumuhay ka na sa pangangalunya. At pansinin, ganoon din ito sa isang binatang nangangakong pakakasalan ang isang babae . . .

198 Huwag kayong mangangako sa sinuman maliban na taos sa puso mo na tuparin 'yun. Tandaan n'yo, mayroong Biblia para rito. Nangako si Jose na pakakasalan si Maria. At sinabi ng Diyos na 'yun ay . . .

199 Basahin n'yo ang mga batas sa Lumang Tipan ukol dun. Kita n'yo? Sa batas sa Lumang Tipan, kung nangako ka sa isang babae, at pinakasalan mo ang iba, nagkakasala ka ng pangangalunya; at paaalisin ka sa kampamento. Siyanga, po! Kailangan n'yong tuparin ang inyong mga panata kapag nangako kayo ng ganoon sa isang babae. Ang babae'y isang sagradong munting sisidlan, at 'yun ay upang magluwal ng buhay ng bata sa mundo muli. Kaya kapag nangako ka sa kanya, kailangan mo siyang pakasalan.

**314. Huli na ba para sa mga gawain sa bilangguan at ganoong mga gawain para sa patotoo upang magsikap na**

**makapagligtas ng mga kaluluwa? Mangyari rin na dapat na bang ibenta ninuman ang lahat ng mayroon sila ngayon, yamang napakalapit nang dumating ng Panginoon?**

200 Buweno, paano—paano n'yo. . .Umaasa akong hindi ako nagbanggit ng anumang magiging dahilan para maniwala kayo nang ganoon. May nabanggit ba ako? Kung nakapagbanggit ako, patawarin n'yo po ako! Hindi ko ibig sabihin. . .Kita n'yo? Huwag n'yong ipagpalagay ang mga ganoong bagay. Magpatuloy kayo, sa pangangaral, pagdaraos ng mga gawain sa bilangguan, na tinatanggap ang lahat, at huwag. . .

201 Tingnan n'yo rito. Ang mga Seventh Day Adventist dito hindi pa katagalan, mga limampu o animnapung taon na ang nakalipas, nakita ko ito sa pahayagang *Courier-Journal* (mayroon ako nito sa kung saan sa isang baul), isang napakalaking lathala sa pahayagang *Courier-Journal*, kung saan may inilabas sila roong bagwis-bagwisan, kung saan ang tawag pa sa kanila noon ay mga Millerite bago sila naging mga Seventh Day Adventist. At mayroon silang isang buong malaking pahina sa pahayagang *Courier* dito sa Franklin Kentucky, noong ibinenta nilang lahat ang kanilang ari-arian at may. . .Nagtakda sila ng isang araw, pinatunayan daw nila 'yun sa pamamagitan ng Kasulatan, na darating na raw si Jesus sa araw na 'yun, at umakyat doon at kinuha ang kanilang mga alpa't mga gamit-gamit, at naupo sa tuktok ng burol. Kinaumagahan ay nagsibaba, nalagas nung hamog ang lahat nung balahibo, at bumaba silang bigo. Kita n'yo? Mga kulto ito't ganoong bagay.

202 Huwag n'yong paniniwalaan 'yun. Maaaring hindi pa nga darating si Jesus sa loob ng sandaang taon. Hindi ko alam kung kailan Siya darating. Walang nakakaalam kung kailan Siya darating! Pero sisikapin kong magpatuloy sa pangangaral at gagawin ang lahat ng magagawa ko hanggang sa dumating Siya. Kung wala pa Siya rito ngayon, hihintayin ko Siya bukas. Kung wala pa Siya rito hanggang. . .sa linggong ito, hihintayin ko Siya sa susunod na linggo. Kung wala pa Siya rito sa susunod na sampung taon, at buhay pa ako, hihintayin ko Siya hanggang sa susunod na tatlumpung taon. Kita n'yo? Hihintayin ko pa rin Siya. Hindi ko alam kung kailan Siya darating, anupa't gusto kong mamuhay nang tapat sa Kanyang Salita at tapat sa Kanyang mga tao, at mamuhay na gaya ng isang Cristiano, at maghintay para sa Kanyang pagdating. Kita n'yo?

203 Ipagpatuloy n'yo ang pangangaral sa mga gawain sa bilangguan, iligtas ang lahat ng kaya n'yo. Hindi ko alam kung kailan Siya darating; walang nakakaalam. Pero sasabihin ko ang isang bagay na ito. Ito ang sinisikap kong sabihin sa inyo, at umaasa akong hindi n'yo susubukang ilagay ang sarili n'yong pagpapaliwanag. . .Hindi ko pinapagalitan ang taong ito. Pagpalain ka ng Diyos Kapatid na lalaki, Kapatid

na babae, kung sino ka man. Siguro'y taga-ibang bayan ito, dahil nakasulat ito sa isang—sa isang postcard, sa tingin ko, mula Denver, Colorado, at. . . Oo, Pike's Peak, Colorado. Kaya baka ipinadala ito ng isang tao sa pamamagitan ng koreo, pero siyanga't—siyanga't ayos lang 'yan. Baka makakuha sila ng teyp na ito.

204 Pero tandaan natin, huwag n'yong papalitan ang kahit ano, tanging ang mga pag-uugali lamang n'yo mula kasalanan patungo sa katuwiran. Magpatuloy lamang kayo sa inyong trabaho, na nagpapatuloy lang. Lahat ba ay nauunawaan 'yun nang malinaw, magsabi ng, "Amen," [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Gawin n'yo po 'yun!

**315. Kapatid na Branham, sa Mateo 12:40, sinasabi nito, "Kung papaanong si Jonas ay nasa—tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan ng balyena; gayundin naman ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabing mapapasailalim ng lupa." Papaanong mangyayari ang araw na 'yun na sinasabi nila. . . ngayon na sinasabi nilang inilagay Siya sa libingan ng Biyernes ng gabi at bumangon ng Linggo ng umaga, na kung susumahin ay dalawang gabi't isang araw lang?**

205 Ngayon, kung mapapansin n'yo, ang sabi nito, "Kung papaano" (kita n'yo?) sa panahon noong napasa tiyan si Jonas nang tatlong araw at tatlong gabi. Ito nga'y sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi, sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi po ito, dahil hindi mo maaaring gawing sinungaling ang Kasulatan. Ang sabi ng propeta, "Hindi Ko hahayaan ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni iiwan Ko ang Kanyang kaluluwa sa impyerno." At nagsisimula ang pagkabulok ng katawan ng tao sa loob ng pitumpu't dalawang oras, na tatlong araw at tatlong gabi. Anumang oras sa loob ng tatlong araw at tatlong gabing 'yun ay kailangan Niyang lumabas mula sa libingan.

206 Kaya dahil tatlong araw at tatlong gabi, hindi ibig sabihin na kailangang eksaktong ganoon; ito nga'y panahon sa loob ng tatlong araw at talong gabi na 'yun. Kinailangan Niyang lumabas, dahil hindi maaaring mabali ang propesiya, na ang. . . Hindi Siya maaaring makakita ng kabulukan at kung hindi'y nabulok na sana kung nanatili Siya nang eksaktong ganoong katagal.

**316. Kapatid na Branham, kung ang isang lalaki ay ikinasal na at nakipaghiwalay** (Hindi ba't napakaterible nun, kita n'yo, napakarami? Ngayon, wala akong sinasabing laban sa mga tao; mangyari lamang na nasa isipan 'yan ng mga tao. Siyanga, naguguluhan sila. Ang Pag-agaw, hindi gaanong iniisip 'yan dati ng mga tao; hindi masyadong pinapansin. Pero ngayon, banderang-bandera na ito sa mundo. At nababasa ng mga tao itong mga bagay sa Kasulatan. At ang mga taong, Hinirang, doon ay nagsisipasok upang

tingnan ito. At nakikita nila ito, at sila'y taimtim. Gusto nilang malaman. Yan ang dahilan kung bakit gusto ko itong sagutin nang makatuturan sa abot nang makakaya kong paglalahad sa inyo.) **—ikinasal na at nakipaghiwalay at pagkatapos nagpakasal uli sa isang babaing ikinasal na rin at nakipaghiwalay at pagkatapos ay nagpakasal sa kanya, at ang dalawang ito ba'y maaaring—maaaring . . . kasal sa paningin ng Diyos . . . sila ba'y kasal sa paningin ng Diyos? Maaari kayang kapwa sila o isa sa kanila'y mapasama sa Pag-agaw?**

207 Maaari kaya? Hindi ko alam. Hindi ko masabi sa inyo. Ang tanong ay, "Makakasama ba sila sa Pag-agaw?" Nakipaghiwalay, bawat isa sa kanila'y nakipaghiwalay, bawat isa sa kanila'y may buhay na kapareha, pagkatapos nag-asawa sila uli, pareho silang nag-asawa uli. At ngayon, ang isa na . . . Itong babae'y may buhay na asawang lalaki; ang lalaking ito'y may buhay rin na asawang babae. At ngayon, may mga anak na sila't hayan na nga at gusto nilang lumapit sa Diyos. Maaari ba silang makasama sa Pag-agaw? Ang Ama sa Langit na ang bahala roon. Hindi ko 'yan masasagot. Kita n'yo?

208 May—may nakita akong isang bagay. Sinabi ng Biblia na tatawagin silang mangangalunya. At sinabi rin ng Biblia, "Hindi makakapasok ang isang mangangalunya sa Kaharian ng Langit." Yun lang ang masasabi ko. Alam ko—alam ko, sadyang napakasakit para sa akin na sabihin 'yan, pero wala akong masasabi kundi kung ano lang ang sinasabi ng Salita. Kailangan kong manatili roon. Sana'y mali ang lahat ng 'yun. May mga dako sa Biblia . . .

209 Hindi ko kayo pinapayuhan. Kung ipapahintulot n'yo, hayaan n'yo akong bigyan lamang kayo ng isang munting Kasulatan. Pakiusap, pakiusap po na huwag—huwag—huwag . . . Kung namumuhay kayo na masaya kasama ng inyong asawang lalaki, namumuhay kasama ng inyong asawang babae, kung maaari sana'y manatili kayong ganoon. Maaari ba? Haya't—haya't para sa, kadahilanang sinabi ko sa inyo 'yun, huwag—huwag n'yong iiwan silang mga munting bata na walang tahanan at parang ganoon. May mga ipinanumbalik sa dating kalagayan ang Diyos sa iba't ibang lugar para sa mga tao na—na—na nakagawa ng mga maling bagay. Naaalala n'yo, sinabi ni Jesus tungkol kay David noong siya'y nagutom, pumasok siya sa templo ng Diyos at kinain ang handog na tinapay, na marapat lamang ayon sa kautusan para sa mga saserdote, at nasumpungang walang sala. Nilalapastangan din ng saserdote and Sabbath sa araw ng Sabbath at sila'y nasumpungang walang sala, at isang lalong dakila kaysa sa Sabbath ang naparito. Kita n'yo? Doon . . . ako . . . Ating—ating ipasa-Diyos na lang ito, at magpatuloy, at basta mamuhay kayo sa paraan na kayo . . . Sadyang—sadyang mamuhay kayo para kay Cristo ngayon.

210 Tingnan natin, maaaring may tsansa para sa inyo na makapasok. Huwag tangkaing. . . Haya't di maitatama kailanman ng dalawang pagkakamali ang isa. Basta't magpatuloy lamang kayo at mamuhay sa kung ano kayo ngayon—kung kayo'y masaya na nagsasama. Maaaring mali man ang kinakasama n'yo. Sasabihin ko ang isang bagay na ito: kung mali man ang kasama na mayroon kayo sa asawang ito, sa buhay na ito, hindi n'yo 'yun makakamit sa isa pa. Ang lahat ng pagkakamali ay maitatama na.

**317. Ang lahat ba ng mga mananampalatayang naipanganak nang muli ay makakasama sa Pag-agaw?**

211 Hindi, 'yung nalabi lamang, 'yung nalabi lamang, hindi lahat ng mananampalatayang naipanganak na muli. Sabi ng Biblia, "Ang iba sa mga patay ay hindi nabuhay sa loob ng isang libong taon," at pagkatapos ay ibinangon sila at ibinukod, ang tupa sa mga kambing. Hindi lahat ng naipanganak na muli ay makakasama sa . . . batay sa Kasulatan.

**318. Ano ang katibayan na ang isang tao ay talagang puspos ng Espiritu Santo?**

212 Juan 14:26: Kanyang. . . "Kapag dumating ang Espiritu Santo (kita n'yo?), Kanyang ipapahayag sa inyo ang mga bagay na darating." Kita n'yo? Siya'y magiging isang. . . Kanyang sasakdalin ito; ang mga "gawang-tao" ay hindi ito maibubunsod; at Siya ang Salita. Kapag Siya na Espiritu Santo ay dumating, ipapakilala Niya ang Kanyang Sarili sa inyo sa Kasulatan. At 'yun ang tunay na tanda na ang Espiritu Santo'y nasa inyo, dahil Ito ang Salita.

213 Ngayon tingnan n'yo! Paano kung nagsalita kayo ng mga wika? Gusto ko lang itanong 'yun sa inyo. Sinabi ni Jesus kapag dumating ang Espiritu Santo na ganitong bagay ang gagawin Niya. At paano kung nagsasalita ka ng mga wika, nagtatatalon taas-baba, sumisigaw, at lahat na ng kung ano pa, at pagkatapos dumating sa Salita; at sasabihin ko sa inyo na ang bautismo ng. . . patutunayan sa inyo sa pamamagitan ng Kasulatan gaya ng pinatunayan ko na, na ang bautismo gamit ang titulo ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ay maling-mali na pagkaunawa sa Kasulatan, walang nabautismuhan kailanman nang ganoon, at nagpapatuloy pa rin kayo at kumakapit pa rin dun? Masasabi n'yo bang gagawin ng Espiritu Santo na nasa inyo ang ganoong bagay? Paano Nito itatatwa ang Sarili Nitong Salita?

214 Kapag ipinakita ko sa inyo kung ano ang inaasahang magaganap sa panahong ito, kung papaanong ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili, at kung anong gagawin Niya, at ang lahat ng mga Kasulatang ito na nangyari na ngayon, at pagkatapos makita Siyang bumaba mismo at ipinakikilala ito, at patuloy pa rin kayo sa pagkapit sa isang denominasyon

at sasabihing kayo'y naipanganak nang muli? Maipapaliwanag n'yo ba nang makatuwiran 'yun?

215 Masasabi ko ba sa asawa ko na mahal ko siya at—at makikipagtipanan sa ibang babae, at pumupuslit-puslit, at pagkatapos sasabihin ko sa asawa ko mula sa puso ko na mahal ko siya? Sa tingin n'yo ba'y tunay na pagmamahal ang turing dun? Masasabi ba niya sa akin na mahal niya ako, at kapag wala ako, pumupuslit siya kasama ang kung sinong ibang lalaki?

216 Ganoon na ganoon ang ginawa ng Israel sa. . . Alam n'yo ang Biblia roon, kung paanong sinabi Niya, nangusap. . . Ang Israel, sabi, "Ibinuka mo ang iyong mga biyas at tinanggap ang bawat lalaki na dumaraan, at ginampanan mo ang bahagi ng pagiging patotot sa Akin; at hihiwalayan Kita." Ganoon mismo! Ano 'yun? Nagkakasala ka ng pakikiapid sa sarili mong katawan. At kapag lumabas ang isang babae at nakisama sa ibang lalaki, o ang isang lalaki sa ibang babae, gayong ikinasal na sila sa kanilang mga asawa, dinudungisan nila ang sarili nilang laman. At kapag sinasabi ng isang tao na isa siyang Cristiano at lubos na itinatangging tama ang Kasulatan, nagkakasala siya ng pangangalunya laban sa Katawan na inaangkin niyang kinabibilangan niya. Kita n'yo? Kaya isa itong tanda ng anticristo, na anupa't halos dadayain nun ang mga Hirang kung maaari.

**319. Kapatid na Branham, ayos lang ba para sa isang—isang batang musmos na magsuot ng pantalon na slacks at shorts?**

217 Gaano kabata? Kayo na mismo ang magpasya; kung Cristiano kayo. Ang isang maliit na batang babae o anumang munting musmos na bata, nakikinita ko, hindi ko alam, sa akin. . . Ang tanging alam ko, sinasabi ng Biblia na isang karumal-dumal para sa isang babae na magsuot ng damit na—na nauukol sa lalaki. Kita n'yo? "Isang babae," hindi sinabi, "isang bata." Pero ngayon, sa akin lamang. . . Haya't bahala na kayo sa bagay na 'yun, sa akin. . . Para sa akin, wala akong nakikitang mali sa isang batang musmos, musmos na batang babae na apat o limang taong gulang na naka. . . Kapag maliliit pa sila, alam n'yo na ang ibig kong sabihin, na tatakbo-takbo roon sa bakuran. Kung nakasuot siya, ng tinatawag n'yong pantalon na slacks o kung ano man, haya't batang musmos, wala akong—wala akong nakikitang mali dito. Marahil. . .

218 Kita n'yo, sinasabi ko lang sa inyo ang sinasabi ng Salita. Isang karumal-dumal para sa isang babae na magsuot ng damit na nauukol sa isang lalaki.

**320. Saan ba namin titipunin ang aming mga sarili? Haya't sinabi mong tipunin n'yo ang mga sarili n'yo sa mga Trumpeta.**

219 Naniniwala ako, kapatid, Kapatid na babae, sinuman ito, ika'y—ika'y nagkakamali riyan. Hindi ko kailanman sinabing tipunin n'yo ang sarili n'yo sa mga Trumpeta. Ang sinabi ko'y nagtipon ang Israel sa mga Trumpeta, hindi ang Nobyang Gentil. Hindi, hindi! Ang mga Trumpeta, ang pagpapatunog sa Pitong Trumpeta ay para tipunin ang Israel (ilan ang nakakaalam nun?) na manggagaling sa buong. . .Oo, hindi pala. . .Hindi, hindi! Uh-uh! Hindi, hindi—hindi—hindi ang Israel. Ganito, hindi dun sa. . .Hindi tayo nagtitipon sa mga Trumpeta kasama ang—sa—ang Nobya. Ang mga Trumpeta'y sasapit pagkatapos ng Pista ng Pentecostes. Kita n'yo? Darating ang Pag-agaw. . . At 'yun. . . hindi sa tanong na ito ngayon.

**321. Kapatid na Branham, kung may oras ka ay pakipaliwanag po ang Mateo 10:41. Gusto kong malaman kung ano ang gantimpala ng isang propeta?**

220 Buweno ngayon, ang sabi ni Jesus, "Ang sinumang tumatanggap sa isang propeta alang-alang sa isang propeta, ay tatanggap ng gantimpala ng isang propeta." Ang gantimpala ng propeta ay ang maging isang kaibigan ng propeta. Sinuman ang tumatanggap sa isang taong matuwid alang-alang sa pangalan ng isang taong matuwid, ay tatanggap ng gantimpala ng isang taong matuwid. Tama ba? At kung gusto nilang malaman kung ano ang gantimpala ng isang propeta, ay ang maging kaibigan ng propeta. Kita n'yo? Gantimpala 'yun. Kaibigan mo siya.

221 Gaya nung babaing Sunamita, baka magamit n'yo minsan. Kita n'yo? Nagamit nga niya. Kita n'yo? Masdan n'yo ang mga lingkod ng Diyos.

Oh, naku! Ngayon, tayo'y. . .kailangan ko—kailangan ko nang magsara, kaibigan, ayaw ko—ayaw ko pa sana, pero sige't tingnan n'yo lamang dito, tingnan n'yo kung ano, daan-daan. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Ipagpatuloy mo lang, kapatid."—Pat.] Hindi! Pero—alam ko, pero i-. . .Aking—aking ikinatutuwa ang sinasabi n'yong 'yan, pero inaalala ko rin ang mga kaawa-awang ilan dito na bibiyahe pa nang daan-daang milya ngayong gabi. Naku, sila nga'y. . .napakarami riyan, aking. . .

**322. Kapatid na Branham, gusto kong malaman ang tungkol sa Milenyum. Ito ba'y bago ang Hapunan ng Kasalan, o—o kung ito ba'y sa lupa, ang lahat po mismo ng tungkol dito. Hindi ko—hindi ko kasi nauunawaan ang tungkol dito.**

222 Buweno, Kapatid na lalaki o Kapatid na babae, mahirap din para sa akin na unawain ito, mismo. Pero ang tanging masasabi ko ay ganito: na ang Hapunan ng Kasalan ay sasapit bago ang Milenyum.

223 Ngayon, kita n'yo, may isang tao, may alam akong sa kung saang dako rito na may tanong ukol dun, na ang sabi, "Kapatid na Branham, mali ka—mali ka sa pitumpung sanlinggo

ni Daniel. Mayroon pang pitumpung sanlinggo." Hindi, darating ang Mesiyas at magpropropesiya, at sa gitna ng pitumpung sanlinggo, pitumpung sanlinggo, na pitong taon, Siya ay—Siya ay mahihiwalay sa gitna ng mga buhay at gagawing isang hain. Ilan ang nakakaalala nun? Sige. Ilang taon ba nangaral si Jesus, ang Mesiyas? Tatlo at kalahating taon. Kung ganoon mayroon pang tatlo at kalahating itinakda.

224 At sa ika-11 kabanata ng Apocalipsis, ang dalawang propetang ito, magpropropesiya sila ng isang libo't dalawang daan at tatlong dalawampung araw. Tatlo at kalahating taon pa ang ipinangako sa Israel pagkaalis ng Nobyang Gentil. Ilan ang nakakaintindi na dun ngayon? Kita n'yo? Sige, sige.

**323. Ito ay isang. . .Mayroon akong maliit na lunch counter at karaniwang nagsisilbi sa mga hayskul na kabataan. Mula noong makadako ako sa Liwanag, inalis ko na 'yung pinball machine at 'yung** ('yung jukebox; inalis na) **'yung j-box. Yung mga kabataan ay mahilig talagang manigarilyo at mahilig sa musikang rock-and-roll sa—sa radyo. Nagbubukas lang ako nang halos apat na oras sa isang araw. Hindi ko—hindi ko sinasang-ayunan ang paninigarilyo at pag-inom, pero nag-aalala ako sa pagpapanatili ng lugar.**

225 Alam n'yo, problema nga 'yan. Kita n'yo? Mangyari nga, na kayo ay—kayo ay. . .marahil kailangang maghanap-buhay. Pero alam n'yo kung anong maibubunsod nun sa akin? Panenerbiyusin ako nun nang husto na di ko. . .di ko—di ko—'yun. . .Baka kaya n'yo 'yung tiisin, pero 'yung munting grupo ng mga "Ricky" doon na umaasal nang ganoon, at mga "Ricketta," ako'y—ako'y—ako'y matitigatig nun nang husto. Kita n'yo?

226 At sasabihin ko sa inyo; ako—ako. . .Kung ako po ang may-ari nun, alam ko ang gagawin ko. Sasabihin ko, "Ititigil n'yo 'yan o lumabas kayo rito." Kita n'yo? Mamamalakad ako ng tamang klase ng lugar o hindi na lang ako mamamalakad. Pero kayo, kung kailangan n'yo itong gawin bilang ikabubuhay, ayaw kong balewalain ka, Kapatid na lalaki o Kapatid na babae. Alam ko—alam kong mahirap sabihin ang ganitong mga bagay; pero sadya ngang—sadya ngang. . .Hindi 'yun tama (kita n'yo?), dahil ito'y para bang medyo. . .

227 Kagaya nung sinabi ng isang tao kaninang umaga tungkol sa kababaihan natin na nagsusuot ng napaka iiksing bestida, ang nakatatanda nating kababaihan, na haya't isang pangit na halimbawa 'yun sa mga kadalagahan natin. Sa tingin ko ay dapat na ganoon nga mismo. Kita n'yo?

228 At ganoon din ang iniisip ko. Kapag nakita nila kayo na nasa ganoong lugar kung saan ang lahat nitong paninigarilyo at ganoong gawain ay umiiral, at batid ang patotoo n'yo, at

lahat nitong pagmumura at—at pagkukumpul-kumpulan nila na abang kabataan gaya nun, at ganoon ang pinaggagagawa, at wala kang sasabihin tungkol dito, pangit na bagay ito para sa iyong patotoo. Gawin mo saan ka man pangunahan ng Panginoon. Dalangin kong pangunahan ka ng Diyos sa tamang daan.

**324. Kung ang** (p-a-g-t-y-. . .) **pagtayo sa pila para makapasok sa simbahan ay magiging isa lamang alaala, anong mangyayari kung hindi tayo dadaan sa Kapighatian? Tayo ba'y—tayo ba'y makakakita. . .ng siya ring. . .ilang paghihirap?** Kung hindi natin makikita. . .

Kita n'yo? Aking. . .Ang tanong na ito marahil ay ganito. Sinisikap kong magmadali na; di ko—di ko—di ko sana gagawin ito. Isasantabi ko na dapat ang mga ito, dahil may dako na maaari kang manatili roon ng isang oras (kita n'yo?) at ito'y—ito'y buod na lang. Ako'y—ako'y hihinto na.

229 Tingnan n'yo. Gusto nung mga tao na sabihin, iniisip na sila—na sasapit daw ang Iglesya sa Kapighatian. Kita nyo? Hindi po; hindi maaari (kita n'yo?), dahil natubos na Ito.

230 Ngayon, ang iglesya, ang—ang mga naturingang mananampalataya na gaya ni Lot, siya ang dadaan sa Panahon ng Kapighatian (kita n'yo?) at maliligtas na mistulang sa pamamagitan ng apoy. Dumaan si Noe sa Panahon ng Kapighatian, dinala sa ibabaw nito, lumabas kasama si Ham na muling nagpadumi sa lupa. Kita n'yo? Lumabas si Lot, sumiping sa sarili niyang mga anak na babae, at nagkaanak sa pamamagitan ng sarili niyang mga anak na babae. Kita n'yo? Pero ipinanganak ni Abraham ang Maharlikang Binhi, inilabas ang Binhi ng pangako. Dumako sa Kaluwalhatian sa Pag-agaw si Enoc, naglakad lamang at umuwi na sa tahanan. Hindi siya dumaan kailanman sa Panahon ng Kapighatian. Nakikita n'yo ba?

231 Hayan nga. Kita n'yo? Hindi nga, hindi maaaring ang Biblia sa pamamagitan ng isang tipo. . .At hindi maaaring mabigo ang mga tipo. Kita n'yo? Hindi nito inihuhula na ang Nobya. . . Ngayon, dadaan ang iglesya sa Panahon ng Kapighatian.

232 Ngayon, sinasabi ng mga tao, "Paano naman 'yung mga naunang banal?" Yun po'y ang pagbabago ng mga dispensasyon. Nasa ilalim 'yun ng pag-uusig, na kung nakadalo lang sana kayo para mapakinggan itong *Mga Kapanahunan Ng Iglesya,* at ang makita kung paano sila sumuong sa kadilimang 'yun at kinailangang ibunsod 'yun, mangyari na ipinapakita nun na kinailangan nilang pagdaanan ang pag-uusig na 'yun dahil ang bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesya at ang lahat mismo'y unti-unting ipinapakita na sila'y padilim nang padilim, hanggang sa dulo'y napunta sa isang ganap na kalagayan na itinatwa na nila ang Kanyang Pangalan at kumuha ng ibang

pangalan na sila'y nabubuhay pero haya't patay, Sardis. At pagkatapos nagpatuloy ito, sa Tiatira at Sardis, at pagkatapos ay lumabas, pagkatapos ay nagsimula na naman ito sa Filadelfia at iba pa, at pagkatapos ay dumating sa panahon ng pagtatawag palabas sa Nobya para takasan ang lahat ng kapahamakan. Ibinilang ito na karapat-dapat na maalpasan ang lahat ng kapahamakang ito at matinding poot na darating sa lupa, upang kayo'y maibilang na karapat-dapat na makaalpas dito, na di dumaan dito, matakasan ito. Kita n'yo? Naiintindihan n'yo na ba ngayon, kayong lahat? Kita n'yo?

233 Ang iglesya, ang sala-sa-init sala-sa-lamig, ang anuman na labas sa hinirang na Nobya haya't sila'y dadaan sa Panahon ng Kapighatian. Hindi sila babangon sa unang pagkabuhay na mag-uli: "Ang iba pa sa mga patay ay hindi nabuhay sa loob ng isang libong taon," ang mga itinalaga lamang noong una, ang predestinado, hinirang na Nobya, Sariling hinirang ng Diyos. "Sino ito, Kapatid na Branham?" Hindi ko alam. Hindi ko masasabi sa inyo kung sino ito, pero alam kong naroroon ito, dahil sinabi ng Panginoon na naroroon sila. Kita n'yo? Sila ang mga aakyat na di-kasali sa Kapighatian, pero ang lahat ng iba pa sa kanila ay dadaan sa Kapighatian, mabubuwal, at ang lahat ay papatayin bago ang Milenyum. Pagkatapos ang—ang mga matuwid ay lalabas sa Milenyum at mabubuhay nang sanlibong taon.

234 At matapos ang sanlibong taon, saka darating ang Paghatol sa malaking Luklukang Puti, at pagkatapos ang mga patay, kapwa ang tama at mali ay ibabangon. At mabubuksan ang mga aklat, haya't ang Aklat ng Buhay ay nabuksan; at ang mga banal, ang Asawang Babae at ang Asawang Lalaki, ay mauupo at hahatol sa mundo. At doo'y matutupad ang pangungusap: "At hahatulan Niya ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng isang pamalong bakal." Tatayo sa harapan Niya ang lahat ng mga bansa roon, at hahatulan Niya sila sa pamamagitan ng pamalong bakal. Papaghihiwalayin Niya ang mga tupa sa mga kambing at sasabihin sa mga kambing, "Lumayo kayo," at sa mga tupa, "Magsiparito kayo, kayong pinagpala ng Aking Ama."

235 Ngayon pagkatapos, magkakaroon ng isang pagtitipon sa kampamento ng mga banal sa kalaparan ng lupa. At pakakawalan si Satanas sa kanyang kulungan at makikipagdigmang muli sa mga banal, na ganoong-ganoon mismo sa ginawa niya sa Kaluwalhatian noong pasimula. At pagkatapos ay magpapaulan ang Diyos ng apoy at asupre mula sa kalangitan, at ang sangkalupaan ay maaalis na gaya... Sadyang matutupok ng apoy at mawawasak. At wala nang dagat, wala nang tubig, wala nang anumang matitira sa lupa. Titilamsik at sasambulat at sasabog ang bulkan, at ang buong bagay...

236 "At nakita ko ang isang Bagong Kalangitan at isang Bagong Lupa: sapagkat ang unang kalangitan at ang unang lupa ay lumipas na; at ang dagat ay wala na. Akong, si Juan, ay nakita ang Bayang Banal na bumababa mula sa Langit buhat sa Diyos na gaya ng isang Babaing Ikakasal na nagagayakan para sa kanyang asawa." Naaalala n'yo ba ito? At sa Nobyang ito . . . "Masdan n'yo ang Tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao," at maninirahan ang Diyos kasama nila sa hugis piramideng Siyudad na ito na labinlimang daang milyang kuwadrado. At sa ituktok ng Siyudad ay may isang Ilaw. Amen!

Oh, ang Lungsod na 'yun sa Bundok ng Sion,
Bilang isang estranghero, gayunma'y sinisinta ko pa rin ito.
Sa mga panahon na 'yun ika'y aking makakatagpo,
Sa pagsapit ko sa Lungsod sa ituktok ng burol.

237 Sa tuktok ng Bundok ng Sion ay naroon ang Cordero. Hindi na mangangailangan ang Bayan ng ilaw, dahil ang Cordero ang magiging Ilaw nun. At sa itaas ng Cordero ay ang Ama, yaong *Logos*, ang Diyos, ang dakilang Liwanag, ang Walang Hanggang Liwanag na magliliwanag sa ibabaw ng Luklukan. At si Jesus ay wala sa Luklukan ng Kanyang Ama, Siya ay nasa Kanya nang Luklukan. At lililiman ng Ama ang Anak, na ang Ama at ang Anak ay magiging Isa. "At habang umuusal pa sila, Ako'y sasagot na. Bago pa sila makapag-isip, Ako'y nag-iisip na para sa kanila." Siyanga.

238 At ipagkakatiwala ni Jesus ang isang sakdal, sakdal na kapanahunan sa isang . . . ang sakdal na buhay na Diyos, at Siya ay tumubos na't nagtagubilin na sa Ama. Tama ba? Babalik sa Diyos Ama na Espiritu, hindi isang tao, Espiritu. Ang lahat ng kalikasan ng kabutihan na natipon, 'yun ang Diyos. At sa kabutihan . . . Ngayon, ang anumang binaluktot mula sa mabuti ay masama; 'yun ang kaharian ni Satanas. Ang lahat ng mabuti ay sa Diyos. Ang lahat ng masama ay sa . . .

239 At ang Diyos ay napaging materyal sa isang Tao na tinawag na Jesus Cristo na Kanyang Anak. Ibinigay ng Anak na ito ang Kanyang Buhay upang maidala Niya ang ibang mga anak, nang sa gayon ang Diyos ay maging nahahawakan, na kumikilos sa buong pagkakalakip-lakip. "Sa araw na 'yun ay malalaman ninyong ako'y nasa aking Ama, ang Ama ay nasa Akin, Ako'y nasa inyo at kayo'y nasa Akin."

240 Oh, kapatid, magkakatotoo ang araw na 'yun. Hindi n'yo na kailangang magmaneho mula Birmingham para makapakinig ng Mensahe; ang Mensahe ay sasaatin na sa panahon na 'yan siyanga? Oh, 'yun nga'y magiging isang—isang kahanga-hanga't, kamangha-manghang panahon. Hinihintay natin ang araw na 'yun; nawa'y madaliin ito ng Diyos na dumating.

241 Naroroon ang dakilang Lungsod (ngayon, kita n'yo?) hindi ito. . . Iisipin n'yo, "Labinlimang daang milya ang taas?" Yun ang sabi ng Biblia. Ngayon, hindi ito labinlimang daang milya na diretsong pataas na papaganoon. Kita n'yo? May isa pa tayong pang-heograpikong sukat na ang lahat ng panig ay magkakasukat; 'yun ay isang piramide. Kita n'yo?

242 At magsisimula marahil 'yung Lungsod ng mga animnapung digri. At kung magsisimula ito, nang labinlimang daang milya nun, isipin n'yo na lang kung gaano 'yung kataas, anupa't kung gaano katagal ang magugugol para makadako roon. Halos hindi mo malalaman na naglalakad ka paakyat ng burol. Sa labinlimang daang milya kataas na animnapung digri, mga *ganito* ka nga lang. Kita n'yo? Ang buong Lungsod ay nasa burol na ito. At ito'y sintaas kung gaano ito kahaba; ito'y singhaba kung gaano ito kalapad. Ang taas, ang lalim, ang luwang, ito—ito'y magkakasukat; lahat ng mga pader ay magkakasukat. May apat na pader ang isang piramide, at ang apat na pader na ito ay. . .

243 Ngayon, ang mga pader sa palibot ng Lungsod ay magiging—magiging dalawandaan at labing-anim na talampakan ang taas, sandaan at apatnapu't apat na siko, at ang bawat isa sa mga 'yun ay isang bato. Isipin n'yo na lang ang Lungsod na 'yun, mga kaibigan. Oh, grabe! Ano—ano't umuupo tayo sa mainit na lugar na ito? Ano't ginagawa natin ang mga bagay na ito? Bakit tayo nagmamaneho nang ganoon? Bakit tayo—bakit nga tayo nagpapagal? Sulit kasi ang bawat pulgada nitong daan.

> Oh, ang mga paghihirap sa daan ay parang balewala na lang,
> Kapag ako'y nakasapit na sa dulo ng aking daan.

Siyanga. At, oh, magiging napaka dakilang panahon 'yun.

244 At doon ay mauupo si Jesus sa Luklukan. At mula sa ilalim ng Luklukan ay dadaloy ang ilog ng Buhay, na tumatagas sa apat na pader na ito dun sa maliliit na siwang at tungo sa maliliit na sapa, at tumutugaygay sa isang ilog, at pababa sa Lungsod. Dadaloy 'yun pababa sa mga lansangan nang paganoon, at sa magkabilaan ay nakatayo ang mga punongkahoy ng buhay na mamumunga, o, magpapalit ng kanilang bunga kada—kada tatlumpung araw. Oh, napakagandang Lungsod.

245 At tandaan n'yo, ang Diyos, ang Manlilikha, na lumikha ng kalangitan at lupa, ay nasa Kaluwalhatian na ngayon mismo na inihahanda ang Lungsod na 'yun. Hinanap Ito ni Abraham. Iniwan niya ang kanyang tahanan; bumukod siya sa lahat ng mahal niya't hinanap ang. . . Bakit? Isa siyang propeta. At bilang isang propeta, kaugnay niya ang Espiritu at bahagi siya ng Espiritu. At may Isang nagsabi sa kanya sa loob niya, "Mayroong Lungsod," at sinimulan niyang hanapin Ito. Sabi, "Isa akong

manlalakbay, isang taga-ibang bayan. Hinahanap ko ang isang Bayan na ang Nagtayo at Gumawa ay ang Diyos." Alam niyang ang Lungsod na 'yun ay nasa kung saang dako. Oh, grabe! Naniniwala ako na doon mismo sa lupain kung saan niya hinanap Ito, doon mismo sa Palestina, doon Ito maitatayo, dahil Ito'y sa Bundok ng Sion. Doon maitatayo ang Bayan.

246 Tingnan n'yo ang dakong sasakupin ng Kanyang lapad haya't hanggang—hanggang dagat, mula dagat hanggang sa dagat magkabilaan. Isipin n'yo ang labinlimang daang milyang Lungsod na 'yun na naroon sa kabundukan ng Panginoon. Oh, kamangha-mangha nga 'yun!

247 At magkatabing mahihiga ang leon at ang tupa. Kakain ng dayami ang leon na kagaya ng toro. Ang oso'y magiging mabait, ang ang lobo'y magiging maamo. Magiging napakagandang panahon 'yun! Walang mananakit o mamiminsala; ang lahat ay nasa kapayapaan at pag-ibig. Wala nang pagtanda; wala nang karamdaman, wala nang pagkamatay.

248 Mga kaibigan, hindi ito kung anong kuwentong Santa Claus, na kung anong bagay na kathang-isip, ito mismo'y nasusulat sa Salita. At hindi kailanman nabigo ang Salita. At ang isipin ang mismong pangako ng. . . Hindi nung panahon noon ng Biblia, kundi sa panahong ito, ang panahon na ang Diyos, ngayon, haya't kailanman ni katiting ay di nabigo sa Kanyang Salita. Oh, papunta ako sa Lungsod na 'yun. Gustong-gusto ko Ito, maging kayo man hindi ba?

249 Hindi! Ngayon, Kapatid na lalaki, Kapatid na babae, dalawampung minuto na matapos ang ikasiyam. Alam kong may ilan akong mga kaibigan dito na nanggaling pa ng Kentucky. Alam kong may mga kaibigan ako ritong mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kung gusto n'yong manatili magdamag, babayaran ko ang kuwarto n'yo. Sinabi ko na sa inyo, may nakaantabay kayong hapunan at babayaran ko ang inyong motel kung gusto n'yong manatili. Ang tanging kailangan n'yong gawin ay makipagkita kayo sa kanya roon sa likod, at tiyak na gagawin ko 'yun. Gagawin ko ang anumang makakaya ko para tulungan kayo. Mahal ko kayo.

250 Hindi ko ibig na sagutin ang mga tanong na ito na marahil kung minsan ay salungat. Kung hindi n'yo ito mapaniwalaan, haya't ayos lang. Gusto kong mahalin n'yo ako nang dati pa rin, dahil alam ng Diyos na minamahal ko kayo nang ganoon. Sinasagot ko lang ang mga tanong na ito sa abot ng aking nalala-. . . Maaaring nagkamali ako sa ilan sa mga ito, kaibigan, pero hindi 'yun sinasadyang pagkakamali. Kung mayroon akong mga anim o walong tanong, na maaari akong makapamalagi sa mga 'yun at maipaliwanag 'yun nang husto, pero heto nga, sa halip na talakayin ang lahat ng mga 'yun ngayon. . . Mayroon akong ilan sa mga ito tungkol sa pag-aasawa at diborsyo. Akin

lamang. . .naisip ko na sagutin ang ilan sa mga ito. Wala na akong mahanap pang nakalapag dito, sa pagdampot sa mga ito, pero mayroon nga akong ilan dito na napaka importanteng mga tanong, napaka importante pong mga tanong. Gusto kong sagutin ang mga ito para sa inyo kung magagawa ko.

251 Ngayon, kung naninirahan kayo rito sa malapit, tawagan n'yo si Billy, ng Miyerkules; malalaman ko na sa panahon na 'yun kung makakabalik na ako. Mananalangin ako sa sanlinggong ito. Pero marami akong pribadong pakikipanayam, o, patong-patong nga na halos *ganoon* na. At mayroon akong halos *ganoon* ding karami doon sa Arizona na gagawin isa sa mga araw na ito kapag puwede ko nang gawin. At ito'y sa mga tao na malubha ang sakit. Ang ilan sa kanila ay may mga suliranin, at sadyang hindi nila alam ang gagawin: mga mag-asawang lalaki't babae na may mga suliranin.

252 At ang ilan sa mga ito rito'y kinakailangang gawin na pribadong pakikipanayam, dahil hindi ko ito maaaring basahin sa publiko, kung ano ang sinabi ng mga tao rito tungkol sa kanilang pamumuhay mag-asawa at mga bagay na gaya nun. At pinabalik ko si Billy at para alamin kung sino-sino sila, at—at patatawagan sila, at sasabihin sa kanila na kakapanayamin na lang namin sila, para makausap ko sila. Ang ilan ay masyadong seryoso, at ito'y mga tanong na dapat masagot.

253 Narito ako para sikaping tulungan kayo, dahil mahal ko kayo. Mga anak ko kayo na aking ipinanganak kay Cristo. Inaangkin ko ang bawat isa sa inyo. Inaangkin ko kayo ngayong gabi; inaangkin ko kayo sa tuwina; palagi ko kayong inaangkin, at 'yun ay bilang aking kapatid na babae't kapatid na lalaki. Mga anak ko kayo; ako—ako ang ama n'yo sa Ebanghelyo, hindi ama na padre na parang sa pari, ako—ako ang ama n'yo sa Ebanghelyo katulad ng sinabi ni Pablo roon. Ipinanganak ko kayo kay Cristo, at ngayon, aking—akin kayong pinapag-asawa kay Cristo; ang maiharap ko kayo kay Cristo bilang isang malinis na birhen. Huwag n'yo akong bibiguin! Huwag n'yo akong bibiguin! Manatili kayo na isang malinis na birhen.

254 "Paano ko magagawa 'yun, Kapatid na Branham?" Manatili kayo mismo sa Salita; mabuhay nang malinis at dalisay; huwag magkaroon ng anumang kinalaman sa mga bagay ng mundo. Kung ang pag-ibig nito ay nasa puso n'yo, sabihin n'yo, "Oh, Jesus, iwaksi Mo po 'yun sa akin. Ayaw kong maging ganoon."

Ngayon hindi ko ibig sabihin na maging isang tao na—na basta lang sinasabi ito. Ang ibig ko—ibig kong sabihin ay maging isang tunay na mananampalataya. Ang manampalataya kay Jesus Cristo at mabuhay para sa Kanya araw-araw. Huwag kayong gumawa ng masama.

255 Ngayon, madalas nangungusap ako patungkol sa Calvinistikong paniniwala. Ngayon, huwag n'yong isipin na

pinahihintulutan kayo nun na maging malaya na gawin ang anumang gustuhin n'yo. Isang lalaki noong isang araw . . . sabi ko, "Nagpunta ka ba sa simbahan?"

Sabi niya, "Nangaso ako."

Nilapitan ako nung asawa nung lalaki, at nanggaling siya sa labahan nung Linggo. At sabi ko, "Bakit hindi ka nagsimba?"

Sabi niya, "Naglaba kasi ako."

Sabi ko, "Hindi mo dapat ginawa 'yun."

"Buweno," sabi niya, "Hindi ako isang matandang legalista."

Sabi ko, "Pero ang akala ko ba'y Cristiano ka." Kita n'yo? Sabi ko, "Alam mo bang naglalagay ka ng katitisuran sa daan ng ibang tao?" Kita n'yo? Sabi ko, "Ito . . . "

"Buweno, awh, ako—ako kasi'y naniniwala na *ganito*. Na di ko kailangang gawin ang mga bagay na 'yun. Hindi kasi ako legalista."

256 Buweno, tingnan mo Kapatid kong lalaki, Kapatid na babae, tingnan n'yo rito. Sabi ni Pablo, "Kung ang pagkain ng karne ay naglalagay ng katitisuran sa daan ng aking kapatid, kailanman ay hindi na ako kakain ng karne." At sa palagay ko'y magiging higit na mabuting . . .

257 Ngayon, sasabihin n'yo marahil, "Kapatid na Branham, nangangaso ka rin naman. Hindi ka pa ba kailanman nangaso nang Linggo?" Hayaan n'yong sabihin ko ang bagay na ito sa inyo. Hindi . . . Hindi ko tinatapik ang sarili ko sa likod sa pamamagitan nito, haya't ako . . . Hindi ako isang Sabadista, naniniwala akong ang Espiritu Santo ang ating Sabbath. Pinaniniwalaan ko 'yun, pero naniniwala akong dapat nating igalang ang pagkabuhay na mag-uli bilang isang alaala. Yun ay isang pag-alaala na aking . . . Kung ang ibang araw ay iginagalang n'yo, galangin n'yo mismo ang pagkabuhay na mag-uli na 'yun.

258 Ngayon, walang batas sa pangingilin ng anumang araw, dahil pumapasok kayo sa Sabbath, sa kapayapaan, kapag pumasok kayo sa Kanya. Mayroon akong tanong dito na malapit ko na rin namang sagutin, kung loobin ng Panginoon, tungkol sa kung ano ang araw ng Sabbath? Ipapaliwanag ko ito, loobin ng Diyos.

At ngayon pansinin, alalahanin n'yo ito. Kita n'yo? Noong bata pa ako, dito sa kung saan nakatira si Eichs sa may kalsada, halos mga labing-apat na taong gulang pa lang ako noon; nambibitag ako ng hayop para sa aking ikabubuhay. Ang tanging bagay na mayroon ako upang makatulong na may malagay na tinapay sa aming bahay ay ang panghuhuli ng skunk, dagang-muskrat, at mga oppossum.

Kinahiligan ko ang pambibitag ng hayop, at kinailangan kong gawin ’yun. Pumapasok pa nga ako sa eskuwela na nangangamoy skunk, at ako’y—ako’y may iisang pares lang ng damit, at ’yun lang ang maaari kong maisuot. Yun lang kasi ang mayroon ako. Hinuhubad ’yun ni nanay at nilalabhan ang mga ’yun, tapos isusuot uli; at ngayon, ganoon ako kapag pumapasok sa eskuwelahan noong, munti pa akong bata. Haya’t nakatayo ako roon isang gabi; sabi ko, “Nailagay ko na ’yung mga patibong doon sa may Wathen’s, sa itaas nun.” Umaalis ako tuwing umaga nang mga alas dos na may dalang ilawan para paganahin ang mga patibong, tapos babalik sa tamang oras para pumasok na sa eskuwela. Makakahuli ako ng kuneho; kumikita ako ng labinlimang sentimo sa pamamagitan nun. Makakakuha ako ng isang kahon ng mga bala mula roon, at marahil makapanilo ng tatlo o apat na kuneho. Kapag wala kaming maipanggawa ng ilang biskuwit haya’t ’yung mga kuneho—mangyari nga, o sarsang gravy para sa hapunan, ibinebenta ko ’yung isa, at marahil kikita nang sapat para makabili ng ilang tinapay, o kaunting giniling na mais, o kaunting harina para makagawa sa pamamagitan nun ng sarsang gravy. Hindi ko alam kung naranasan n’yong mamuhay nang parang ganoon o hindi.

259 Naglalagay ako ng mga buli-buli sa ilog; lumulusong at hinuhuli ’yung mga isda, at ibinebenta ang mga ’yun sa halagang sampung sentimo bawat libra. Ipinupuwesto ko ang mga buli-buli ko. Wala akong bangka; lumalangoy ako gamit ang isang troso. Lumulusong sa ilog, at malamig-lamig pa, ipinapatong ang timba ko ng mga pain dito sa troso at nagsasagwan nang nagsasagwan nang paganoon, nakahubad nang pampaitaas sa ilog, at ipinupuwesto ito. . . May pisi ako sa panig na ito, tinatalian ang isda ko. Ang mga hito’y kumakawag sa paanan ko nang paganoon, tapos inilalagay ko ang pamain ko . . .

260 Pero tingnan n’yo, maraming beses sa gabi na ako’y nagpunta sa ilog na ’yun nang alas onse at tinitigtig ang bawat piraso nung pain sa pising ’yun. Kung hindi ako makahuli ng sapat sa loob ng anim na araw, hindi ko isinasama ’yung dumarating sa ikapito. Haya’t nakatayo ako roon sa ulan.

261 Isang gabi para kong nakikita ang sarili ko na nakatayo pa, nakasandal sa . . . Isa akong makasalanan noon; pero nakatayo ako, nakasandal sa poste nang paganito, sa may pintuan. Oh, bumubuhos ang ulan, halos mag-aalas onse na. Sabi ko, “Talagang gagabihin ako ngayong gabi, pero pupunta ako’t pagagalawin ko ang bawat isa sa mga silo na ’yun. Hindi ako manghuhuli nang Sabbath.” Sabi ko, “Hindi ko—hindi ko na aayusin ang mga panilo na ’yun.” Kinilala ’yun ng Diyos.

262 Naaalala ko noong panahon na gustong-gusto ko, noon pa man, buong buhay ko na ibig kong maging isang mangangaso. Ang lolo ko ay mangangaso. Alam n’yo ’yan, ang lola ko kasi’y

taga-reserbasyon; nakakatanggap siya ng pensyon. Gustong-gusto ko talaga ang lugar na malayo sa kabihasnan.

263 At naaalala ko na gustong-gusto ko. . .Ang aking—ang aking nais talaga sa buong buhay ko. . .Inisip ko na kung magkakaroon lang sana ako ng sapat na salapi hanggang sa magkaroon ako ng sariling .30-30 na mahabang baril. . . Kung magagawa ko 'yun, pagkatapos nga'y kukuha ako ng ilang bitag. Pupunta ako sa kabundukan; hahayaan ko ang mundo na lumipas. Inisip ko, "Marahil balang araw kung madadala ko ang aking .22 at magsasanay para maging mahusay sa pamamaril, may mangangaso balang araw na gugustuhing sumama sa akin. Kung magiging mahusay na ako sa pamamaril, pasasamahin ako ng mangangaso na ito para maging kanyang proteksyon; makakapangaso na ako kung ganoon." Tumitingin ako, nakasabit sa aking dingding, haya't ang pinaka maiinam na mahabang baril na mabibili ng salapi ay nakasabit doon, hanggang sa puwede na akong magpahiram sa mga tao ng mahahabang baril para sa pangangaso.

264 Pinapapunta Niya ako sa kabundukan at para makapangaral, at isinasama ako sa pangangaso ng ilan sa pinakamahuhusay na giya na mayroon sa mundo, nang libre. "Talagang biyayang kamangha-mangha, napakatamis sa tainga."

265 Kapag ako. . .Maging kaninang umaga, may isang mangangaso ng usa dito sa kung saang dako na may .35 Remington, hindi ko naman talaga kailangan 'yung mahabang baril, pero umakbay siya sa akin, ang sabi'y talagang tumatanda na raw siya para mangaso pa, "Gusto kong ibigay sa'yo ang mahabang baril ko." Naisip ko 'yun noong munting bata pa ako, kung paano, kung paano kaya ako magmamay-ari ng mahabang baril na gaya nun, oh, naku, ano kaya. At ngayon, napapaisip na lang ako, nakasabit dun sa aking dingding, naggagandahang mahahabang baril, mga lugar na mapupuntahan para makapangaso.

266 Naaalala ko kapag lumalabas, at bumibili ang kasama kong kalalakihan ng nakaapang sorbetes. At kung minsan ang ilan sa kanila'y may sobrang singko sentimos at ibinibili nila ako ng isa. Naku, hindi ko sila mabilhan pabalik ng isa man lang. Sa isip-isip ko, "Kung ako. . . "

267 At bumibili sila dati nitong, tinatawag natin na "mudlark na mga hamburger." Hindi ko alam kung naaalala n'yo pang lahat o hindi na, pero marahil ilan sa inyo na matatanda na. . . Makakabili kayo sa halagang singko sentimos, napakaraming piniritong sibuyas ang lahok nun. Oh, gustong-gusto ko ng mga bagay na 'yun. Noong munting bata pa ako'y wala kaming. . . Tinapay na gawa sa mais at pulutipot (alam n'yo na 'yung ganoon) na 'yun lang ang makakain.

268 Ngayon, may bumili para sa akin ng hamburger na ’yun, at naku, dinidilaan ko pa nga ang mga daliri ko kung saan ko ’yun hawak-hawak. Yun nga’y—’yun po’y . . . napakasarap. At sa isip-isip ko, “Naku, ang lalaking ’yun, kung mabibilhan ko rin sana siya ng isang hamburger.” At ngayon, kaya ko nang mabilhan ang isang simbahan ng kanilang hapunan.

269 Naaalala ko ang lahat ng mga bagay na ’yun, at saan ito nagmula? Sa biyaya ng Diyos, hindi sa anumang ginawa ko.

270 Naaalala ko noong naglalakad ako sa lansangan dito’t may kinausap ako. Ang ama ko, alam n’yong lahat ito, manginginom siya; gumagawa nga siya ng wiski. At dahil dun . . . walang may gustong magkaroon ng kaugnayan sa akin. Pumupunta ako sa lansangan at sinusubukan ko noong makipag-usap sa kalalakihan; nakakasalubong ko pa rin ang mga kalalakihan na ’yun ngayon. Sinusubukan kong makipag-usap sa isa, kung walang ibang makakausap, tumatayo lang sila, “Ganoon ba, uh-huh.” Kita n’yo? Isa kasi akong Branham.

271 Kaya, talagang sumasama ang damdamin ko, at tatalikod ako, at lalakad na palayo. Sa isip-isip ko, “Wala naman akong kasalanan dun. Hindi ko naman ginagawa ang ginagawa ng tatay ko. Hindi ako kailanman uminom sa buong buhay ko. Bakit kailangan kong danasin ’yun?” At sinasabi ko sa maybahay ko rito hindi pa katagalan, “Halos kinailangan kong manatili sa labas ng bayan noon.” Haya’t naging mabuti ang Diyos sa akin.

272 Naisip ko ’yung dako na ’yun kung saan sinabi niya kay Natan habang nakaupo roon minsan. Si Natan . . . Sabi ni David, “Tama bang tumira ako sa isang bahay na cedro at ang kaban ng aking Diyos ay nasa ilalim ng isang tolda roon sa labas na nakatabing.” Siya . . .

Si Natan, na propeta, ang sabi, “David, gawin mo ang lahat ng nasa puso mo, ’pagkat ang Diyos ay kasama mo.” Nagkamali ang propeta, nang di sinasadya.

Nung gabing ’yun ay dumating ang Panginoon sa propeta, sabi, “Humayo ka’t sabihin mo sa Aking lingkod na si David, ‘Kinuha Ko siya mula sa kulungan ng tupa, na pinapastol ’yung kaunting tupa roon; at binigyan Ko siya ng pangalan gaya ng mga dakila na nasa lupa. (Hindi sinabi na binigyan Niya siya ng pinaka dakilang pangalan, binigyan lamang Niya siya ng pangalan na gaya ng mga dakila na nasa lupa.) Ginawa Ko ang lahat ng mga bagay na ito para sa iyo, David. Nililipol Ko ang iyong mga kaaway saan ka man pumunta. Nasa tabi mo Ako noon pa man. Hindi Kita kailanman binigo, at hindi Kita bibiguin. Ngunit hindi Kita mahahayaang ipagtayo Ako niyaong lungsod.’”

273 Naisip ko ang tungkol dun, tungkol sa isang lugar ngayon kung saan ako nilingap ng Diyos at nagbunsod sa akin na makilala ang mga dakilang tao, ibinunsod ako na makaikot sa

mundo. At ang mga tao mula sa buong mundo'y tumatawag para mapuntahan sila't maipanalangin, at ang mga maysakit, at nagnanais ng kahit ilang minuto lang na makasama ka, kung saan ilang taon lang ang nakalipas ni ayaw nilang lumingon. . . ibinabaling nila ang kanilang ulo kapag nakikita ako noon sa lansangan. At ngayon, umuunlad ang mga negosyante sa mga tao na dinadala ko rito sa bayan at ang mga narito, sa pamamagitan nung mga pagkain nila't mga bayarin nila sa motel, at mga ganoong bagay, mayroong. . .humihimpil sa mga motel at sa palibot ng bayan at mga ganoong bagay.

274 Mga tao na. . .Mga taong di kailanman nagmahal sa akin; wala akong silbi noon sa kanila. At ngayon, dahil sa tulong ng Diyos, naniniwala akong itinuturo ko ang daan ng Nobya ni Jesus Cristo. Oh. "Biyayang kamangha-mangha, napakatamis sa tainga."

275 Saan ito nagmula? Sa pinag-aralan ko? Wala ako nun. Saan ito galing? Sa personalidad ko? Wala ako nun. Galing ba ito sa kaalaman ko sa teolohiya? Wala akong nalalamang ganoon. Ano ang pinagmulan nito? Ang biyaya ng Diyos na nagligtas sa akin.

> Biyaya ang nagturo na matakot yaring puso,
> Sa biyaya rin panlulumo dagling maglalaho;
> Wala na ngang maitutumbas na saya sa biyayang ipinamalas,
> Nang mga oras ngang iyon pananampalataya ko'y tuon!
>
> Sa maraming panganib, pagpapagal at patibong sa daan,
> Lahat ng mga 'yan ay akin na ngang napagdaanan;
> Biyaya ang nagdala sa akin nang ligtas hanggang kasalukuyan,
> Biyaya rin ang patuloy na magdadala sa akin sa Tahanan.
>
> At sa pagdako natin sa Bayan doon nang sampung libong taon,
> Na pagsinag kung ihahambing sa araw ay mas maliwanag;
> Panahon nati'y di maiksi sa pagbubunyi ng Kanyang papuri
> Anupa't tayo'y laging parang nagpapasimula pa lamang.

Oh, lubos-lubos nga ang pagmamahal ko kay Jesus, ang magandang Pangalan na 'yun na nagligtas sa akin noong ako'y isang—isang makasalanan, na nagpagaling sa akin noong ako'y may karamdaman, na nagbigay sa akin ng pangako na isang tahanan sa Siyudad na 'yun. May tahanan ako sa Bato na 'yun. Wala nang iba pang mahalaga ngayon kundi ang mapaglakip-

lakip ang lahat ng mga anak ng Diyos at magsabi, “Tayo na’t umalis na.” Ang oras, maghahating-gabi na; huli na kaysa sa iniisip natin. Manalangin po tayo.

276 Panginoong Jesus, sa pagsasara ng isang perpektong araw. . . Sa pagtayo namin sa taluktok ng bundok at mamasdan ang araw, kapag nagpakita na ang mga pulang silahis sa malawak na kabudukan sa kanluran, kapag ang malaking matang-araw ay pumikit na mismo, nagsisimula nang umuwi ng mga ibon sa kanilang mga pugad, gumagabi na. Nasaksihan namin ang isang panibagong Espirituwal na araw kung saan tinulungan kami ng Espiritu Santo na sagutin ang mga tanong na ito. Ngayon, pupunta na kami sa aming pugad, Panginoon. Iyo pong ingatan kami; huwag Mo pong hayaang may humagupit sa amin, Panginoon. Ingatan Mo kami sa mga ahas ng gabi at sa masasama. Maging malapit nawa ang Diyos sa amin sa tuwina, na pinangangalagaan kami’t tinutulungan kami.

277 Dalangin ko po, Makalangit na Ama, na Iyo pong pagpalain ang bawat isa na dumalo sa pagtitipon, maging ’yung mga hindi nakapunta rito, ang lahat ng mga nakikinig sa teyp. Nawa ang mga katanungan ay di ganoong kahirap. At kung nagkamali po ako, Panginoon, batid Mo po ang puso ko; hindi ko sinadya na gawin ’yun. Dalangin ko po, Diyos, kung may anumang mali, na hinding, hindi Mo pahihintulutang lumaganap; nawa’y huminto ang teyp. Huwag Mo pong hayaang makadaya ako ng sinuman, Panginoon. Iyong ibunsod na ako’y maging tunay Mong lingkod, dahil ’yun ang buong hangad ng puso ko. Sa mabuhay man ako o mamatay, magtagal man ako o yumaon na, ako man ay natutulog o gising sa pagdating Niya, hindi ko ’yun alintana, Ama, siyanga’t matupad nawa ang Iyong kalooban. “Sapagkat talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at sa huling araw ay tatayo Siya sa lupang ito. At matapos na sirain ng uod ang katawan na ito, gayunma’y makikita ko ang Diyos sa aking laman.” Hayun po ang propetang Job noong nakita niya ang padating ng Panginoon.

278 At, Panginoon, ngayon bilang Iyong mga lingkod, umaasa kami’t hinihintay ang Iyong pagdating. Kaya hindi na mahalaga sa amin, Panginoon, kung kailan, kung paano, kung saan. Nais lang namin na malugod Ka namin. Nasa mga kamay Mo kami. Ingatan Mo kami, Panginoon, hanggang sa pagsikat ng araw. Ipagkaloob Mo po ito, at pagkatapos kami’y magmamartsa na patungong Sion sa Bayan na ’yun kung saan ang Cordero ay ang Liwanag.

279 Ang mga minamahal kong munting mga anak dito, Panginoon, na ipinanganak ko sa Iyo sa pamamagitan ng pakikipagbuklod ng Biblia, sila ang bunga ng Salitang ito. Mahal nila ako, at mahal ko sila. At batid kong mahal Mo kaming lahat. Dalangin namin, Diyos, na Iyong lubos na punlaan kami ng Iyong Salita na Siya lang ang tanging nakikita namin.

Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Mapuspos nawa kami ng Kanyang Salita na magamit kami ng Espiritu saanman sa alinmang dako upang ihayag ang anumang Salitang ipinangako Niya. Ipagkaloob Mo po 'yun sa aming lahat. Dito sa mga tagapakinig na ito rito hanggang sa mga . . .

280 Pabalik na ngayon ang Kapatid kong Jackson, mula sa dako ng Timog Aprika. Samahan Mo siya at ang kanyang maybahay; samahan Mo sila, Panginoon. Gabayan Mo sila sa kanilang paglalakbay.

281 Narito si Kapatid na Lee Vayle na nagsusulat, isinusulat ang bawat salita na sinabi ko, sinisikap na mabuo 'yung aklat. Oh, Diyos, tulungan Mo po si Kapatid na Vayle at si Kapatid na babaing Vayle.

282 Narito ang mga kapatid na kalalakihan na nagmula pa sa—sa Arkansas, at—at ang magkapatid na Martin, at—at ang lahat ng iba pang mga kapatid na ito. Dalangin kong sasamahan Mo po ang bawat isa sa kanila.

283 Samahan Mo sina Kapatid na Neville, Kapatid na Capps, Kapatid na Ruddell, Kapatid na Jackson, ang lahat. Oh, Diyos, napakarami. Nanggaling pa sila sa Georgia, sa Alabama, at sa buong estado at sa palibot ng mundo. Naiisip namin ang awit:

> Oh, sila'y nanggaling sa Silangan at Kanluran,
> Sila'y nanggaling sa malalayong kalupaan,
> Upang makipiging kapiling ang Hari natin, upang kumain bilang Kanyang mga panauhin;

Kanyang inanyayahan sila mismo para makibahagi sa Kanya Mismo.

> Napakapalad nila na mga nangingibang-bayan!
> Na Kanyang banal na mukha ay kanilang nasisilayan
> Nagliliwanag na maningning sa pag-ibig na Makalangit;
> Sa Kanyang biyaya mga kabahagi'y pinagpala,
> Bilang mga hiyas sa putong Niya na mangingislap.

284 Oh, Diyos, magningning nawa kami bilang mga hiyas sa Kanyang putong, upang makita ng iba't mag-asam sila na maglingkod sa Kanya. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ingatan Mo sila sa kanilang paglalakbay sa daan. Pagpalain Mo po ang bawat isa.

285 At Ama, sa itinakda Mong oras . . . ako'y lingkod Mo. Kung ibig Mong ipagpatuloy ko ang mga ito sa susunod na linggo o asikasuhin ang mga panayam, maghayag Ka po sa akin, Panginoon, at ipabatid Mo sa akin sa pagitan ngayon at

Miyerkules upang mapag-alaman po namin. Ipagkaloob Mo po ito, Ama, para makapunta ang mga tao. At idinadalangin ko ang pagpapalang ito na Iyo pong tulungan kami at—at katagpuin kaming muli rito sa aming susunod na oras ng pagtitipon.

286 Samahan Mo si Kapatid na Neville at ang mga kalalakihang ito na magdadala ng Salita roon sa Texas, at doon sa Arkansas, at iba't ibang lugar; sadyang samahan Mo po sila, Ama. Si Kapatid na Pearry Green at ang lahat ng grupo roon, at sadyang samahan Mo po silang lahat, Panginoon; sila'y Iyong mga anak. Saanmang dako sa buong mundo ay naghihintay sila sa Iyong pagdating. Tulungan Mo kami, Ama haya't kami'y dumadalangin, habang itinatagubilin namin ang aming mga sarili sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus ay gamitin Mo kami. Amen.

287 Gusto ko ang awitin na 'yun, *They Come From the East and West*. Ilan po ang nakakaalam nito? Hindi ko alam kung kabisado ko pa ito, pero sa tingin ko'y alam ko ang isang taludtod. Baka kaya mong sabayan ito, Kapatid na babae. Hindi ko alam kung kaya nilang saliwan ito.

Oh, they come from the East and West,
They come from the land afar,
To feast with our King, to dine as His guests;
How blessed these pilgrims are!
Oh, beholding His hollowed face
Aglow with love Divine;
Blest partakers of His grace,
As gems in His crown to shine.

Oh, Jesus is coming soon,
Our trials will then be o'er.
Oh, what if our Lord this moment should come
For those who are free from sin?
Oh, then would it bring you joy,
Or sorrow and deep despair?
When our Lord in Glory comes,
We'll meet Him up in the air.

Gusto n'yo ba 'yun? Sige't subukan natin uli.

Oh, they'll come from the East and West,
Oh, they come from the land afar,
To feast with our King, to dine as His guests,
How blessed these pilgrims are!
Beholding His hallowed face
Aglow with love Divine;
Oh, blest partakers of His grace,
As gems in His crown to shine.

Oh, Jesus is coming soon,
Our trials will then be o'er.

Oh, what if our Lord this moment should come
For those who are free from sin?
Oh, then would it bring you joy,
Or sorrow and deep despair?
When our Lord in Glory comes,
We'll meet Him up in the air.

Ilan ang nagnanais na salubungin Siya Roon sa itaas? Oh, ang ganda!

Oh, Jesus is coming soon,

Ipikit n'yo po lamang ang inyong mga mata at isipin na naririnig n'yo ang tunog ng trumpeta.

Our troubles will then be o'er.
Oh, what if our Lord this moment should come
For those who are free from sin?
Oh, then would it bring you joy,
Or sorrow and deep despair?
When our Lord in Glory come,
We'll meet Him up in the air.

288 Gusto mo ba 'yun? Pat, magpakatatag ka! Magbubukang-liwayway na sa iyo isa sa mga umagang ito. Hindi ko lang nakita kung saan ito napunta, pero mukhang kay ganda ito. Amen! Mayroon kang mahabang, mahabang oras, kapatid, babalik din ito. "At gaya ng tinapay sa tubig ay babalik sa iyo balang araw." Siyanga. Buweno.

Oh, iniibig n'yo ba Siya?

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
O Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
Take all my sins away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

While life's dark maze I tread,
And griefs around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's tears away,
Oh let me from this day
Be wholly Thine!

Gusto n'yo ba 'yun?

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,

O Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
Take all my sin away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

Blest be the tie that binds (Oh, grabe!)
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like to that Above.

Before our Father's Throne
We pour our ardent prayer;
Our fears, our hopes, our aims are one,
Our comforts and our cares.

But when we asunder part,
It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

289 Kapatid na babaing Wilson, naaalala mo pa ba halos tatlumpu't tatlo o tatlumpu't limang taon na ang nakalipas sa pagtitipon sa isang maliit na bahay ay naghahawak-hawak kamay tayo? Alam kong naaalala mo 'yun. Oh, sige't iabot n'yo ang inyong kamay at hawakan ang kamay ng sinuman.

Blest be the tie that binds
Our heart in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like to that Above.

Before our Father's Throne
We pour our ardent prayer;
Our fears, our hopes, our aims are one,
Our comfort and our cares.

When we asunder part,
It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

Mahal n'yo ba ang isa't isa? "Mga munting anak, ibigin ninyo ang isa't isa."

Till we meet! till we meet!
Till we meet at Jesus feet;
Till we meet! till we meet!
God be with you till we meet again!

290 Iniibig n'yo ba Siya? Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga? Mahal n'yo ba ang isa't isa? Iabot n'yo ang inyong kamay sa palibot, magbatian kayo sa isa't isa. Sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka, kapatid na babae."

291 Nakikinig sila sa atin ngayong gabi sa kabila ng ilog sa dako roon, Kapatid na babaing Wilson. Nakikinita ko ang

matandang Kapatid na Seward na naglalakad diyan sa sahig, na ipinapalakpak ang kanyang mga kamay. Nakikinita ko ang ating kapatid diyan sa likod na may balbas sa kanyang mukha na itinaas ang kanyang mga kamay, nagpupuri sa Diyos; naiisip ko si Kapatid na Ryan, kung paano siya dati nauupo roon mismo sa lumang tabernakulo na mahaba ang balbas na paganoon. Nakikinig siya ngayong gabi doon sa mga pintuan ng Kaluwalhatian, isang minamahal na matandang banal. Hindi ba't kahanga-hanga Siya?

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Oh, take It everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven,
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Now, you take the Name of Jesus with you. (Para ano?)
As a Shield from every snare; (Anong mangyayari?)
When temptations round you gather,
Breathe that Holy Name in prayer.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and . . .

Oh, Jesus, tulungan Mo sila't 'yan ang dalangin ko . . .?. . . Pagalingin Mo sila, Panginoon, kay Jesus . . .?. . . sa iyo rin ba ito . . .?. . .

Hope of earth and joy of Heaven.

Maliit na anak na babae mo ba 'yan? Nakakatuwa siya.

292 Para sa pakikipanayam: ang sabi ni Billy ay kumpirmahin n'yo sa kanya sa pagitan ngayon at Miyerkules para sa pakikipanayam o mula Miyerkules hanggang Sabado para sa mga darating na pakikipanayam, kung . . . Kung wala kaming mga pagtitipon pagkatapos ng Miyerkules, kumpirmahin n'yo sa kanya, kayo na makikipanayam. Ang ilan sa inyo, hindi niya alam kung paano niya kayo mahahanap. Para kanyang . . . Ang lahat ng nagnanais ng panayam ngayon, makipag-ugnayan po kayo kay Billy.

293 Iniibig n'yo ba Siya? Sige. Ngayon, hanggang sa muli nating pagkikita-kita, pagpalain kayo ng Diyos. Sige't atin nang iyuko ang ating mga ulo; at hihilingin ko sa aking mabuti't, tapat na kaibigan, na tatawid na ngayon ng dagat, papunta sa dako roon sa Aprika, kung saan ako minsan nagmisyunero sa Pangalan ng Panginoon, si Kapatid na Sidney Jackson, siya at ang kanyang maybahay . . . Labis ang naging kagalakan natin na makasama

sila sa huling ilang mga gawain na ito. Ganoon na lamang na pinagpala siya ng Diyos. Sige't hihilingin ko kay Kapatid na Sidney Jackson na tapusin niya ang gawain sa mga dumalo rito sa pamamagitan ng panalangin. Kapatid na Jackson, kung mamarapatin mo.

*MGA TANONG AT MGA SAGOT* TAG64-0823E
(Questions and Answers)
PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Agosto 23, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org